II 3

CHRISTIAN LIFE PROGRAM

# SINO SI JESUS



TAGALOG: "WHO JESUS IS"

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

# SINO SI JESUS

# SINO SI JESUS

Ni
Elton G. Hill

Hinalaw ni L. Jeter Walker

Larawang-guhit
Paul S. Trittin

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE
INSTITUTE
PHILIPPINE NATIONAL OFFICE
P.O, Box 1084, Manila

© 1973
International Correspondence Institute
Brussels, Belgium
All rights reserved


CL 3130-TA

Ang mga talata sa Bagong Tipan na ginagamit dito'y sinipi sa *Mabuting Balita para sa Ating Panahon* (Tagalog Popular Version New Testament) bagong salin at inilimbag ng Philippine Bible Society, 1973.

# MGA NILALAMAN


| Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| | Mag-usap Muna Tayo | 7 |
| 1 | Pagtuklas Tungkol Kay Jesus | 11 |
| 2 | Si Jesus Ang Ipinangakong Mesias | 27 |
| 3 | Si Jesus Ang Anak Ng Diyos | 45 |
| 4 | Si Jesus Ang Anak Ng Tao | 63 |
| 5 | Si Jesus Ang Salita | 85 |
| 6 | Si Jesus Ang Ilaw Ng Sanlibutan | 99 |
| 7 | Si Jesus Ang Manggagamot At Nagbabautismo | 115 |
| 8 | Si Jesus Ang Tagapagligtas | 130 |
| 9 | Si Jesus Ang Muling Pagkabuhay At Ang Buhay | 147 |
| 10 | Si Jesu-Cristo Ang Panginoon | 163 |

# MAG-USAP MUNA TAYO



## Bakit Mo Pinag-aaralan ang Kursong Ito?

Bakit mo pinag-aaralan ang buhay ng isang ipinanganak halos 2,000 taon na ngayon? Ano ba sa iyo kung sino man si Jesus? Napakahalaga ng tanong na ito. Iyong masusumpungan ang sagot nito sa mga araling ito.

Lalong marami ngayon ang nag-uusap tungkol kay Jesus, higit kaylanman sa kasaysayan ng mundo. Libu-libo ang kaanib ng kilusang "Jesus People." At angaw-angaw ang nagpapahayag na sila'y tagasunod ni Jesus. Bakit? Anuman ang relihiyon mo, kailangang malaman mo ang tungkol kay Jesus-ang kanyang buhay, mga turo, at mga karapatan.

Marahil, pinag-aaralan mo ang kursong ito upang mabigyang-kasiyahan ang pag-uusisa mo tungkol sa buhay at turo ni Jesus. O kaya'y tinanggap mo na Siyang Tagapagligtas at nais mo Siyang makilalang lalo. Maaari ring naghahanap ka ng katuparan ng buhay espiritual, ibig mong mapatibay ang iyong pananampalataya, o ibig mong malaman kung may kalutasan si Jesus para sa mga suliranin mo sa buhay.

Anuman ang layon mo, alalahanin mo iyon lagi habang nag-aaral ka. At habang iniaangkop mo sa iyong buhay ang mga aralin, tatanggap ka ng higit na pakinabang.

## Pagtuturo sa Sarili

Mawiwili ka sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo sa sarili na ginagamit sa aklat na ito. Ito'y madaling isilid sa bulsa kaya madadala mo't mapag-aaralan kahit saan ka naroon at kapag mayroon kang magugugol na lima o sampung minuto.

Ang kagamitan sa kursong ito'y mula sa isang serye ng mga mensahe sa radyo sa India at Ceylon, na inihanda ni Elton G. Hill. Ipinamigay ito sa maraming humiling nito sa mga bansang iyon at sa Gitnang Silangan. At ngayon, inihanay ng ICI ang mga mensaheng ito sa paraang madaling pag-aralan. Nagdagdag ng ilang aralin pa upang mabigyan kayo ng buong batayang kurso hinggil sa katauhan at gawain ni Jesus.

## Mga Bahagi

Bawa't aralin ay nahahati sa mga bahagi. Huwag ka nang maghintay na magkapanahon upang pag-aralan ang buong aralin nang minsanan. Bawa't bahagi ay may kanya-kanyang tanong sa pagbabalik-aral para makapagpatuloy ka hanggang ibig mo. Pagkasagot nito, ihambing mo ang iyong mga sagot sa talaan ng tamang mga sagot sa hulihan ng bawa't aralin at ikaw ang magbibigay ng antas sa iyong sarili. Gawin ang iyong makakaya, saan ka man naroon, kailanma't magagawa mo. Sikaping makatapos kahit isang aralin sa isang linggo.

## Ang Gagawin Mo

Ang mga tanong at iba pang dapat mong gawin sa hulihan ng bawa't bahagi ng aralin ay mahalagang lahat. Ito ay . . .

- magsisilbing bantay para huwag lumaboy ang isip mo.
- susubok kung gaano mo nauunawaan ang iyong binasa.
- mag-iiwan sa iyong gunita ng pangunahing paksang nasa aralin.
- tutulong para maiangkop mo sa kasalukuyang kalagayan at sa iyong pangangailangan ang itinuturo nito.

Inihanda ang aklat na ito bilang isang kumpletong aralin at susulatan ng sagot sa pagsusulit. Kung ipinahiram lamang sa iyo o may gagamit pa, isulat na lang sa ibang papel ang iyong mga sagot. Kung hindi naman, isulat na sa mga puwang sa aklat ang iyong sagot

Narito ang halimbawa ng mga itatanong sa iyo. Sa ilalim ng tanong ay may ilang sagot. Piliin mo ang tama at lagyan ng panandang X sa tabi, tulad ng ginawa namin sa halimbawa:

1. Anong uri ng aklat ito?

. . . . a) Aklat ng mga mensaheng panradyo.

. . . . b) Aklat ng mga panayam debosyonal tungkol kay Jesus.

. x . k) Aklat ng mga araling hinalaw sa mga mensaheng panradyo tungkol kay Jesus at maituturo sa sarili.

## Tala ng Mag-aaral

Nasa likuran ng aklat ang iyong tala ng mag-aaral na dapat punan para sa bawa't aralin. Ang iyong ulat tungkol sa iyong ginagawang pagsasaulo at ang bilang ng tamang mga sagot sa bawa't aralin, at saka sa mga sagot mo sa tala ng mag-aaral, ang magpapakita sa iyong guro ng iyong pagsulong. Kung may suliranin ka sa mga aralin, isulat mo ito sa iyong guro. Ikagagalak niyang tulungan ka.

Upang magkaroon ng katibayan sa pagtatapos sa kursong ito, ipadala ang tala ng mag-aaral — o sipi nito kung gagamitin ng iba ang aklat. Ipadala ang natapos ng tala ng mag-aaral sa:

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
PHILIPPINE NATIONAL OFFICE
P.O. Box 1084, Manila

# PAGTUKLAS TUNGKOL KAY JESUS

# 1



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Pagkatuto mula sa Biblia
- Ganap na kawastuan ng Biblia
- Ang paksa ng Biblia
- Mga tala sa Bagong Tipan tungkol kay Jesus

Pagkatuto mula sa Karanasan
- Karanasan ng iba
- Sariling karanasan

Maaari ba kitang matanong? Sino sa palagay mo si Jesus? May nagsasabing "Siya'y dakilang guro." Tinatawag din naman siya ng iba na isang propeta, pilosopo, isang diyos na kanluranin, o isang mabuting tao na dapat panundan.

Si Jesus nga'y dakilang guro at propeta, nguni't siya'y higit pa rito. Higit pa siya sa isang pilosopo o huwaran natin. Si Jesus ay hindi-taga-kanluran; kaya hindi siya matatawag na diyos ng kanluranin siya'y nabuhay sa Gitnang Silangan may 2,000 taon na ang nakalilipas; gayunman, angaw-angaw sa sanlibutan ang nagsasabing nakikilala nila nang personal si Jesus. Iaalay nila ang kanilang buhay alang-alang sa simulain Niya. Sino ba Siya?

## Pagkatuto Mula sa Biblia


### Ganap na Kawastuan ng Biblia



Para matutuhan kung sino si Jesus, buksan natin ang aklat na may wastong tala ng kanyang buhay at mga turo — ang Biblia. Ang Biblia ay kalipunan ng 66 na aklat na sinulat ng mga 35 hanggang 40 lalaki.


Iba't iba ang gawain ng mga lalaking sumulat ng Biblia. May mga pala-aral, doktor, hari, propeta, saserdote, mangangalakal, mag sasaka, pastol, pinuno, at mangingisda.

Nabuhay sila sa iba't ibang panahon sa loob ng may 1,600 taon. Sila'y mabubuting lahat na pawang nagkakaisa sa mga bagay na ito:



1) Sila'y sumamba sa iisang Diyos — na tinatawag na Jehova — Lumikha ng sansinukod.
2) Sila'y pinagpahayagan ng Diyos at tumanggap ng Kanyang mensahe para sa sangkatauhan.
3) Sila'y sumulat ng mga bagay na ipinahayag sa kanila ng Diyos.

Sinubaybayan ng Diyos ang mga lalaking ito upang huwag magkamali habang sinusulat nila ang mga tala ng nakaraan, mga mangyayari pa, at ang pahayag Niya sa mga tao sa bawa't panahon at pangyayari. Maraming taon na ang nakaraan, ang mga sulat na kinasihan ng Diyos ay tinipon sa iisang aklat-ang Banal na Kasulatan o Ang Biblia.




**2 Pedro 1:21.** Sapagka't ang hula ng mga propeta ay hindi nagbuhat sa kalooban ng t a o ; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong kinasihan ng Espiritu Santo.

Ang Biblia ay wastung-wasto sa bawa't pinakamaliit na bagay. Tumpak ang ulat pangkasaysayan nito. Tama rin ayon sa agham. Ang tiyak na katuparan ng daan-daang hula tungkol sa mga bansa at mga tao ay nagpapatunay na ito nga ang Salita ng Diyos. Maaasahan natin ang sinasabi rito tungkol kay Jesus.

### Ang Gagawin Mo

Kung hindi mo pa nababasa ang pahina 7 hanggang 10, gawin na ngayon bago sagutin ang mga tanong. Saka sulatan ng X ang tamang sagot sa mga tanong na ito:

1. Sino si Jesus?
   ....a) Isang dakilang guro lamang.
   ....b) Isang propeta.
   ....k) Isang Diyos na kanluranin.
   ....d) Isang higit na dakila kaysa guro, propeta, o pilosopo.

2. Saan tumira si Jesus?
   ....a) Sa Europa.
   ....b) Sa Gitnang Silangan.
   ....k) Sa Kanluran.

3. Saan makasusumpong ng pinakawastong impormasyon tungkol kay Jesus?
   ....a) Sa Biblia.
   ....b) Sa kasaysayang Romano.
   ....k) Sa pilosopong Griyego.

4. Lagyan ng pananda ang tatlong bagay na pinagkaisahan ng mga may-akda ng Biblia:
   ....a) Sila'y magkakasabay na nabuhay.

....b) Sila'y sumamba sa iisang Diyos.
....k) Sila'y sumamba sa maraming diyus-diyusan.
....d) Nagpahayag sa kanila ang Diyos at binigyan sila ng Kanyang mga mensahe.
....e) Sumulat silang lahat ng anumang nais nila.
....g) Sumulat silang lahat ng sinabi sa kanila ng Diyos.
....h) May kamalian silang lahat sa kanilang isinulat.

## Ang Paksa ng Biblia

Bakit napagsama-sama sa iisang aklat ang 66 na aklat, na sinulat ng may 40 lalaki sa loob ng 1,600 taon? Ito'y nangyari sapagka't iisa ang paksa nito. Magkakasama nilang ipinakikita sa atin ang iba't ibang bahagi ng iisang larawan. Iisa ang pangunahing paksa ng mga aklat pangkasaysayan, kautusan, awit, hula, talambuhay, at ang praktikal na turo sa Biblia ay may iisang paksa. Ito'y ang kaligtasang alok ng maibiging Diyos sa makasalanang tao.



Ang mga bahagi ng Biblia — ang matanda at Bagong Tipan — ay nagpapakita sa atin ng pangangailangan ng tao sa Tagapagilgtas at ito nga'y si Jesus. Ang Matandang Tipan, ay nagtataglay ng maraming hula tungkol sa Kanya.

Sinasabi sa atin ng Bagong Tipan ang pagparito ng Tagapagligtas at kung paano tayo maliligtas sa pamamagitan Niya. Ang paksa ng buong Biblia ay ang kaligtasan ng sangkatauhan na nakatuon kay Jesus, ang Manunubos ng sangkatauhan.

**Ang Gagawin Mo**

5. Ano ang pangunahing paksa ng Biblia?

....a) Kaligtasan sa pamamagitan ng mga batas.
....b) Kaligtasan ng makasalanan sa pamamagitan ng maibiging Diyos.

6. Aling bahagi ng Biblia ang may maraming hula tungkol sa darating na Tagapagligtas?

........................

7. Aling bahagi ng Biblia ang nagtatala ng buhay ng Tagapagligtas?


........................

**Mga tala sa Bagong Tipan tungkol kay Jesus**

Ang Bagong Tipan ay nagbibigay sa atin ng mga tala ng:

1) Buhay at mga turo ni Jesus
2) Iglesyang itinatag niya.
3) Mga tuntunin sa pagsunod kay Jesus.
4) Mga magaganap kaugnay ng pagbabalik ni Jesus.

Maaasahan natin ang ganap na kawastuhan ng Bagong Tipan. Ang Diyos ay pumili ng mga lalaking sumulat nito at kinasihan Niya sila sa bawa't pinakamaliit na bagay ng kanilang gawain. Tatlong bagay ang tumitiyak sa atin na totoo ang mga tala sa Bagong Tipan: 1) pagkasi ng Diyos, 2) patotoo ng mga may-akda na nakakita sa mga pangyayari; 3) ang maayos na pagsisiyasat ng mga katotohanan.





Sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan ang sumulat ng mga Ebanghelyong tinatawag sa kanilang pangalan. Ito ang unang apat na aklat ng Bagong Tipan. Mabuting Balita ang kahulugan ng Ebanghelyo. Ang mabuting balita ng pagparito ni Jesus, upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan, ay Siyang pinakamabuting balita.

Nakikita natin mula sa iba't ibang pananaw ang mga tao. Halimbawa, ang isa mong kakilala. Siya'y kapitbahay ng isa; sa iba nama'y kaibigan, at sa iba pa'y asawa, ama, at manggagawa. Lahat sila'y makasusulat tungkol sa iisang tao nguni't iba-iba ang pagpapahalaga at pagtanaw sa kanya.



Kinasihan ng Diyos sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan para isulat ang mabuting balita tungkol kay Jesus, mula sa iba't ibang pagtanaw Si Jesus ay ipinakikita sa atin ni Mateo bilang Hari — apo ni Haring David at maghahari na may katuwiran sa sanlibutan.



Ipinakikita ni Marcos si Jesus bilang Alipin ng Diyos, gumaganap ng kalooban ng Diyos — ang naghihirap na Aliping tinukoy sa hula sa Matandang Tipan, na paririto upang mamatay para sa ating mga kasalanan.



Si Lucas ang manggagamot na Griyego, ay nagpakilala kay Jesus bilang Anak ng Tao — pinakahuwarang kinatawan ng sangkatauhan at siyang lunas sa mga sakit ng buong sangkatauhan.



Sinulat ni Juan ang kanyang Ebanghelyo upang makita natin si Jesus na Anak ng Diyos ang Tagapagligtas ng mundo. Ang aklat niya'y tala ng buhay ng isang lalaking nakikilala niya. Malapit na malapit siya kay Jesus. Sumulat si Juan bilang nakasaksi at nagpapatunay tungkol kay Jesus.

Layon niyang papaniwalain ang lahat ng babasa ng kanyang ulat na si Jesus ay higit pa sa isang tao — Siya'y Diyos na nagkatawang-tao. At sinabi niyang lahat ng mananalig kay Jesus ay tatanggap ng buhay na walang hanggan. Ito ang dakilang pahayag at parang mahirap paniwalaan. Subali't habang binabasa niya ang sinulat ng ibang tagasunod ni Jesus tungkol sa kanya, makikita niyang nagkakaisa silang lahat. Totoo ang sinasabi nila tungkol kay Jesus.

Sina Mateo at Juan ay dalawa sa 12 alagad na tatlong taong nakasama ni Jesus sa kanyang paglilingkod. Inilarawan nila ang mga himalang ginawa Niya, itinala ang ilan sa Kanyang turo, at isinalaysay ang nasaksihang pagkamatay Niya at muling pagkabuhay. Pinatitibayan ni Juan na Diyos si Jesus at binibigyang-halaga ang pananalig sa Kanya. Sanay si Mateo sa mga kasulatang opisyal bago siya maging alagad. Maayos siyang naglahad ng katibayang si Jesus ang Haring hinulaan sa Matandang Tipan. Bumanggit siya ng mga hula at naging katuparan nito, tinukoy pati angkang pinagmulan ni Jesus, at inilarawan ang mga alintuntunin ng kanyang paghahari.

Si Marcos ay kabataang nakatira sa Jerusalem noong naroon si Jesus. Maaaring isa siya sa nakarinig sa pangangaral ni Jesus, nakita niya ang Kanyang mga himala, at nasaksihan din ang pagkapako sa krus. Naging malapit kay Pedro si Marcos at dito marahil natutuhan ang ilang maliit na bagay na inilakip sa kanyang ebanghelyo.

Si Lucas na manggagamot ay maingat na nagsiyasat tungkol kay Jesus. Dalawang aklat ang kanyang sinulat (ang kanyang Ebanghelyo at Mga Gawa) upang bigyan ang isang tanyag na kaibigan ng ganap na tala ng buhay ni Jesus at ng paglago ng Kanyang iglesya. Kinapanayam ni Lucas si Maria, ina ni Jesus, at marami pang iba upang matutuhan ang mahimalang pagkapanganak kay Jesus, ang Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay. Siniyasat niya ang maraming pagpapagaling ni Jesus at inilarawan ang tunay na naganap.

Ang mga sumulat ng iba pang aklat sa Bagong Tipan — sina Pedro, Santiago, Judas, at Pablo - ay may kakayahang sumulat tungkol kay Jesus. Tatlong taong nakasama ni Pedro ang Panginoon. Sina Santiago at Judas ay mga kapatid ni Jesus. Mahigpit na kaaway ni Jesus at ng kanyang mga tagasunod itong si Pablo Nguni't nakasalubong niya si Jesus at naging daan upang magbago ang kanyang buhay. Mula noon, ginugol ni Pablo ang kanyang buhay sa pagbabalita sa iba ng tungkol kay Jesus.

Kinasihan ng Diyos ang mga lalaking ito upang sumulat para sa atin (bukod sa mga taong nabuhay noon) ng kanilang nalalaman tungkol kay Jesus. Nagkakaisa ang ulat nila. Mula sa kanilang karanasan, sinasabi nila sa atin kung paano rin natin makikilala si Jesus at malalasap ang buhay na kahanga-hanggang kaloob Niya. Ang sabi ni Juan:

> **1 Juan 1:3.** Ipinahahayag nga namin sa inyo ang aming nakita't narinig, upang makasama namin kayo sa pakikiisa sa Ama at sa kanyang Anak na si Jesu-Cristo.

### Ang Gagawin Mo

8. Isaulo ang 1 Juan 1:3.
9. Sino ang sumulat ng apat na Ebanghelyo? ...............

   ........................
10. Sino ang manggagamot na sumulat tungkol kay Jesus matapos gumawa ng pagsisiyasat? ..............

    ........................
11. Sino ang kaaway ni Jesus na nabago nang makasalubong Siya sa katangi-tanging paraan? ..............
12. Ano ang ulat sa Bagong Tipan tungkol kay Jesus?

    ....a) Kalipunan ng mga alamat tungkol sa isang bayani ng unang siglo.
    ....b) Ulat na nagpasalin-salin bago naisulat.
    ....k) Talang sinulat ng mga taong nakakilala kay Jesus o nakabatid ng mga katotohanan matapos kausapin yaong nakakilala kay Jesus.

## Pagkatuto mula sa Karanasan

Si Jesus ay buhay ngayon at makikilala natin siya ng sarilinan! Ito ang bahagi ng mabuting balita ng ebanghelyo. Ginagawa pa rin ni Jesus ang mga bagay katulad ng ginawa Niya para sa mga tao noong araw.

**Karanasan ng iba**

May alam ka ba na kilala ng personal si Jesus? Ito'y higit sa pagkaalam tungkol kay Jesus, o pagiging kaanib ng isang iglesyang Cristiano, o tinatawag na Cristiano. Ang pagkilala ng personal kay Jesus ay nagbabago ng buhay.



Angaw-angaw ang mga taong tunay na kumikilala kay Jesus ngayon. Sila'y magagalak na Siya'y sabihin sa inyo. Ang ilan sa kanila'y nagsasabing:

"Dati ako'y nagagalit sa lahat, subali't ng dumating si Jesus sa aking buhay ako'y binago Niya. Ngayon ay iniibig ko na ang mga tao at nais ko na silang tulungan."

"Dati ako'y mayroong mabigat na pagkakasala subali't ito'y inalis lahat ni Jesus nang idalangin ko sa kanya na ako'y patawarin sa aking mga kasalanan. Binigyan niya ako ng kagalakan, kapayapaan, at malinis na budhi."

"Inalis ni Jesus ang lahat ng takot na nagpapahirap sa akin. Binigyan niya ako ng lakas na harapin ang aking suliranin."

"Binigyan ni Jesus ng kahulugan ang aking buhay at isang layunin sa buhay."

"Si Jesus ang katugunan sa lahat ng aking mga suliranin. Dinadala ko sa kanya sa panalangin ang lahat. Ipinakikita Niya kung ano ang aking gagawin at tinatagpo ang lahat ng aking pangangailangan."

"Ako'y hindi na nalulumbay dahil si Jesus ay lagi kong kapiling."

"Ako'y naging sugapa sa opyo, subali't inalis ni Jesus ang pagnanasa ko sa mga opyo nang ibigay ko ang aking buhay sa Kanya."

"Ako'y pinagaling ni Jesus ng maraming beses bilang sagot sa panalangin."

Ang mga patotoong ito at sa libo-libong mga tao pa na tunay na nakakilala kay Jesus ngayon, ay nagpapahayag sa katotohanan ng sinalita ng Diyos:

**Hebreo 13:8.** Si Jesu-Cristo noong nakaraan ay Siya rin sa kasalukuyan at Siya rin magpakailanman.

**Ang Gagawin Mo**

13. Isaulo ang Hebreo 13:8.

14. *Isipin mo:* Kapag narinig mo ang mga tao na nagsasabi ng kanilang karanasan kay Jesus kagaya ng ating sinipi, ano sa palagay mo ito? Nais mo rin bang makilala si Jesus? Ang totoong patotoo ba na ito sa iyong palagay ay maaaring si Jesus ay maging katugunan sa ilan mong mga suliranin?

**Sariling karanasan**



Paano mo makikilalang mabuti si Jesus? Kung pag-aaralan mo ang Biblia. Masusumpungan mo roon ang kanyang buhay at turo. **Malalaman mo kung bakit** siya naparito sa **sanlibutan at ano ang ginawa** niya para sa iyo. Sinasabi ng Biblia kung ano ang ginagawa ngayon ni Jesus at gagawin sa hinaharap. Matututuhan mo ang tungkol kay Jesus mula sa karanasan ng iba. Sa buong panahon, mula nang mabuhay rito sa lupa si Jesus, hanggang sa sandaling ito, natuklasan ng mga tao na si Jesus ay nagpapakilala sa mga mataos na nagnanais na makilala Siya. At higit sa lahat, makikilala mo Siya nang sarilinan at mararanasan ang katunayan ng sinasabi ng Biblia.



Marahil ay matagal mo nang kilala si Jesus, o kaya hindi nabalitaang gaano ang tungkol sa Kanya. Maaari namang kilala mo na Siya at iniibig, o tulad ni Pablo —ang kaaway ni Jesus na nabago nang makasalubong si Jesus o maaaring salungat ka sa ebanghelyo. Anuman ang

nalalaman mo tungkol kay Jesus at anuman ang iyong damdamin sa kanya, inihanda ang mga araling ito upang tulungan ka na lalo Siyang makilala. Sa gayon, umaasa kami at nananalangin na malalasap mo ang kahanga-hangang kapakinabangang bunga ng pakikipagkaibigan kay Jesus..

Ang Gagawin Mo

15. Para kanino nasulat ang mga araling ito?
    ....a) Doon sa nakakakilala kay Jesus.
    ....b) Doon sa di nakakakilala kay Jesus.
    ....k) Doon sa ibig makakilala kay Jesus.

16 Piliin ang tatlong pinakamabuting paraan upang matutuhan kung sino nga kaya si Jesus.
    ....a) Pag-aralan ang sinasabi ng Biblia tungkol sa kanya.
    ....b) Pag-aralan ang sinasabi ng ibang relihiyon.
    ....k) Pag-aralan ang pagkakatulad ng mga relihiyon.
    ....d) Pakinggan ang ginawa ni Jesus para sa mga taong nakakakilala sa kanya.
    ....e) Sarilinan mong kilalanin si Jesus.
    ....g) Pakinggan ang mga isipan tungkol sa kanya.
    ....h) Pakinggan ang sinasabi ng mga kaaway ni Jesus.

17. *Isipin mo:* Makatutulong ba sa iyo ang pagkabatid ng higit tungkol kay Jesus? Paano?

**Markahan ang iyong mga sagot.**

## Unang Aralin — Mga Sagot


Ihambing ang iyong mga sagot sa nakasulat sa ibaba at bigyan ng antas ang sarili. Dapat kang magbigay ng 20 impormasyon (mahigit sa isa ang sagot sa 3 tanong). Kung mayroon kang 18 hanggang 20 tama, ang antas mo'y mahusay. Mula 14 hanggang 17 ay mabuti; 10 hanggang 13, katamtaman. Kung kulang sa 10 ang tama, basahing muli ang aralin hanggang matutuhan mong mabuti.

1. d) Isang higit na dakila kaysa guro, propeta, o pilosopo.
2. b) Sa Gitnang Silangan.
3. a) Sa Biblia.
4. b) Sila'y sumamba sa iisang Diyos.
   d) Nagpahayag sa kanila ang Diyos at nagbigay sa kanila ng Kanyang mensahe.
   g) Sumulat silang lahat ng sinabi sa kanila ng Diyos.
5) b) Kaligtasan ng makasalanan sa pamamagitan ng maibiging Diyos.
6. Ang Matandang Tipan.
7. Ang Bagong Tipan
9. Mateo, Marcos, Lucas at Juan.
10. Lucas
11. Pablo.
12. k) Ulat na sinulat ng mga taong nakakilala Kay Jesus o nakabatid ng mga katotohanan matapos kausapin yaong nakakilala kay Jesus.
15. k) Doon sa ibig makakilala kay Jesus.
16. a) Pag-aralan ang sinasabi ng Biblia tungkol sa Kanya.
   d) Pakinggan ang ginawa ni Jesus para sa mga taong nakakakilala sa Kanya.
   e) Sarilinan mong kilalanin si Jesus.

Bilang ng tamang sagot ....... Antas ........

# 2

# SI JESUS ANG IPINANGAKONG MESIAS



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Katangian ng Hula ng Biblia
- Kahalagahan ng mga hula
- Pagkatupad ng hula tungkol sa Mesias
- Seremonya ng panghuhula

Mga Hula tungkol sa Mesias
- Tao at Diyos
- Handog at ang Tagapagligtas
- Propeta, Saserdote, at Hari

**Katangian ng Hula ng Biblia**

Ang mga hula sa Biblia ay mga mensahe ng Diyos sa kanyang bayan sa pamamagitan ng kanyang mga sugo, ang mga propeta. Sa pamamagitan nila, ipinabatid ng Diyos ang nais niyang gawin ng mga tao at ipinakita sa kanila ang maraming mga bagay na magaganap sa hinaharap.




Kinasihan ng Diyos ang mga propeta upang isulat ang mga bagay na ipinahayag Niya sa kanila. Ang mga ito'y nasa Biblia ngayon. Ang mga hula nila ng mga pangyayaring magaganap sa hinaharap, ay nagtatangi sa Biblia sa ibang banal na mga sulat ng ibang mga relihiyon. Marami na sa mga hulang ito ang nangyari ayon sa pinakamaliit na detalye nito. Ang Biblia ay naglalaman din ng mga makasaysayang pagkatupad ng maraming bilang nito. Ang ilan sa mga hula ay nangyayari na ngayon. Ang iba'y malapit nang maganap.

**Kahalagahan ng mga hula**


Ipinaaalam sa atin ng natupad na mga hula sa Biblia na ito nga'y salita ng Diyos. Sino pa kaya ang makaaalam ng tiyak ng bawa't detalye sa hinaharap na mangyayari at makapaglalarawan ng mga magaganap sa isang bayan sa tiyak na lugar at tiyak na panahon pagkalipas pa ng daan-daang taon. Pinatunayan ng

Diyos ang pagkasi niya sa Biblia sa pagsasabi ng kanyang layon at pagkatulad ng lahat ng bagay gaya ng sinabi niya sa pamamagitan ng mga propeta.




Ang mga hula sa Matandang Tipan tungkol sa darating na Tagapagligtas ay lubhang mahalaga sa atin sa tatlong mga kadahilanan:

1. Masusukat natin ang buhay ni Jesus ayon sa mga hulang ito at makikita kung Siya nga ang ipinangakong Tagapagligtas.
2. Higit nating mauunawaan, sa pamamagitan ng mga hula, kung sino si Jesus at bakit Siya naparito. Ipinakikita sa atin ang Kanyang gawain sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap.
3. Malalaman natin na ginagawa ng Diyos ang Kanyang ipinangako. Kung paanong nangyari ang mga unang inihula tungkol kay Jesus, matutupad din ang mga hula ukol sa hinaharap.



## Ang Gagawin Mo

Piliin ang tamang sagot.

1. Ang mga hula sa Biblia tungkol sa mangyayari ay

.... a) kapahayagang tinanggap ng mga propeta mula sa mga espiritu ng patay.
.... b) kabatirang nakukuha sa pag-aaral ng tinatahak ng mga bituin.
... k) kapahayagang ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

2. *Isipin mo:* Sa anong paraan nagiging mahalaga sa iyo ang pag-aaral ng mga hula sa Matandang Tipan at ang pagkatupad nito? Bakit?

### Pagkatupad ng hula tungkol sa Mesias

Tinatawag nating hula tungkol sa Mesias ang mga hula tungkol sa Tagapagligtas. Ito'y galing sa salitang Hebreo na *Mesias* na ang ibig sabihin ay *Pinahiran ng langis.* Ang mga saserdote, propeta, at hari ay pinahiran ng langis, upang ipakitang sila'y pinili ng Diyos at itinangi para maglingkod sa kanya.



Ang darating na Mesias ay papahiran ng langis ng Espiritu Santo ng Diyos upang gawin ang Kanyang gawain. Siya'y magiging Propeta. Saserdote, at Hari. Sa salitang Griyego ang Mesias ay katumbas ng Cristo. Kapag pinag-uusapan natin ang tungkol kay Jesu-Cristo, tinatawag nating Mesias si Jesus, ang Pinahiran ng Langis, ang katuparan ng mga hula tungkol sa Mesias.

Ang mga pangakong pagpapadala sa Mesias ay unti-unting ibinigay ng Diyos sa kanyang bayan sa loob ng 4,000 taon. Inilarawan ng ilan sa kanila ang gagawin ni Jesus sa lupa bilang ating Tagapagligtas. Tumukoy naman ang iba ng Kanyang paghahari walang katapusan. Ilan sa mga hulang ito'y mga pahayag tungkol sa karaniwang kalagayan nguni't lumampas sa pangyayaring iyon upang tumukoy sa pagdating ng Mesias.

Naghayag pa nang karagdagang tala tungkol sa Mesias ang Diyos sa pagdaraan ng panahon — kung saan siya isisilang, paano mamamatay, ano ang Kanyang gagawin. Katunayan, ang ilan sa mga nag-aaral ng Biblia ang nakabilang ng 330 detalye tungkol sa Mesias sa Matandang Tipan. Ibig ng Diyos na makilala ng lahat ang Mesias pag Siya'y dumating.



## Ang Gagawin Mo

3. Ano ang ibig sabihin ng *Jesu-Cristo?*

.... a) Si Jesus, Mananakop at Hari.
.... b) Si Jesus, Hari at Tagapagligtas.
.... k) Si Jesus, ang Pinahiran ng Langis, ang Mesias.

4. Pinahiran ng Langis ang mga lalaki upang maglingkod sa Diyos para sa anong 3 katungkulan?

.......................
.......................
.......................

5. Paano ibinigay ng Diyos ang mga hula tungkol sa Mesias?

.... a) Unti-unti sa pamamagitan ng mga propeta sa loob ng 4,000 taon.
.... b) Biglaan, may 4,000 taon bago sumilang si Jesus.
.... k) Unti-unti sa loob ng 400 taon bago ipinanganak si Jesus.


6. Ilang detalye tungkol sa Mesias ang nabilang batay sa mga hula sa Matandang Tipan?

.... a) 3
.... b) 33
.... k) 330

7. *Isipin mo:* Gaano kahalaga sa iyo ang mga hula tungkol sa Mesias?

**Seremonya ng panghuhula**

Ang mga seremonya sa pagsamba na ginamit ng bayan noong panahon ng Matandang Tipan ay may kinalaman sa hula. Itinatag ng Diyos ang paraan ng paghahandog bilang larawan ng darating na Mesias na magaalay ng kanyang buhay upang iligtas ang mga tao sa kanilang mga kasalanan. Ang gawain ng mga saserdote ay larawan ng gawain ni Jesus bilang sakdal na saserdote para sa sangkatauhan.




Ang buong aklat ng Hebro sa Bagong Tipan ay nagsasaad kung paano kaangkop ni Jesus ang hulang ibinigay sa pamamagitan ng rituwal na may sinasagisag ng Matandang Tipan.

Sa buong daigdig ngayon, makikita natin ang mga bakas ng mga seremonya ng hula at mga paghahandog na ipinagawa ng Diyos nang magkasala ang tao. Ang maraming relihiyon sa kanilang pagsamba ay gumaganap ng mga palatandaang ito na si Jesus ang tunay na tinutukoy. Ang mga kaanib ng mga relihiyong ito ay dapat na pag-aralan ang Bibliang Cristiano upang matuklasan ang tunay na kahulugan ng kanilang seremonya.

### Ang Gagawin Mo

8. Ang mga seremonya ng paghahandog at pagka-saserdote sa Matandang Tipan ay

   .... a) mahalagang gawain natin ngayon.
   .... b) mahalaga bilang larawan ng hula tungkol sa Mesias at sa Kanyang gawain.
   .... k) hindi mahalaga sa atin ngaycn.

9. Aling aklat sa Bagong Tipan ang nagpapakita kung paano tinutupad ni Jesus ang mga seremonya ng Matandang Tipan?

## Mga Hula Tungkol sa Mesias

### Tao at Diyos

Makikita natin sa unang aklat ng Biblia ang unang pangako kaugnay ng Mesias. Tinutukoy Siya ng Diyos bilang binhi ng babae. Siya'y isisilang ng isang babae. Si Adan at Eva, ang unang lalaki at babae ay nagkasala. Sila'y pinapaniwala ni Satanas, ang kaaway ng Diyos, kaya sinuway nila ang Panginoon. Ito ang naglayo sa kanila sa Diyos at napailalim sila sa kapangyarihan ni Satanas. Nguni't nangako ang Diyos na isisilang ang Tagapagligtas na lalaban at wawasak sa kapangyarihan ni Satanas. Sinabi ng Diyos kay Satanas:

Genesis 3:15. At papag-aalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kanyang binhi; ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong.

Sa sumunod na mga siglo, sinabi ng Diyos sa kanyang bayan ang karagdagan pang ulat tungkol sa Tagapagligtas. Siya'y isisilang sa Bethlehem, sa lupain ng Palestina. Gayunman, hindi siya magiging karaniwang tao lamang. Siya'y walang hanggan. Siya'y walang simula't katapusan. Nguni't isisilang siya bilang isang sanggol at magiging pinuno sa Israel. Ang hula ni Mikas:

**Mikas 5:2.** Nguni't ikaw, Bethlehem Efrata, na maliit upang lumagay sa libu-libo ng Juda, mula sa iyo ay lalabas sa akin ang isa na magpupuno sa Israel; na ang pinagbuhatan ay mula nang una, mula nang walang hanggan.




Mga 700 taon bago sumilang si Jesus, ipinakita ng Diyos kay propeta Isaias na ang darating na Tagapagligtas ay totoong tao at totoong Diyos. Isisilang siya ng isang dalaga, walang amang tao. Ang Diyos ang kanyang Ama. Isa sa itatawag sa kanya'y Emmanuel na ang ibig sabihin ay "*sumasaatin ang Diyos.*"

**Isaias 7:14.** Kaya't ang Panginoon nga ay magbibigay sa iyo ng tanda; narito, isang dalaga ay maglilihi, at manganganak ng isang lalaki, at tatawagin ang kanyang pangalan na Emmanuel.

**Isaias 9:6.** Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalaki; at ang pamamahala ay maaatang sa kanyang balikat; at ang kanyang pangalan ay tatawaging kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang-hanggang Ama. Pangulo ng Kapayapaan.

Sa mga ebanghelyo nina Mateo at Lucas, mababasa mo kung paano sumilang sa Bethlehem si Jesus na walang amang tao —anak ni Birheng Maria at Anak ng Diyos. Tao't Diyos, siya ang Emmanuel — sumasaatin ang Diyos.



## Ang Gagawin Mo

10. Ibigay ang kinaroroonan sa Biblia ng mga hulang ito tungkol sa Mesias. May mga talatang inulit ng maraming beses sa talang ito.

    a) Binhi ng isang babae. . . . . . . .
    b) Makapangyarihang Diyos . . . .
    k) Ipinanganak sa Bethlehem . . .
    d) Emmanuel . . . . . . . . . . . . . . .
    e) Pangulo ng Kapayapaan . . . .
    g) Isinilang ng isang dalaga . . . . .


11. Kapwa itinuturo ng Matanda at ng Bagong Tipan na ang Mesias ay

    a) Karaniwang tao.
    b) Diyos ngunit hindi tao.
    k) Tao't Diyos

**Handog at Tagapagligtas**

**Ipinakita ng Diyos sa ilang propeta na ang Tagapagligtas ay mag-aalay ng Kanyang buhay bilang handog para sa ating mga kasalanan. Lahat ng hayop na inihandog sa Diyos bago dumating si Jesus ay mga paglalarawan ng**

gagawin niyang paghahandog. Ang makasalanan ay nagdadala ng kordero o kambing sa saserdote upang patayin at sunugin sa dambana Ang ibig sabihin nito'y: "Diyos, ako'y nagkasala laban sa iyo. Ikinalulungkot ko at hindi ko na gagawin yaon. Alam kong kamatayan ang parusa sa kasalanan, kaya dapat akong mamatay. Nguni't mangyaring tanggapin mo ang handog na ito bilang kapalit ko at patawarin mo ako. At ako'y mamumuhay na para sa iyo."



DATING HANDOG

Mahusay na inilalarawan ng ika-53 kabanata ng Isaias kung paano gagawing handog para sa ating kasalanan ang Tagapagligtas, nguni't muli siyang mabubuhay at magagalak na makita ang mga taong naligtas dahil sa Kanyang kamatayan. Si Jesus ay naging handog para sa ating kasalanan at ating Tagapagligtas. Sinabi ng mga propeta kung kailan, saan at paano siya ipagkakanulo ng isang matalik na kaibigan, pagbibintangan, darakpin, lilitisin, pagtatawanan, hahampasin, at ipapako sa krus. Subali't muli siyang mabubuhay. Lahat ng ito'y nangyari kay Jesus, gaya ng sinabi ng mga propeta sa



BAGONG HANDOG

Matandang Tipan. Pag-aaralan mo pa ang tungkol dito.

### Ang Gagawin Mo

12. Anong uri ng handog ang inialay ni Jesus para maligtas tayo sa ating kasalanan?
.... a) Mga kordero at mga kambing.
.... b) Ang mabubuti niyang ginawa.
.... k) Ang kanyang buhay na namatay para sa atin.

**Propeta, Saserdote, at Hari**

Ipinakita ng mga hula sa Matandang Tipan na ang Mesias ay papahiran ng langis ng Espiritu ng Diyos upang maging Propeta, Saserdote, at Hari natin. Bilang Propeta, Siya ang magiging tinig ng Diyos sa atin. Bilang saserdote, Siya ang ating tinig sa Diyos. Bilang Hari, Siya ang kamay ng Diyos na tutulong at aakay sa atin. Aayusin Niya ang pamantayan na ating pamumuhayan at itatatag ang paghahari ng Diyos sa ating mga buhay.

Nang simulan ni Jesus ang Kanyang paglilingkod sa madla, binasa Niya sa mga tao ang hulang ito tungkol sa Mesias at ipinabatid sa kanila na nakikita na nila sa Kanya ang katuparan nito:

> **Isaias 61:1-2.** Ang Espiritu ng Panginoong Diyos ay sumasaakin; sapagka't pinahiran ako ng Panginoon upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga maamo; kanyang sinugo ako upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang magtanyag ng kalayaan sa mga bihag, at magbukas ng bilangguan sa mga nabibilanggo; upang magtanyag ng kalugud-lugod na taon ng Panginoon.

**Propeta .Si Moises ay dakilang propeta, lider na relihiyoso, at pinuno ng mga taong Judio may 1,400 taon bago sumilang si Jesus.. Sa pamamagitan niya'y kinausap ng Diyos ang mga tao. Tinanggap niya ang kautusan ng Diyos at ibinigay sa bayan.** Inilabas niya sila mula sa pagkaalipin. Mga dakilang himala ang naganap sa kanyang ministeryo at nagpatunay na sinugo siya ng Diyos upang manguna ng kanyang bayan. Sinabi ni Moises:

**Deuteronomio** 18:15. Palilitawin sa iyo ng Panginoon mong Diyos ang isang propeta sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, na gaya ko.

Si Jesus ay katulad ni Moises sa maraming bagay. Nangusap sa pamamagitan Niya ang Diyos. Gumawa Siya ng mga dakilang himala. Pinalaya Niya ang mga tao sa pagkaalipin ng kasalanan. Bilang propeta, maraming pangyayari ang hinulaan ni Jesus, kabilang na rito ang Kanyang pagkapako sa krus, ang Kanyang pagkabuhay na muli pagkaraan ng tatlong araw, ang Kanyang pagbabalik sa langit, ang gagawin ng Kanyang mga alagad, ang pagdating ng Esipiritu Santo, ang paglaganap ng ebanghelyo, at ang pagkawasak ng templo sa Jerusalem. Lahat ng ito'y nangyayari gaya ng sinabi ni Jesus. Ilan sa mga hula Niya ang natutupad na ngayon. At alam nating magkakatotoo ang natitira pang hula.

**Saserdote.** Sinulat ng Salmista tungkol sa Mesias:

**Awit 110:4.** Sumumpa ang Panginoon at hindi magsisisi, ikaw ay saserdote magpakailanman ayon sa pagkasaserdote ni Melchisedech.



Idinalangin ng mga saserdote sa Matandang Tipan ang bayan at naghandog din ng hain para sa kanilang mga kasalanan. Idinalangin ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod noong narito Siya sa lupa at idinadalangin tayo ngayon. Ang handog Niya para sa ating mga kasalanan ay ang Kanyang buhay.

Ngayon, makalalapit tayo sa Diyos para patawarin sa pamamagitan ni Jesus na ating Saserdote. Sa tuwing dadalangin tayo sa Kanya, inilalapit ng ating Saserdote ang ating mga pangangailangan sa Diyos.

**Hari.** Isang Haring mananakop ang Mesias, ayon sa mga hula sa Matandang Tipan. Tatalunin Niya si Satanas, ang kaaway ng Diyos at ng sangkatauhan. Sasakupin Niya ang kasalanan, karamdaman, kalungkutan, at pati kamatayan. Tatalunin Niya ang hukbo ng kasamaan at itatatag ang isang paghahari may sakdal na katarungan at kapayapaan sa lupa. Lulutasin Niya ang suliranin sa buong daigdig. Kaya, di kataka-takang ang mga tao ay naghihintay sa kanyang pagdating. Ang hulang binasa mo sa Isaias 9:6 ay tungkol sa Pangulo ng Kapayapaan ay ganito pa ang wika:



**Isaias 9:7. Ang paglago ng kanyang pamamahala at ng kapayapaan ay hindi magwawakas, sa luklukan ni David, at sa kanyang kaharian, upang itatag, at upang alalayan ng kahatulan at katuwiran mula ngayon hanggang sa magpakailanman.**

Mapapansin mong tinatawag na *Anak ni David* si Jesus sa mga ebanghelyo. Ayon sa kautusan, Siya ang may karapatang tagapagmana ng trono ni David. Nakilala ng kanyang mga tagasunod na ang mga himala Niya't ginawa'y pawang katangian ng kahanga-hangang paghahari ng Mesias. Ibig Siyang gawing hari ng mga tao noon. Subali't hindi pa handa si Jesus na magtatag ng Kanyang kahariang pandaigdig. Una sa lahat ibinigay Niya sa atin ang mga pamantayan at kondisyon upang pagharian Niya ang ating mga puso at mga buhay. Ngayo'y panahon ng pag-aanyaya sa mga tao na tanggapin si Jesus bilang Hari. Pinalalaya Niya yaong tumatanggap sa Kanya bilang Hari at iniaalis sa kapangyarihan ng kasalanan at ni Satanas.

Balang araw, paririto sa lupa si Jesus upang itatag ang Kanyang kaharian. Kaya, mahalagang matutuhan mo kung sino si Jesus, paano Siya maghahari, at ano ang magiging bahagi mo sa Kanyang Kaharian. Maaaring iyong ipinalangin ito.

**Panalangin:**

Jesus, mangyaring tulungan mo akong matuto ng katotohanan tungkol sa iyo. Tulungan mo akong maipagkaloob sa Iyo ang dakong nararapat sa Iyo sa aking buhay. Mangyari nawa.



## Ang Gagawin Mo

13. Gaano katagal magiging saserdote ang Tagapaglitas?

______________________________

14. Sino ang propetang makakatulad ng Tagapagligtas?

______________________________

15. Kapag dumalangin tayo kay Jesus at humingi ng kapatawaran ng ating mga kasalanan dahil sa Kanyang handog, Siya'y kinikilala natin bilang
    .... a) isang Propetang tulad ni Moises.
    .... b) ating Saserdote.
    .... k) Mananakop at Hari.

16. Ang tawag na *Anak ni David* ay tumutukoy sa Mesias bilang
    .... a) Propeta
    .... b) Saserdote
    .... k) Hari

17. *Isipin Mo.* Bakit mahalagang matutuhan mo ang lahat ng makakaya mo tungkol kay Jesus?

Markahan ang iyong mga sagot.

## Aralin 2 – Mga Sagot


Ang mga tanong ay nangangailangan ng 21 impormasyon. Napakahusay ang antas ng nakakuha ng 19 hanggang 21 tamang sagot; 15 hanggang 18, mabuti; mula 11 hanggang 14, katamtaman. Kung wala pang 11 ang tamang sagot, basahing muli ang aralin.

1. k) kapahayagang ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta.
3. k) Si Jesus na Pinahiran ng Langis, ang Mesias.
4. Propeta, saserdote, at hari.
5. a) Unti-unti sa pamamagitan ng mga propeta sa loob ng 4,000 taon.
6. k) 330.
8. b) mahalaga bilang larawan ng hula tungkol sa Mesias at sa Kanyang gawain.
9. Mga Hebreo.
10. a) Binhi ng isang babae – Genesis 3:15.
    b) Makapangyarihang Diyos – Isaias 9:6.
    k) Ipinanganak sa Bethlehem – Mikas 5:2.
    d) Emmanuel – Isaias 7:14.
    e) Pangulo Kapayapaan – Isaias 9:6.
    g) Isinilang ng isang dalaga – Isaias 7:14.
11. k) Tao't Diyos.
12. k) Ang Kanyang buhay, na namatay para sa atin.
13. Magpakaylanman.
14. Si Moises.
15. b) Ating Saserdote.
16. k) Hari.

Bilang ng mga tamang sagot . . . . . . Antas . . . . .

# 3

# SI JESUS ANG ANAK NG DIYOS



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Ang Anak at ang Kanyang Ama

- Walang hanggang kaisahan ng Ama at Anak
- Pagkilala ng Anak sa Ama
- Pagkilala ng Ama sa Anak

Ang Anak at ang Kanyang Mga Tagasunod

- Pagkilala ng mga tagasunod sa Anak
- Pagkilala ng Anak sa mga tagasunod
- Walang hanggang kaisahan ng Anak at ng mga tagasunod



Si Jesu-Cristo'y Anak ng Diyos. Lubhang mahalagang matiyak kung ano ang pinaniniwalaan natin tungkol sa kanya. Siya'y higit pa sa isang taong mabuti,higit pa sa isang guro. Siya ang Cristo, ang Anak na tunay ng Diyos. Naniniwala tayo at natitiyak nating Siya ang Diyos na naparito sa sanlibutan sa anyong tao. Siya'y may kapangyarihang magpalaya sa atin mula sa kapangyarihan ng kasalanan at ng kasamaan.

## Ang Anak at ang Kanyang Ama

### Walang Hanggang Kaisahan ng Ama at ng Anak

Bago ipinanganak sa Betlehem si Jesus, lagi na siyang kasama ng Diyos Ama. Sumulat si Mikas tungkol sa Mesias na isisilang:

> **Mikas 5:2**....ang pinagbuhatan niya ay mula nang una, mula nang walang hanggan.

Nang gabing bago namatay si Jesus, ang dalangin niya ay ito:

> **Juan 17:5.** Kaya, Ama, ipagkaloob mo sa akin ngayon ang karangalan taglay ko sa piling mo bago pa likhain ang sanlibutan.

Si Jesus ay kasama ng Diyos, gumagawang kasama Niya nang likhain ang sanlibutan. Tinawag ni Juan si Jesus na Salita at pinasimulan ang kanyang ebanghelyo sa pagsasabing:

**Juan 1:1-3.** Sa pasimula pa'y naroon na ang Salita. Ang Salita ay kasama ng Diyos at ang Salita ay Diyos. Sa pasimula pa'y kasama na siya ng Diyos. Sa pamamagitan niya nilikha ang lahat ng bagay, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya.

Nakatutulong ito sa pagbibigay-linaw sa hiwagang lumilito sa maraming bumabasa ng Matandang Tipan. Kanino nagsasalita ang Diyos nang Kanyang sabihin? Lalangin natin ang tao ayon sa ating wangis? At bakit sinabi ng Diyos kay Isaias na ang Mesias na isisilang ay tatawaging Makapangyarihang Diyos, ang walang hanggang Ama?

Itinuturo ng Biblia na isa ang Diyos — ang Lumikha. Gayunman, Ang Matandang Tipan ay gumagamit ng pangalang pangmarami para sa kanya — Elohim — mahigit sa 2,700 ulit. Ang Elohim na isinaling Diyos, ay ginagamit na kasama ng mga panghalip na pangmarami at mga pandiwa upang ilarawan ang gawain ng Diyos. At ito ang ginawa sa paglalarawan ng paglalang. Kung minsan, ginagamitan ito ng pandiwang pang-isa na para bang mahigit sa isang tao ang kumikilos bilang isa. Ginagamit ng Biblia ang salitang isa upang ipahayag ang pagkakaisa o bilang. Ang pagkakaisang banal na tinatawag nating Diyos ay binubuo nang mahigit sa isang katauhan.

**Genesis 1:1,2,26.** Nang pasimula ay nilikha ng Diyos (Elohim) ang langit at ang lupa . . . at ang Espiritu ng Diyos ay sumasa ibabaw ng tubig . . . At sinabi ng Diyos (Elohim), lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis.





Habang nagpapatuloy ang pagpapahayag ng Diyos mula sa Matandang Tipan patungo sa Bago, matututuhan natin na ang tatlong persona (katauhan) ay tinatawag na Diyos — ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo. Tinatawag natin silang Trinidad, na ang kahulugan ay Tatlong Persona sa iisang Diyos, o pag-iisa ng Tatlong Persona sa Iisang Diyos. Iisa ang kanilang layon, kapangyarihan, at katangian. Lagi silang gumagawang magkakasama at nagkakasundo. Ginawa nila ang sansinukob. Nangyari ito nang si Jesus ay narito sa lupa. At lalaging gayon. Ang ngalang Diyos, gaya ng apelyido, ay ginagamit para sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu. Para makilala kung sinu-sino, ang Ama ay tinatawag nating Diyos, ang Anak ay sa panlupang ngalang Jesus, at Espiritu Santo ang pangatlo.

Tinukoy ni Jesus ang kaisahan Niya sa kanyang Ama, o na Siya'y nasa Ama at nasa Kanya ang Ama.

> **Juan 17:21-23.** "Ama, kung paanong ikaw ay nasa akin at ako'y nasa iyo, gayon din naman maging isa sila sa atin, . . . kung paanong tayo'y iisa; ako'y nasa kanila at ikaw ay nasa akin."

Tinugon ng Diyos Ama ang dalangin ni Jesus na mababasa natin sa Juan 17:5. Matapos siyang mamatay para sa ating mga kasalanan, si Jesus ay binuhay na muli ng Diyos. Pagkaraan ng 40 araw, marami ang nakasaksi

nang magbalik Siya sa langit. At pinahintulutan ng Diyos na may ilang makakita kay Jesus doon sa piling ng Ama. Isa rito ay si Esteban.




Gawa 7:55. Nguni't si Esteban na puspos ng Espiritu Santo ay tumingin sa langit at nakita ang maningning na liwanag sa paligid ng Diyos, at si Jesus na nasa kanyang kanan.

## Ang Gagawin Mo

1. Piliin ang tumpak na mga pangalan: Elohim, Mikas, Esteban, Jesus, Juan, Trinidad, Isaias.
   a) ....... tinawag ang Mesias na makapangyarihang Diyos.
   b) ....... sinabi niyang buhat sa kawalang-hanggan ang Mesias.
   k) ....... ay isang ngalang pang marami sa Diyos.
   d) ....... ay nangangahulugang Tatlong Persona sa iisang Diyos.
   e) ....... binanggit si Jesus sa paglalang.
   g) ....... nagsabing Siya'y kaisa ng Ama.
   h) ....... nakita niya si Jesus na kasama ng Diyos sa langit.

**Pagkilala ng Anak sa Ama**

Alam ni Jesus na ang Diyos ay Kanyang Ama at ipinabatid ito sa iba. Palagi niyang binabanggit na Ama Niya ang Diyos (kahit pa noong Siya'y 12 taong gulang.) Tinawag Niyang Ama ang Diyos sa Kanyang mga panalangin. Sinabi Niya sa mga tao na sinugo Siya ng Kanyang Ama upang bigyan ng buhay na walang hanggan yaong mananalig sa Kanya. Sinabi Niya:

**Juan 3:16.** "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."




Pinarangalan ni Jesus ang kanyang Ama sa pamamagitan ng pagganap ng ipinagagawa sa Kanya ng Diyos. Itinuro Niya sa mga tao na ang Diyos ay kahanga-hanga. Ipinaalam Niya sa kanila na ang kamangha-mangha Niyang turo at mga himala ay galing sa Kanyang Ama.

**Juan 8:28-29.** "Wala akong ginagawa sa ganang sarili ko lamang; nagsasalita ako ayon sa itinuro sa akin ng Ama. At kasama ko ang nagsugo sa akin: hindi niya ako iniwang nag-iisa,sapagka't lagi kong ginagawa ang nakalulugod sa kanya."

### Ang Gagawin Mo

2. Isaulo mo ang Juan 3:16.
3. Anong pangalan ang ginamit ni Jesus para sa Diyos sa Kanyang mga pananalangin? . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Pagkilala ng Ama sa Anak**

Alam nating si Jesus ang Anak ng Diyos pagka't ito'y nilinaw na mismo ng Diyos. Pinararangalan ng Diyos ang kanyang Anak. Sabi ni Jesus:

> **Juan 8:18,54.** Nagpapatotoo rin ang Amang nagsugo sa akin . . . kung ako ang nagpapaparangal sa aking sarili, ito'y walang kabuluhan. Ang aking Ama ang nagpapararangal sa akin at sinasabi ninyong siya ang inyong Diyos."

**Pinarangalan ng Diyos si Jesus at pinatunayang Anak Niya si Jesus sa pamamagitan ng: 1) mga anghel, 2) Espiritu Santo. 3) di pangkaraniwang mga tanda.**



*Mga anghel.* Sinugo ng Diyos ang mga anghel para sabihin sa mga tao na si Jesus ay kanyang Anak. Sinabi ng mga anghel kina Jose at Maria na ang Sanggol na isisilang ng isang dalaga ay Anak ng Diyos. Ipinahahayag ng mga anghel sa mga pastol sa parang ng Betlehem na sumilang na ang Tagapagligtas. Sa dalawang mabibigat na krisis sa buhay Niya, si Jesus ay pinalakas at inalalayan ng mga anghel. Inalis ng mga anghel ang batong nakatakip sa libingan ni Jesus at sinabi sa kanyang mga tagasunod na Siya'y nagbangon. At nang tangga-



pin na sa langit si Jesus, napakita sa karamihan ang mga anghel. Sinabi nila na kung paanong umakyat sa langit si Jesus, gayon Siya babalik balang araw.

*Ang Espiritu Santo.* Ipinadala ng Diyos ang Espiritu Santo upang parangalan si Jesus at ipakilala Siya sa mga tao. Pinuspos ng Espiritu Santo sina Elizabeth, Zacarias, Simeon, Maria, Ana, at nangusap sa pamamagitan nila. Sinabi nila sa mga tao na ang Sanggol na Jesus ay Siyang Mesias. Pinuspos ng Diyos si Juan Bautista ng Kanyang Espiritu at sinugo upang ipakilala si Jesus bilang Anak ng Diyos at Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Bumaba kay Jesus ang Espiritu Santo na parang kalapati nang Siya'y bautismuhan. Ang Espiritu Santo ang nagpahid ng langis kay Jesus para maglingkod bilang Mesias — ang Pinahiran ng Langis — puspos ng karunungan at ng kapangyarihan ng Diyos.



*Di pangkaraniwang mga tanda.* Gumamit ng maraming tanda ang Diyos para patunayang si Jesus ay Anak Niya. Isang bituin ang nanguna sa mga pantas patungo sa Sanggol na Jesus. Tatlong ulit na napakinggan ng mga tao ang tinig ng Diyos mula sa langit na pinararangalan si Jesus. Makalawang sinabi ng Diyos sa kanila:

> **Mateo 3:17; 17:5.** "Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan."

Ang mga himalang ginawa ni Jesus ay patotoong lahat ng Diyos na Siya ang Anak ng Diyos, gaya ng Kanyang sinabi. Ipinatanaw ng Diyos sa mga alagad ang kadakilaan ng Anak nang maganap ang tinatawag nating pagbabagong-anyo.

> **Mateo 17:2.** Samantalang siya'y naroon, nakita nilang nagbagong-anyo si Jesus: nagliwanag na parang araw ang kanyang mukha, at pumuti na parang busilak ang kanyang damit.

Pinatunayan din ng Diyos na si Jesus ay Kanyang Anak nang ito'y mamatay. Lumindol, nagdilim, at nahati ang tabing sa templo.

Pagkaraan ng tatlong araw, pinarangalan ng Diyos ang Kanyang Anak nang ito'y buhaying muli. Pagkalipas nito, iniakyat sa langit si Jesus na nakikita ng maraming tao. Sa ilang pagkakataon din, may ilang nakakita kay Jesus sa piling ng kanyang Ama. Kung nananalangin ang mga alagad sa pangalan ni Jesus, tinutugon ng Diyos ang kanilang dalangin at nagaganap ang mga himala. Tunay na dapat paniwalaan ng lahat ng nananalig sa Diyos ang Kanyang patotoo tungkol kay Jesus.

## Ang Gagawin Mo

4. Isaulo mo ang sinabi ng Diyos sa Mateo 3:17.

5. Paano pinatunayan ng Diyos na si Jesus ay kanyang Anak?

Magtala ng tatlong paraan o mga pangyayari sa ilalim ng bawat isa:

a) Mga anghel ay lumitaw . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

b) Espiritu Santo . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

k) Di-pangkaraniwang mga tanda

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Ang Anak at ang Kanyang mga Tagasunod**

Kung paanong kinikilala ng Ama at ng Anak ang isa't isa, gayon din ang kaugnayan ng Anak at ng Kanyang mga Tagasunod. Bunga ng ganitong pagkilala, tayo'y may walang hanggang kaisahan sa Anak ng Diyos.

**Pagkilala ng mga tagasunod sa Anak ng Diyos**

Yaong sumunod kay Jesus nang Siya'y narito pa sa lupa ay nanalig sa Kanya. Kinilala nila Siya ayon sa Kanyang sinabi — na Siya ang Anak ng Diyos. At hayagan nilang sinabi sa lahat ang pananalig nila sa Kanya.

> **Mateo 16:16.** Sumagot si Simon Pedro, "Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay."

> **Juan 20:28.** Sumagot si Tomas, "Panginoon ko at Diyos ko!"

Tayo namang mga tagasunod ngayon ni Jesus, paano natin Siya kinikilala? Sa pag-anib sa iglesya? Dahil ba sa tayo'y tinatawag na Cristiano? Para maging tunay na Cristiano, kailangang manalig tayo sa Panginoong Jesu-Cristo — kilalanin Siya na Anak ng Diyos at Tagapagligtas natin. Paano natin ito gagawin? Isuko natin sa kanya ang ating buhay, magtiwala at sumunod tayo sa Kanya saan man Niya tayo akayin.

Sinulat ni Juan ang kanyang ebanghelyo upang patunayang si Jesus ang Anak ng Diyos, at nang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pananalig sa Kanya. Sa kanyang mga sulat, inulit ni Juan ang pahayag ng Diyos na si Jesus lamang na Kanyang Anak ang tanging paraan ng pagkakamit ng buhay na ito.

**Juan 20:31.** Ang mga natala rito'y sinulat upang sumampalataya kayo na si Jesus ang Mesias, ang Anak ng Diyos, at sa gayo'y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.

**1 Juan 5:11-12.** Ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Ang pinananahanan ng Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan, nguni't wala nito ang hindi pinananahanan ng Anak ng Diyos.

## Ang Gagawin Mo

6. Aling aklat ang sadyang isinulat upang tulungan tayong kilanlin si Jesus bilang Anak ng Diyos at tayo'y manalig sa Kanya?
   .... a) Ang Ebanghelyo ni Mateo.
   .... b) Ang Ebanghelyo ni Marcos.
   .... k) Ang Ebanghelyo ni Lucas.
   .... d) Ang Ebanghelyo ni Juan.
7. Ayon sa 1 Juan 5:11-12, nahan ang buhay na walang hanggang ibinibigay sa atin ng Diyos.

   ...............................

**Pagkilala ng Anak sa mga tagasunod**

Matagal ng panahon bago pa tayo ipinanganak, tayo'y kilala na ni Jesus. Bago pa itinatag ang sanlibutan, binalak na ng Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo ang panukala nila para sa sangkatauhan. Nilikha nila tayo na kalarawan ng Diyos, itinuring na mga Anak ng Diyos na lumalasap ng kanyang pag-ibig at ng mga bagay na inihanda para sa atin, at buong ligayang namumuhay na kasama ng Diyos.

Nguni't may nakita pang isang bagay ang Diyos, nakita niyang tatalikdan Siya ng mga tao at pipiliin ang landas ng kasalanan at kamatayan. Tayo'y nakita ng Diyos na naghihirap bunga ng kasalanan at nasa ilalim ng hatol na kamatayan. Bagama't masuwayin tayo at walang turing, iniibig Niya tayo nang gayon na lamang. Binalak ng Ama, Anak, at Espiritu Santo ang paraan tungo sa ikaliligtas natin.

Kahit makasalanan pa tayo, tayo'y pinili ng Anak ng Diyos upang maging mga tagasunod Niya. Nakita Niya ang ating kasalanan at inako niyang mamatay kapalit natin. Nakita Niya ang ating kahinaan at pinalitan ng kalakasan. Tinanggap niya ang lahat ng lumalapit sa Kanya at pinalalaya sila sa kapangyarihan ng kasalanan.



**Efeso 1:4-5.** At sa atin ngang pakikipag-isang ito, hinirang na niya tayo bago pa nalikha ang sanlibutan, upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban.

Ang mga pangalang ginamit ni Jesus para sa kanyang mga tagasunod noong Siya'y narito sa lupa ay naghahayag ng pag-ibig Niya sa lahat ng sumusunod sa Kanya. Tinawag Niya silang mumunting mga anak, mga anak ng Diyos, ilaw ng sanlibutan, asin ng sanlibutan, ikakasal sa kanya, mga saksi, yaong ibinigay sa Kanya ng Diyos, kawan ng tupa, mga hinirang, Kanyang iglesya, mga kapatid, bahagi Niya bilang mga sanga ng puno ng ubas.

Kinikilala ba natin si Jesus na ating Tagapagligtas at Panginoon? Kung gayon, tayo'y kinikilala rin Niya na para sa Kanya.

**Mateo 10:32-33.** Ang sinumang kumilala sa akin sa harapan ng mga tao ay kikilanlin ko rin naman sa harapan ng aking Amang nasa langit. Nguni't ang magtatwa sa akin sa harapan ng mga tao ay itatatwa ko rin naman sa harapan ng aking Amang nasa langit.

**Juan 1:12.** Ang lahat ng tumanggap . . . nananalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos.

## Ang Gagawin Mo

8. Piliin mo sa Efeso 1:4-5 ang mga salitang tumutugon sa mga katanungang ito:

   a) Kailan tayo pinili ng Diyos? . . . . .

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   b) Ano ang pinili ng Diyos para sa atin? . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   k) Ano ang ibubunga nito? . . . . . . .

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   d) Bakit ibig ng Diyos na mailapit tayo sa kanya? . . . . . . . . . . . . .

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   e) Sa anong paraan tayo nailapit ng Diyos sa Kanya? . . . . . . . . . .

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   g) Ano ang layunin at kalooban ng Diyos? . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

9. Ano ang itinawag ni Jesus sa kanyang mga tagasunod? Ilista ang 5 ng mga pangalang natatandaan mo. Pagkatapos, tingnan mo ang aklat para matapos mo ang iyong talaan nito. Lagyan ng tanda yaong nais mong itawag sa iyo ni Jesus.

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Walang hanggang kaisahan ng Anak at ng mga tagasunod**

Nais ni Jesus na makasama Niya tayo pagka't tayo'y kanyang iniibig at alam Niyang nasasalig sa pakikiisa natin sa Kanya ang ating kaligayahan, buhay, at hinaharap. Binibigyan Niya tayo ng bagong buhay para sa katawan, kaluluwa, at espiritu. Sa Kanya tayo makasusumpong ng tunay na kaligayahan, katuparan, at kapangyarihan para magtagumpay sa kasamaan. Lahat ng mamumuhay sa Kanya sa araw-araw ay mamumuhay na kapiling Niya magpakailanman doon sa langit. Sabi ni Jesus:

> **Juan 10:10.** "Naparito ako upang ang mga tupa'y magkaroon ng buhay — isang buhay na ganap at kasiya-siya."
>
> **Juan 14:6.**...."Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."
>
> **Juan 3:35-36.** "Minamahal ng Ama ang Anak, at ibinigay sa kanya ang lahat ng bagay. Ang nananalig sa Anak ay may buhay na walang hanggan: nguni't ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi magkakaroon ng buhay — mananatili sa kanya ang poot ng Diyos."

Napakalapit ng kaugnayan natin kay Jesus anupa't lahat ng nananalig sa Kanya ay na kay Cristo at Siya naman ay nasa atin. Siya ang puno ng ubas; at tayo ang mga sanga.



**Juan 15:5. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin at ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana; sapagka't wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin.**

Inilalarawan ni Pablo ang ating kaisahan kay Cristo bilang mga sangkap ng Kanyang katawan. Si Jesus ang ulo. Ang kanyang iglesya ay Siyang katawan. Ang lahat ng mga karapatan ng walang kasalanang Anak ng Diyos, lahat Niyang kayamanan sa kaluwalhatian, lahat ng pag-ibig at samahang namamagitan sa Anak at Ama ay atin din bilang mga sangkap ng kanyang katawan.

**Colosas 1:17,18,27,28.** Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay ang kaayusan ng lahat ng bagay. Siya ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang Una, ang panganay na Anak — ang unang nabuhay na muli upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay. Sumainyo si Cristo at dahil dito'y nagkaroon kayo ng pag-asang makapiling ng Diyos doon sa kaluwalhatian. Iyan ang dahilan kung bakit namin ipinangangaral si Cristo . . . upang maiharap namin sa Diyos ang bawa't isa, sakdal at walang kapintasan dahil sa pakikipag-iisa kay Cristo.

## Ang Gagawin Mo

10. Isaulo mo ang Juan 10:10 at 14:6.
11. Anong tatlong bagay ang sinasabi ni Jesus tungkol sa Kanyang sarili sa Juan 14:6 . . . . . . . . . . . . . . . .

    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
12. Tingnan mo kung ilan ang nasagot mo nang tama

Markahan ang iyong mga sagot.

## Ika-3 Aralin — Mga Sagot


Ang mga tanong ay humihingi ng 33 sagot. Kung 29 hanggang 33 ang nasagot mo nang tama, ilagay na antas ang napakahusay; mula 21 hanggang 28 ay mabuti; 16 hanggang 20 ay katamtaman. Kung kulang sa 16 ang tama, basahin mo uli ang aralin.

1. a) Isaias, b) Mikas, k) Elohim, d) Trinidad, e) Juan, g) Jesus, h) Esteban.
3. Ama.
5. (Ang bawat isa ay tigatlong sagot)
   a) Mga anghel ay lumitaw: Kay Jose, Maria, sa mga pastol, kay Jesus, sa libingan, at pag-akyat Niya sa langit.
   b) Espiritu Santo: nangusap sa pamamagitan nina Elizabeth, Zacarias, Maria, Ana, Simeon, Juan Bautista; bumaba kay Jesus bilang isang kalapati; binigyan ng kapangyarihan at karunungan si Jesus.
   k) Di pangkaraniwang mga tanda: bituin, tinig mula sa langit, mga himala ni Jesus, pagbabagong-anyo, lindol, kadiliman, nahating tabing, muling pagkabuhay, pag-akyat sa langit, nakita sa langit si Jesus, mga himala bilang tugon sa panalangin sa kanyang pangalan.
6. d) Ang Ebanghelyo ni Juan.
7. Sa Kanyang Anak.
   a) Bago pa nilikha ang sanlibutan.
   b) Na maging Kanya tayo sa pamamagitan ni Cristo.
   k) Tayo'y magiging banal at walang sala sa sa kanya.
   d) Dahil sa Kanyang pag-ibig.
   e) Sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.
   g) Na ilapit tayo sa Kanya bilang mga anak.
9. Lima nito: Mumunti Niyang mga anak, mga anak ng Diyos, ilaw ng sanlibutan, asin ng sanlibutan, ikakasal sa Kanya, mga saksi, yaong ibinigay sa Kanya ng Diyos, munting kawan ng tupa, Kanyang hinirang, Kanyang iglesya, mga kapatid Niya, bahagi Niya bilang mga sanga ng puno ng ubas.
11. Ang daan, ang katotohanan, ang buhay.

Bilang ng mga tamang sagot . . . . . . Antas . . . . . .

# 4

# SI JESUS ANG ANAK NG TAO




**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Ang Pagkakatawang-tao
- Isinilang ng isang dalaga
- Limitasyon bilang tao
- Sakdal na buhay

Layunin ng Pagkakatawang-tao
- Kapahayagan
- Paghahanda
- Pagpalit
- Pamamagitan

Anak ng Tao ang parang paboritong tawag ni Jesus sa Kanyang sarili Ginamit Niya ito nang 79 na ulit sa mga Ebanghelyo. Bakit? Ano ang ibig sabihin nito? Ito'y nangungusap sa atin lalo na tungkol sa Kanyang pagkakatawang-tao at sa Kanyang misyon bilang kinatawan ng sangkatauhan.

Anak ng Tao ang pangalang mesianiko buhat sa mga hula sa Matandang Tipan. Sa Hebreo ito'y "Ben Adham."" Maisasalin itong Anak ni Adan, Anak ng Tao, o Anak ng Sangkatauhan. Ito' y nagbibigay-diin sa apat na bagay tungkol kay Jesus:

1. Si Jesus ay tunay na tao. Hindi isang balatkayo ang Kanyang katawan. Talagang mayroon Siyang likas na pagkatao.
2. Si Jesus na Anak ni Adan, ay binhi ng isang babaing ipinangako kina Adan at Eba — kanilang apo na tatalo kay Satanas.
3. Si Jesus na Anak ni Adan ay kabilang sa buong sangkatauhan. Siya ang Mesias ng lahat, hindi lang ng iisang bansa, panahon, o lugar.
4. Naparito sa lupa si Jesus para sa isang misyong Siya lamang ang makatutupad bilang tunay na kinatawan ng sangkatauhan.


### Pagkakatawang-tao

Ang pagkakatawang-tao ay salitang galing sa dalawang salita na nasa laman ang ibig sabihin. Naparito sa sanlibutan ang Diyos, na nasa laman ng tao. Si Jesu-Cristong Anak ng Diyos ay Diyos na nagkatawang-tao — diyos na nadaramtan ng pagiging tao.

**Isinilang ng Isang Dalaga**

Sa anong himala naging Anak ng tao ang Anak ng Diyos? Kailangan ang isang inang tao para maipanganak si Jesus bilang apo ni Adan. Nguni't wala Siyang amang tao. Ang Diyos ang Kanyang Ama. Sa pamamagitan ng himala ng pagsisilang ng isang babae, gaya ng hinulaan ni Isaias, ang Diyos ay namuhay sa gitna ng mga tao at naging katulad nila.

Siniyasat ng manggagamot na si Lucas ang mga katibayan at isinulat niya tungkol sa pagsilang ni Jesus:



**Lucas 1:26-38.** Ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Galilea, sa isang dalaga na ang pangala'y Maria. Siya'y nakatakdang ikasal kay Jose, isang lalaking buhat sa lipi ni Haring David. Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, kanyang binati ito. "Matuwa ka! ikaw ay kalugudlugod sa Diyos," wika niya. "Sumasaiyo ang Panginoon!" Nagulumihanan si Maria sa gayong pangungusap, at inisip niya ng mabuti kung ano ang kahulugan niyon. Kaya't sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Maria, sapagka't kinalulugdan ka ng Diyos. Makinig ka! Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki, at siya'y pangangalanlan

mong Jesus. Siya'y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan.

"Paanong mangyayari ito, gayong ako'y dalaga?" tanong ni Maria. Sumagot ang anghel, "Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihang Kataas-taasan. Kaya't banal ang ipanganganak mo at tatawaging Anak ng Diyos . . . " Sumagot si Maria, "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi." At nilisan siya ng anghel.

Sinabi ni Mateo, isa sa mga alagad ni Jesus, ang nangyari nang malaman ng kasintahan ni Maria na ito'y nagdadalantao.

**Mateo 1:19-25.** Isang taong matuwid itong si Jose na kanyang magiging asawa, nguni't ayaw niyang mapahiya si Maria, kaya ipinasya niyang hiwalayan ito nang lihim. Samantalang iniisip-isip ni Jose ito, napakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sabi nito sa kanya, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tuluyang pakasalan si Maria, sapagka't siya'y naglihi sa pamamagitan



ng Espiritu Santo. Manganganak siya ng isang lalaki; at ito'y panganganlan mong Jesus sapagka't siya ang magliligtas ng kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan. Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta: "Maglilihi ang isang dalaga at manganganak ng isang lalaki. At tatawagin itong Emmanuel" (ang kahuluga'y "Kasama natin ang Diyos.") Nang magising si Jose, sinunod niya ang utos sa kanya ng anghel ng Panginoon; pinakasalan niya si Maria. Nguni't hindi ginalaw ni Jose si Maria hanggang sa naipanganak nito ang isang sanggol na lalaki na pinanganlan niyang Jesus.

**Ang pagsasabing naging tao si Jesus ay hindi nangangahulugang ginawa siyang tao, o naputol ang kanyang pagiging Diyos nang siya'y maging tao. Diyos pa rin ang Diyos Anak Bilang Anak ng Tao, isinuot Niya ang bagong likas, ang likas ng tao, at inilakip ito sa likas ng Diyos sa isang kalagayan sa katauhan ni Jesu-Cristo, totoong tao at totoong Diyos. Tinatawag natin itong ang pagkakatawang tao ng Diyos.**



## Ang Gagawin Mo

1. Ano ang isinasaad sa atin ng tawag na Anak ng Tao?
   .... a) Siya ay "Anak ni Adan," tunay na tao, kinatawan ng sangkatauhan.
   .... b) Mayroon Siyang amang tao.
   .... k) Si Adan ang Kanyang ama.
2. Paano naging tao si Jesus? (Pumili ng dalawa)
   .... a) Siya'y isinilang ni Maria, isang dalaga, at ang Diyos ang Kanyang Ama.
   .... b) Siya'y may ama't inang tao.
   .... k) Hindi na Siya Diyos at naging tao lamang.
   .... d) Inilakip sa Kanyang banal na likas ang katangian ng likas na tao.

**Limitasyon Bilang Tao**

**Upang maging tunay na tao at ating kinatawan, si Jesus ay natatakdaan ng:**

**Katáwan at likas ng isang tao**
**Kalagayan ng buhay sa gitna ng mga tao**
**Kakayahang espirituwal para sa lahat.**

***Katawan at likas ng isang tao.*** **Isinaisantabi muna ni Jesus ang imortalidad at nagbihis ng katawan ng taong may kahinaan. Maaari Siyang magkasakit, maghirap, at mamatay. Siya'y madalas na nagutom, nauhaw, at napagod. Dumanas Siya ng kalungkutan, kabiguan, pagkaunsiyami, at sakit ng loob. Naranasan Niya ang galak at takot ng isang tao.**

*Mga kalagayan ng buhay sa gitna ng mga tao.* Hinubad ng Lumikha ng sansinukob ang Kanyang kapangyarihan at naging isang mahinang sanggol. Ang Pinagmumulan ng lahat ng karunungan at kaalaman ay nag-aral at natutong bumasa, sumulat, at nag-aral ng Salita ng Diyos. Gumawa Siya bilang isang karpintero. Iniwan Niya ang trono sa langit na doon Siya'y sinasamba ng mga anghel, at naging isang alipin — hinamak, pinagtawanan, inusig — ibinigay ang Kanyang buhay sa paglilingkod at pagpapakasakit para sa iba.

*Kakayahang espirituwal para sa lahat.* Ipinakita sa atin ni Jesus ang dapat nating panundan nang iukol ang Kanyang sarili sa kapangyarihang espirituwal at mga paraang para sa atin lahat. Siya'y nanalangin at tinugon ng Diyos ang Kanyang dalangin. Sa Diyos Siya umasa ng lakas at kapangyarihan. Nagtungo Siya sa bahay ng Diyos at nag-aral ng Kanyang Salita. Nang Siya'y tuksuhin ni Satanas para magkasala, sinambit ni Jesus ang mga talata sa Biblia na angkop sa pangyayari. Sinabi Niya sa balana na nangyari ang Kanyang mga himala pagka't gumagawa sa pamamagitan Niya ang Espiritu ng Diyos, at madali ang Kanyang turo — sinabi Niya ang ipinasasabi sa Kanya ng Diyos.

Nang sumulat si Pablo sa mga taga-Filipos, inilarawan niya kung paanong nagkusang magpakababa si Jesus upang maging Tagapagligtas natin at kung paano Siya pinarangalan ng Diyos at pararangalan dahil dito. Basahin natin ang bagong salin upang luminaw ang kahulugan.

**Filipos 2:6-11.** Na bagama't siya'y Diyos hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos, bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin. Nang maging tao, siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus! Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupa't ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya at ipa hahayag ng lahat na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikararangal ng Diyos Ama.



## Ang Gagawin Mo

3. Ibigay ang tatlong bahagi ng limitasyon sa pagiging tao ni Jesus nang Siya't narito sa lupa.

   a) ........................

   b) ........................

   k) ........................

4. Pag-aralan at gawin sa ibaba nito ang balangkas na isinalig sa Filipos 2:6-11.

**Sakdal na Buhay**

Si Jesus ay namuhay nang sakdal. Wala Siyang anumang kamalian o kahinaan. Walang makitáng pagkakamali sa Kanya ang mga kaaway Niya. Nang lumaki si Jesus, dinanas Niya ang mga tuksong dinaranas ng ibang kabinataan, subali't nanatili Siyang malinis, tapat, taimtim—puspos ng pag-ibig ng Diyos at sa Kanyang kapwa tao.

Kinamuhian ni Jesus ang kasalanan at nagsalita laban dito, nguni't iniibig Niya ang makasalanan. Nakilala Siya bilang kaibigan ng makasalanan. Gayunma'y hindi nila nabago Siya.

Ang sakdal na buhay ni Jesus ay bahagi ng kanyang misyon bilang Anak ng Tao. Bilang kinatawan ng sangkatauhan, tinupad niyang lahat ang kautusan ng Diyos. May karapatan Siya sa lahat ng pagpapalang ipinangako roon sa tumutupad ng kautusan ng Diyos. — buhay na walang hanggan at kaligayahan sa tahanan ng Diyos. Karapat-dapat Siyang maging sakdal na kapalit natin, upang: 1) kunin ang ating kasalanan at mamatay para sa kasalanan natin, at 2) ibigay sa atin ang Kanyang katuwiran (matwid na kaugnayan sa Diyos) at lahat ng pagpapalang pangako sa gaganap ng kautusan ng Diyos.

Sinikap ni Satanas na udyukang magkasala si Jesus at hadlangan Siya sa Kanyang misyon. Nguni't tinanggihang lahat ni Jesus ang mga tukso at isinagawa ang Kanyang misyong magligtas sa atin. Ang Kabutihan ni Jesus ay di lamang negatibo (kawalan ng kasamaan.) Ito'y positibong pagtatalaga sa kalooban ng Diyos. Di lamang Siya tumanggi sa paggawa ng mali — Siya'y nakatalagang gumawa ng tama. Siya ang pag-ibig na nagkatawang-tao


at ikinilos Niya ang pag-ibig na ito.

Nagpasimula ang pangmadlang paglilingkod ni Jesus sa gulang na 30 taon. Itinuro Niya sa mga tao ang tungkol sa Diyos at kung paano magkakaroon ng bahagi sa Kanyang kaharian. Siya ang pinakadakilang Propeta at Guro na nakilala ng sanlibutan. Sa isang hipo o utos, lamang napagaling Niya ang daan-daang may-sakit. Ang mga makasalanang lumapit sa Kanya ay tumanggap ng patawad, kapayapaan, paglilinis ng kasalanan, at kahanga-hangang bagong buhay na tigib ng Kanyang pag-ibig.

> **Gawa 10:38.** Ang sinasabi ko'y tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang. Sapagka't sumasakanya ang Diyos, siya'y gumagawa ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo saanman siya pumaroon.

Nanaghili sa Kanya ang mga lider ng relihiyon at ayaw tanggaping Mesias si Jesus. Binintangan Siya nang kabulaanan at ipinapako sa krus (tulad ng hula ni Isaias.) Ipinanako nga Siya sa krus na parang karaniwang kriminal, sa gitna ng dalawang kriminal. At ang mga taong Kanyang ililigtas na dahilan ng Kanyang pagparito sa lupa ay Siyang humamak sa Kanya hanggang sa Siya'y mamatay. Sa kabila nito, iniibig pa rin sila ni Jesus at idinalangin:

**Lucas 23:34.** Ama, patawarin mo sila, sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.



Ang sakdal na buhay ni Jesus ay hindi nagwakas sa libingan. Muli Siyang binuhay ng Diyos Ama nang ikatlong araw. Pagkalipas pa ng 40 araw rito sa lupa, Siya'y nagbalik sa langit; naroon Siya ngayon bilang kinatawan natin. At mula roon, Siya'y babalik sa lupa balang araw upang maghari nang buong payapa at katarungan sa buong sanlibutan.

## Ang Gagawin Mo

5. Paano hinarap ni Jesus ang tukso?
   ..... a) Umiwas Siya sa mga tao upang hindi Siya matukso.
   ..... b) Tinanggihan niya ang tukso at patuloy na gumawa ng mabuti.
   ..... k) Sumuko Siya sa tukso.

6. Ang kabutihan ba ni Jesus ay positibo o negatibo? Ipaliwanag mo.

   ........................................

   ........................................

   ........................................

7. *Isipin mo:* Sa palagay mo kaya, ano ang sukdulang pagsubok at kapahayagan ng sakdal na katangian ni Jesus: Ano ang kabuluhan sa iyo kung si Jesus ay nagkasala nan o namuhay nang sakdal?

## Layunin ng Pagkakatawang-Tao

Bakit naging tao ang Diyos? Bakit kumuha Siya ng katawan ng tao at inilakip sa Kanyang banal na likas ang likas ng tao? Bakit kinailangan ang pagkakatawang-tao? Mabubuo natin ang sagot sa apat na salita: 1) Kapahayagan, 2) Paghahanda, 3) Pagpalit, 4) Pamamagitan.

### Kapahayagan

Si Jesus ay nagkatawang-tao upang ipakita sa atin ang Diyos. Nabadya sa Kanya ang katauhan ng Diyos. Makikilala natin ang Diyos kung makikilala natin si Jesus. Pag-aaralan mo pa ang tungkol dito sa darating na mga aralin.

Ang Anak ng Diyos ay naging tao upang ipakita sa atin kung ano ang kahustuhang-gulang ng sakdal. Nakita natin sa sakdal na buhay at katauhan ni Jesus ang panuntunan para sa sangkatauhan, ang maaaring mangyari, ang plano ng Diyos para sa atin. Siya ang huwaran natin. Sinusukat ang ating mga salita, isipan at kilos ayon sa Kanyang pamantayan. Ipinakikita Niya sa atin ang uri ng buhay na matatamo natin kung Siya'y nasa atin at ginawa Niya tayong mga anak ng Diyos.

**Efeso 4:13.** Sa gayon, tayong lahat ay magkakaisa sa pananampalataya at pagkakilala sa Anak ng Diyos at magiging ganap ang ating pagkatao ayon sa pagiging ganap ni Cristo.

Ibinadya rin ng buhay ni Jesus ang mga katangian Niya kaugnay ng Kanyang misyon. Ipinakita ng Kanyang kawalang-kasalanan na Siya'y karapat-dapat na maging Kapalit natin. Pinatutunayan ng Kanyang kapangyarihan, karunungan, at pag-ibig na siya'y karapat-dapat maging Hari natin.

## Ang Gagawin Mo

8. Ibigay ang apat na salitang bumubuo ng layunin ng pagkakatawang-tao:

   ..........................

   ..........................

9. Ano ang makikita nating ipinakita o ibinabadya ng buhay ni Jesus?
   .... a) Kahustuhang-gulang ng sakdal.
   .... b) Ang likas ng Diyos
   .... k) Mga katangian para sa Kanyang misyon.
   .... d) Ang panuntunan ng Diyos para sa atin.
   .... e) Lahat ng nabanggit sa itaas nito.

10. *Isipin mo:* Basahin ang bawat parirala ng Efeso 4:13 at iangkop sa iyong sarili. Kung si Jesus ang panuntunan ng Diyos para sa atin, gaano kahalaga para sa atin na matutuhan pang lalo ang tungkol sa Kanya? Ano ang pakahulugan natin ng Efeso 4:13? Kung kilala ba natin si Jesus, lalo ba tayong matutulad sa Kanya?

**Paghahanda**

Ang buhay ni Jesus bilang tao ay mahalag ng paghahanda para sa Kanyang misyon. Ang Kanyang karanasan ang nagbigay sa Kanya ng pagkaunawa sa likas ng tao kaya't nahanda Siyang maging kinatawan natin at Hukom.

Kinakailangang maging isang tao si Jesus para maging Saserdote natin. Nakabahagi Siya ng ating kahinaan. Nauunawaan Niya ang ating mga suliranin. Natutuhan Niya ang halaga ng pagtalima sa pamamagitan ng sarili Niyang paghihirap. Idinalangin ni Jesus ang Kanyang mga alagad nang Siya'y nasa lupa pa. At ngayon, idinadalangin Niya ang ating pangangailangan—tayo'y Kanyang idinadalangin doon sa langit.

**Hebreo 2:17,18.** Kinailangang siya'y matulad sa kanyang mga kapatid sa lahat ng paraan. Sa gayon, siya'y naging isang dakilang saserdote, mahabagin at tapat, na naglilingkod sa Diyos at naghahandog ng hain sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ng tao. Sapagka't siya ma'y nagbata at tinukso, kaya ngayo'y matutulungan niya ang mga tinutukso.

**Hebreo 4:14-16.** Mayroon tayong napakadakilang saserdote na pumasok sa kalangitan sa harapan ng Diyos, walang iba kundi si Jesus na Anak ng Diyos. Ang dakilang saserdote nating ito ay nakauunawa ng ating mga kahinaan sapagka't sa lahat ng paraa'y tinukso siyang tulad natin, nguni't hindi nagkasala. Kaya't huwag na tayong magatubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos at doo'y kakamtan natin ang habag at kalinga sa panahong kailangan natin ito.

Ang karanasan ni Jesus bilang isang tao'y naging kahandaan Niya upang mamahala sa mga tao. Ang Anak ng tao—ang sakdal na kinatawan ng lahi ni Adan — ang magiging pinuno nito. Siya ang magiging isang Haring sakdal pagka't alam Niya kung ano ang ating kailangan. Tayo'y nauunawaan Niya. At sapagka't namatay Siya para sa atin, may karapatan Siyang pamahalaan tayo. Ngayon, Siya ang Hari ng mga tumanggap sa Kanya. Balang araw, pamamahalaan Niya ang sangkatauhan na Kanyang pinagkamatayan.

**Daniel 7:13,14.** Ako'y nakakita sa pangitain sa gabi, at narito, lumabas na kasama ng mga alapaap sa langit ang isang gaya ng Anak ng Tao, at siya'y naparoon sa matanda sa mga araw, at inilapit nila siya sa harapan niya. At binigyan siya ng kapangyarihan, at kaluwalhatian, at isang kaharian, upang lahat ng bayan, bansa, at mga wika ay maglingkod sa kanya: ang kanyang kapangyarihan ay walang hanggan, hindi lilipas, at ang kanyang kaharian ay hindi magigiba.

## Ang Gagawin Mo

11. Ayon sa iyong pagkaalam kay Jesus, ang pagiging tao kaya Niya'y naging sapat na paghahanda nga upang Siya ang maging iyong saserdote at Hari? . . . . . . . . . . . . . .
Sa paanong paraan? . . . . . . . . . . .
. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Pagpalit**

Si Jesus ay isinilang upang mamatay. Nagkasala ang lahat at hinatulang mamatay magpakaylanman lahat tayo. Ang tanging paraan para maligtas ay ang akuin ng Diyos ang parusa natin. Nguni't hindi Siya maaaring mamatay bilang Diyos. Kaya, Siya'y naging tao upang pumalit sa atin at iligtas tayo sa kasalanan.

Hindi lamang inako ni Jesus ang ating lugar sa krus. Kundi Siya'y nabuhay uli at nag-aalok sa lahat ng tatanggap sa Kanya ng isang lugar sa Kanyang walang hanggang kaharian. Inilakip Niya tayo sa Kanyang sarili upang makabahagi ng lahat ng karapatang taglay Niya bilang Anak ng Diyos.

> **Hebreo 2:9-11,13-15.** Subali't alam nating si Jesus, bagama't sandaling panahong pinababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kadakilaan dahil sa kanyang pagkamatay. Dahil sa pag-ibig ng Diyos sa atin, niloob niya na si Jesus ay mamatay para sa ating lahat . . . upang makapagdala ng marami sa kaluwalhatian. Si Jesus ang nagpapabanal sa kanila, at ang Ama ng nagpapabanal at ng pinapaging-banal ay iisa. Sabi pa niya, "Naririto ako at ang mga anak na ibinigay sa akin ng Diyos." Yayamang ang mga anak na tinutukoy niya ay tao, naging tao rin si Jesus, tulad nila — na may laman at dugo. Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay maigupo niya ang diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan. Sa gayon, pinalaya niya ang lahat ng naging alipin habang panahon dahil sa kanilang takot sa kamatayan.

## Ang Gagawin Mo

12. Isulat ang mga parirala mula sa Hebreo 2 na naglalarawan sa pagkakatawang-tao at ang layunin nito.

    a) Pagkakatawang-tao: Si Jesus, bagama't sandaling panahong

    ______________________________

    ______________________________

    b) Layunin: Dahil sa pag-ibig ng Diyos sa atin, niloob niya na . . . . . . . . . . . . . . . . . .

    upang . . . . . . . . . . . . . . . . .

    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

    k) Pagkakatawang-tao: Naging . . si Jesus

    d) Layunin: Ginawa niya ito upang sa gayon . . . . . . . . . . .

    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .


    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ngayon, salungguhitan mo ang lahat ng salitang tumutukoy sa iyo. (Kabilang sa "tao" ang mga lalaki, babae, bata.)

**Pamamagitan**

Si Jesus ay naging tao upang paglapitin ang Diyos at ang tao. Nagkaroon ng di mararaanang bangin ang kasalanan sa pagitan ng banal na Diyos at ng taong tiwali, masuwayin. Nguni't ang pag-ibig ng Diyos ang gumawa ng tulay na nag-ugnay sa malaking agwat at pamuling inilapit sa Kanya ang tao. Si Jesus ang naging Tagapamagitan ng isang bagong kasunduan ng Diyos at ng tao.




**1 Timoteo 2:5,6.** Sapagka't iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus na naghandog ng kanyang buhay upang tubusin ang lahat.

Noong panahon ng Bagong Tipan, inaatasan ng hukuman ang isang tagapamagitan upang kumatawan sa taong may pagkakautang at mamahala sa lahat niyang kabuhayan. Ang tagapamagitan ang tumitiyak na nabayaran ang mga pinagkakautangan. Kung hindi sapat na pambayad ang tinatangkilik ng taong iyon, ang tagapamagitan ang siyang nagbabayad.

Kay gandang larawan ni Jesus! Siya ang ating Tagapamagitan sa harapan ng Diyos. Ang Kanyang kamatayan ang sumasaklaw sa lahat nating utang ng kasalanan, at sa kanya tayo'y malaya sa kasalanang naghihiwalay sa atin at sa Diyos. Pinakatulay sa malaking agwat ang Kanyang krus. Binigyan tayo ng bagong likas — ang Kanyang likas — at ginawa tayong mga anak ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, tayo'y naabot ni Jesus at naitaas sa lalong mabuting daigdig. Ang Anak ng Diyos ay naging Anak ng Tao, para maging mga anak ng Diyos tayong mga tao.

**Galacia 4:4-5.**....Sinugo ng Diyos ang kanyang Anak. Isinilang siya ng babae, at namuhay sa ilalim ng Kautusan upang palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan. Sa gayon, tayo'y mabibilang na mga anak ng Diyos.

**1 Pedro 3:18.** Sapagka't si Cristo'y namatay para sa inyo; namatay siya dahil sa kasalanan ng lahat — ang walang kasalanan para sa mga makasalanan — upang kayo'y iharap sa Diyos.

Sa buong Bagong Tipan, makikita natin ang mga talatang nagsasaad ng layunin ng Diyos para sa atin at tumutulong upang maunawaan natin ang pagiging Anak ng Tao ni Jesus. Ito'y sinabi ni Jesus sa ilang kataga:

**Lucas 19:10.** Sapagka't naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang naligaw.

## Ang Gagawin Mo

13. Isaulo mo ang Lucas 19:10.
14. Pagtambalin ang nasa kanang salita na inilalara wan sa kaliwa.

| | |
|---|---|
| a) Naging tao ang Diyos | 1) Pamamagitan |
| b) Namatay kapalit natin | 2) Kapahayagan |
| k) Inilapit tayo sa Diyos | 3) Pagkakatawang-tao |
| d) Huwaran ng tao | 4) Paghahanda |
| e) May mga suliranin | 5) Pagpalit |

15. Iguhit ang paglalarawan sa pamamgitan ni Jesus.

16. *Isipin mo:* May ibayong kahulugan ba sa iyo ngayon ang katawagang Anak ng Tao kaysa dati? Higit mo bang pinahahalagahan ngayon si Jesus? Nailapit ka ba Niya sa Diyos? Pasalamatan mo Siya dahil sa Kanyang pagkakatawang-tao. Ipahayag mo sa Kanya ang iyong mga pangangailangan. Siya ang iyong Kinatawan sa harapan ng Diyos.

Markahan ang iyong mga sagot.

## Ika-4 na Aralin — Mga Sagot

Ang hinihingi ng araling ito'y 26 na bagay na impormasyon (pati ang sarili mong tugon at mga iginuhit sa memorya). Napakahusay ang antas kung 24 hanggang 26 ang tamang sagot; mabuti, 20 hanggang 23; 14-19, katamtaman. Kung mababa sa 14 ang tama basahin mo uli ang aralin.

1. a) Siya ay "Anak ni Adan," tunay na tao, kinatawan ng sangkatauhan.
2. a) Siya'y isinilang ni Maria, isang dalaga, at ang Diyos ang Kanyang Ama.
   d) Inilakip sa Kanyang likas na banal ang likas ng tao.
3. a) Katawan at katangian ng isang tao; b) Kalagayan ng buhay sa gitna ng mga tao; k) Kakayahang ispiritwal para sa lahat.
4. (Tingnan sa pahina 70 ang orihinal)
5. b) Tinanggihan Niya ang tukso at patuloy na gumawa ng mabuti.
6. Pareho. Tumanggi Siyang magkasala (negatibo) at ginawa yaong tama (positibo)
8. Kapahayagan, paghahanda, pagpalit, pamamagitan.
9. e) Lahat ng nabanggit sa itaas nito.
11. Ang iyong tugon.
12. a) pinababa kaysa mga anghel
    b) si Jesus ay namatay para sa ating lahat, upang makapagdala ng marami sa kaluwalhatian.
    k) tao
    d) sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay maigupo Niya ang diyablo. Sa gayon, pinalaya Niya ang lahat ng naging alipin habang panahon dahil sa kanilang takot sa kamatayan.
14. a-3; b-5; k-1; d-2; e-4.
15. Tingnan ang pahina 81.

Bilang ng mga tamang sagot . . . . . . Antas . . . . . .

# 5

# SI JESUS ANG SALITA



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Ang Diyos ay Nahayag Kay Jesus
- Ang katauhan ng Diyos
- Ang damdamin, isipan, at plano ng Diyos
- Ang kapangyarihan at kalooban ng Diyos

Ang mga Pangalan ng Diyos ay ipinaliwanag ni Jesus
- Ako Nga
- Jehova

## Ang Diyos ay Nahayag kay Jesus

Gumagamit tayo ng mga salita upang maghayag ng isipan, upang ipabatid sa iba ang ating damdamin, naisin, at kalooban. Nakikilala tayo at nauunawaan ng mga tao ayon sa ating sinasabi. Nahahayag ang ating katauhan sa ating mga salita.

Si Jesus ay tinawag na Salita. Inihahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ni Jesus. Bukod sa pagbibigay sa atin ni Jesus ng mensahe ng Diyos, Siya rin mismo ang mensahe ng Diyos sa atin.

### Ang katauhan ng Diyos

Ang Diyos ay espiritu. Hindi natin Siya makikita, maririnig, o madarama ng ating likas na pandamdam. Paano natin Siya makikilala , kung gayon? Paano natin mauunawaan ang Diyos na makapangyarihan sa lahat, sakdal, di nakikita; tayo'y mahina, at makasalanan pa. Paano maipapakita sa atin ng Diyos ang sarili Niya? Si Jesus ang katugunan. Inihahayag ni Jesus ang Diyos sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao. Makikilala natin ang Diyos kapag mamasdan natin si Jesus na Anak Niya.

**Juan 14:9.** Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama.

**Juan 1:18.** Kailanma'y walang nakakita sa Diyos, subali't ipinakilala siya ng bugtong na Anak.

**Colosas 1:15.** Si Cristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita.

Ang Diyos ay nagsalita sa mga tao sa maraming paraan, nguni't pinakamalinaw na kapahayagan ng Kanyang katauhan ang Kan-

yang Anak — ang buhay na Salita ng Diyos. Nagsasalita sa atin ngayon ang Diyos kung binabasa natin ang tungkol kay Jesus. Ang buhay, gawain, at mga turo ni Jesus ay nagbabadyang lahat ng tungkol sa Diyos, ayon sa karanasan ng tao at sa wikang ating mauunawaan.

> **Hebreo 1:1,3.** Noong una, nagsalita ang Diyos sa ating mga ninuno, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan, sa pamamagitan ng mga propeta. Nguni't ngayon, siya'y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak — sapagka't kung ano ang Diyos ay gayon din ang Anak.

> **Juan 1:1,14.** Sa pasimula pa'y naroon na ang Salita. Ang salita ay kasama ng Diyos at ang Salita ay Diyos. Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling natin. Nakita namin ang kanyang kapangyarihan at kadakilaan, puspos ng pag-ibig at katapatan.

Hindi lamang itinuro ni Jesus sa mga tao ang tungkol sa Diyos; ibinadya Niya ang katauhan ng Diyos. Tinukoy Niya ang kabanalan ng Diyos, pati kabutihan, karunungan, kaawaan, kapangyarihan, at pag-ibig. Nakita ng mga tao ang mga katangiang ito na Kanyang ibinadya. Inihayag Niya ang pinakamatayog na pamantayang moral at namuhay ayon dito. Namamangha pa rin ang sanlibutan sa napakainam Niyang turo. Sa pamamagitan ng gawa, ipinakilala Niya ang pag-ibig ng Diyos nang paglingkuran Niya ang mga tao at ibinigay ang Kanyang buhay para sa iba.

**Nang mamatay si Jesus para sa kasalanan natin, makikita sa krus ang napakalinaw na kapahayagan ng katarungan at pag-ibig ng**

Diyos. Kamatayan ang hinihingi ng katarungan ng Diyos. Dahil sa pag-ibig ng Diyos sa mga makasalanan, hinayaang mamatay si Jesus bilang kapalit ng mga makasalanan. Udyok ng pag-ibig, idinalangin pa Niya na patawarin yaong nagpapako sa Kanya sa krus. O! Kay dakilang pag-ibig! Kahangahangang talaga ang ating Diyos!

## Ang Gagawin Mo

1. Anong tawag ang ginamit ni Juan kay Jesus sa Juan 1:1-14?
   ..... a) Ang Kordero ng Diyos
   ..... b) Ang buhay na Salita.
   ..... k) Ang Salita.
2. Ayon sa Hebreo 1:1-3, paano nagsalita sa atin ang Diyos sa mga huling araw na ito?
   ..... a) Sa pamamagitan ng Kanyang Anak.
   ..... b) Sa pamamagitan ng Kanyang propeta.
   ..... k) Sa pamamagitan ng kalikasan.
3. Anong uri ng pamantayang moral ang inihayag at isinabuhay ni Jesus?
   ..... a) Yaong pangkaraniwan sa panahong iyon.
   ..... b) Ang Pinakamatayog.
   ..... k) Bagong moralidad ayon sa katayuan.
4. Saan natin makikita ang pinakamalinaw na kapahayagan ng katarungan, kaawaan, at pag-ibig ng Diyos?
   ..... a) Sa panalangin ng Panginoon
   ..... b) Sa sermon sa Bundok.
   ..... k) Sa krus.

**Ang damdamin, isipan, at plano ng Diyos**

Ipinahayag ni Jesus and damdamin, isipan, at plano ng Diyos sa Kanyang pagtuturo at katauhan. Si Jesus ay dakilang Guro gayunman, sinabi Niya:

**Juan 8:18.** Wala akong ginagawa sa ganang sarili ko lamang; nagsasalita ako ayon sa itinuro sa akin ng Ama.

**Juan 15:15.** Sinabi ko sa inyo ang lahat ng narinig ko sa aking Ama.

Makaaasa tayo na ang mga itinuro ni Jesus sa ebanghelyo ay tunay na kapahayagan at katotohanan ng Diyos. Nakita nating ang Diyos ay Amang matalino sa lahat at maibigin; inaalagaan Niyang mabuti ang Kanyang mga anak. Namumuhi Siya sa kasalanan at pagkukunwari nguni't minamahal naman ang makasalanan. Sinasabi Niya kung paano tayo maliligtas at binigyan tayo ng panuntunan — para sa maligayang buhay. Ibig Niyang talikdan ng mga anak na naliligaw ang kanilang kasalanan at manumbalik sa Kanya. Ipinababatid Niya sa atin ang tungkol sa kahangahangang buhay na inihahanda Niya para sa atin doon sa walang hanggan Niyang kaharian. Nasusulat sa Salita ng Diyos ang mga katotohanang ito.

Si Jesus, ang buhay na Salita, ay naghayag ng damdamin ng Diyos. Sa pamamagitan Niya, tinangisan ng Diyos ang Kanyang mga kaibigan, ang paghihirap ng sangkatauhan, at ang pag-aalinlangan ng mga taong nagtakwil sa Kanya at patungo sa pagkapahamak. Nagalab ang galit ng Diyos laban sa pagkukunwari, panlilinlang, at pangangalakal ng relihiyon. Naawa ang Diyos pagkakita sa mga taong gaya ng tupang walang pastol. Ipina

batid ng Diyos na ibig Niyang maging maligaya sila at walang kasalanan, karamdaman, at kinatatakutan.

### Ang Gagawin Mo

5. Ano ang damdaming ipinadama ni Jesus (kalungkutan, galit, tuwa, pagwawalang-bahala, o awa) sa:

   a) pangangalakal ng relihiyon? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   b) pagkukunwari at panlilinlang? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   d) paghihirap ng mga tao? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

   e) pagdadalamhati ng kanyang mga kaibigan? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

6. *Isipin mo:* Ano ang nadarama ng Diyos kung minamasdan ang buhay mo?

**Ang kapangyarihan at kalooban ng Diyos**

Ipinakita sa atin ni Jesus kung ano ang ibig ng Diyos at ang kapangyarihan ng Diyos na isagawa ang Kanyang layon. Ang buhay ni Jesus na masunurin at nakikipag-isa sa Diyos ay nagpapakita sa atin kung anong uri ng buhay ang nais Niyang taglayin natin. Ang mga himalang ginawa ni Jesus ay pawang pagbabadya ng kapangyarihan ng Diyos at ng Kanyang pagnanais na tumulong sa mga tao, anuman ang pangangailangan nila. Sinabi ni Jesus na naparito Siya upang ganapin ang kalooban ng Kanyang Ama. Ito'y nagpapatunay na ibig tayong pagalingin, patawarin ng Diyos, at tugunan ang lahat ng ating pangangailangan ngayon.

**Juan 5:36.** Ang mga gawang ipinagagawa sa akin ng Ama, at siya ko namang ginaganap — iyan ang nagpapatotoo na ako'y sinugo niya.

**1 Corinto 1:24.** Si Cristo ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos.

## Ang Gagawin Mo

7. Isaulo mo ang 1 Corinto 1:24.
8. Ang buhay ni Jesus na lubusang tumatalima sa Diyos at nakikipag-isa sa Kanya ay naghahayag:
   .... a) ng panuntunan ng Diyos para sa ating buhay.
   .... b) ng kapangyarihan ng Diyos na tumulong doon sa nagsusuko sa Kanya ng kanilang buhay.
   .... k) ng kabiguan nating maabot ang pamantayan ng Diyos.
   .... d) ng ating pangangailangan ng kapangyarihan ng Diyos upang magawa ang kalooban Niya.
9. Ipinakita sa atin ni Jesus na ibig at magagawa ng Diyos na:
   a) . . . . . . . . . . . ang maysakit
   b) . . . . . . . . . . ang makasalanan
   k) . . . . . . . . . . . ang mga buhay
   d) . . . . . . . ang lahat nating mga kailangan
10. *Isipin mo:* Ano ang nais gawin ng Diyos para sa iyo? Tutulutan mo ba Siya? Lagyan ng tanda ang mga bagay sa itaas na ginawa na ng Diyos para sa iyo. Sulatan ng X yaong ibig mong gawin Niya ngayon.

## Ang mga Pangalan ng Diyos ay Ipinaliwanag ni Jesus


Makikita natin sa Biblia ang maraming pangalan ng Diyos. Si Jesus, ang Salita, ang tumutulong sa atin para maunawaan ang mga ito sapagka't Siya ang tunay na kapahayagan ng Diyos.

### Ako Nga

Nang tawagin ng Diyos si Moises para pangunahan ang Kanyang bayan, tinanong ni Moises ang Kanyang pangalan. Sumagot ang Diyos: "Ako yaong si Ako Nga." Sinabi Niya kay Moises na sabihin sa mga tao na sinugo siya ni Ako Nga. Ang ngalang ito'y nagsasaad sa atin na walang hanggan, di nagbabago, ang Diyos. Walang pandarayang masusumpungan sa Diyos. Ginagawa Niya ang mga bagay na binalak Niyang ganapin. Siya'y maaasahan natin.

Nguni't ano nga ba yaong kinakatawan ng Diyos? Ano ang gawain Niya? Sinasagot ni Jesus ang mga ito sa Kanyang pahayag na naitala sa Ebanghelyo ni Juan. Walong ulit Niyang ikinapit sa sarili ang pangalan ng Diyos na *"Ako Nga."* Minsan, ginamit Niya ito upang ilarawan ang Kanyang likas na walang katapusan, nang sabihin Niyang naroon na Siya bago pa si Abraham. Sa ibang pagkakataon, ginamit ni Jesus ang pangalang ito ng Diyos upang ipaliwanag ang Kanyang katauhan at ng Diyos — upang ipakita kung ano ang ginagawa ng Diyos para sa bawa't lumalapit sa Kanya. Tutugunin ng dakilang si *Ako Nga* ang lahat ng kailangan natin.

1. "Ako ang tinapay na nagbibigay-buhay." Juan 6:35.
2. "Ako ang ilaw ng sanlibutan." Juan 8:12.



3. "Bago ipinanganak si Abraham, Ako'y Ako Na." Juan 8:58.
4. "Ako ang Pinto." Juan 10:9
5. "Ako ang mabuting pastol." Juan 10:11.
6. "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay." Juan 11:25.
7. "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay." Juan 14:6.
8. "Ako ang tunay na puno ng ubas." Juan 15:1.

## Ang Gagawin Mo


11. Bakit mahalaga ang mga talatang may *Ako?*
    .... a) Ipinaliliwanag nito ang pangalan ng Diyos.
    .... b) Ipinakikita nito sa atin ang likas ng Diyos.
    .... k) Ipinakikita nito ang magagawa ni Jesus para sa atin.
    .... d) Lahat ng nasa itaas nito.
12. *Isipin mo:* Pag-aralan ang mga *Ako* ni Jesus. Talagang ganito ba siya sa iyo? Lagyan ng tanda ang bawat kaugnayan sa talaan na ibig mong malasap kay Jesus. Anu-anong pangangailangan ang natutugunan ni Jesus sa buhay mo ayon sa mga katawagang *Ako?* Ipagpasalamat mo sa Diyos ang kanyang katauhang ito.

**Jehova**

**Ang ibig sabihin ng Jehova ay** ***Walang Hanggan o Nabubuhay na sa Simula pa.*** **Itinambal ito sa ibang salita upang bumuo ng mga pangalang pinagsanib. Lahat ng ito'y salig sa personal na kapahayagan ng Diyos at nagsasaad kung sino Siya at kung ano ang ginagawa Niya para sa mga tao. Si Jesus — ang Salitang naghahayag sa atin kung sino ang Diyos — ay nagbabadya ng katotohanan ng mga pangalang ito ng Diyos.**

1. *Jehova-jireh* — ang Panginoon ang maghahanda.

   **Genesis 22:8.** At sinabi ni Abraham, Diyos ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin.



**1 Pedro 1:19,20.** Ang itinubos sa inyo'y ang buhay ni Cristo na inihain sa krus. Siya ang Korderong walang batik at kapintasan. Itinalaga na siya ng Diyos sa gawaing ito bago pa nilikha ang daigdig.

Si Jesus ang kordero ng Diyos na inihanda upang tumubos sa ating kasalanan at namatay na kapalit natin.

2. *Jehova-ropheka* — ang Panginoon ang Nagpapagaling

   **Exodo 15:26.** Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo.



**Mateo 8:16.** Pinalayas ni Jesus ang masasamang espiritu at pinagaling ang lahat ng may karamdaman. Si Jesus, ang Dakilang Manggagamot, na nagpapagaling ng katawan, isip, puso, at bagbag na espiritu.

3. *Jehova-salom* — Ang Panginoon ang Ka-

payapaan natin.

**Hukom 6:24.** Nagtayo roon si Gideon ng isang dambana sa Panginoon, at tinawag na Jehova-salom.

**Juan 14:23,27.** Sumagot si Jesus . . . . "Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo."



Binibigyan tayo ni Jesus ng panloob na kapayapaang di nasasalig sa mga pangyayari — kapayapaan sa Diyos, pansariling kapayapaan, at kapayapaan sa iba.

4. *Jehova-rohi* — ang Panginoong ang aking Pastor.

Awit 23:1. Ang Panginoon ang aking pastor; hindi ako mangangailangan.



**Juan 10:7,11.** Sinabi ni Jesus . . . "ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa."

Si Jesus—ang Mabuting Pastol—ay namatay upang iligtas tayo at nabubuhay ngayon upang pangalagaan ang lahat ng sumusunod sa kanya.

5. *Jehova-tsidkenu* — ang Panginoon ang ating Katuwiran.

**Jeremias 23:6.** Ito ang pangalan na itatawag sa kanya: ANG PANGINOON AY ATING KATUWIRAN.

**2 Corinto 5:21.** Hindi nagkasala si Cristo nguni't alang-alang sa ating kapakanan, siya'y ibinilang na makasalanan upang tayo'y makipag-isa sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pa-



mamagitan niya.

Iisa ang paraan para magkaroon ng malinis na puso't buhay. Makakamtan natin ang maayos na pamumuhay at kaugnayan sa Diyos sa ating pakikipag-isa kay Jesus. Siya ang ating katuwiran.

6. *Jehova-shammah* — ang Panginoon ay nasa kasalukuyan.

**Ezekiel 48:35.** Ang Panginoon ay naroroon.



**Mateo 1:22.** At tatawagin siyang Emmanuel (ang kahuluga'y "Kasama natin ang Diyos.") Nangako sa atin si Jesus na lagi Siyang sasaatin. Siya'y laging malapit upang tulungan tayo.

7. *Jehovah-nissi* — Ang Panginoon ang ating Watawat.

**Exodo 17:15.** At nagtayo si Moises ng iisang dambana at pinanganlang *Jehovah-nissi* (Watawat ng Panginoon.)

**Juan 16:33.** "Mayroon kayong kapighatian dito sa sanlibutan; nguni't lakasan ninyo ang inyong loob! Napagtagumpayan ko na ang sanlibutan!"



Ang ibig sabihin ng tawag na ito'y si Jesus ang ating Tagapanguna, ang ating Tagumpay, at Kalakasan. Kung kasama Siya, lalakas tayo at magtatagumpay sa pakikibaka sa buhay.

Ano ang kahulugan sa iyo ng mga pangalang ito? Ito'y tumutukoy na kung si Jesus ang iyong Tagapagligtas, ang Panginoon ang

maghahanda para sa iyo. Pagagalingin ka ng Panginoon. Ang Panginoon ang iyong Kapayapaan. Magiging Katuwiran mo ang Panginoon, kasama mong lagi, at iyong Tagumpay. Ito ang magiging halaga sa iyo ni Jesus, kung isusuko mo sa Kanya ang iyong buhay, ipahahayag ang iyong mga kasalanan, at tatanggapin mo Siya sa iyong buhay.

## Ang Gagawin Mo

13. Ibigay ang kahulugan ng mga pangalang ito:
    a) Jehovah-jireh . . . . . . . . . . . .
    b) Jehovah-rophekah . . . . . . . . .
    k) Jehovah-salom . . . . . . . . . . .
    d) Jehovah.rohi . . . . . . . . . . . .
    e) Jehovah-shammah . . . . . . . . .
    g) Jehovah-tsidkenu . . . . . . . . .
    h) Jehovah-nissi . . . . . . . . . . . .
14. *Isipin mo:* Pag-aralan ang bawat katawagang ito kaugnay ng sarili mong karanasan. Nagpakahayag na ba saiyo si Jesus bilang Diyos na naghahanda ng iyong kailangan, manggagamot, at iba pa? Lagyan ng tanda ang bawat bagay na naranasan mo bilang pansariling pagpapahayag sa iyo ng Diyos. Sulatan ng X yaong ibig mong maranasan ngayon. Idalangin ito, pasalamatan ang Diyos na nagpahayag sa iyo sa pamamagitan ni Jesus.

Markahan ang iyong mga sagot.

## Ika-5 Aralin - Mga Sagot

Ang hinihinging tamang impormasyon ng araling ito'y 22. Mula 20 hanggang 22 ay napakahusay; 16 hanggang 19 ay mabuti; 11 hanggang 15 ay katamtaman. Kung wala pang 11 ang tama, muling basahin ang aralin.

1. k) Ang Salita.
2. a) Sa pamamagitan ng Kanyang Anak.
3. k) Ang pinakamatayog.
4. k) Sa krus.
5. a) Galit, b) Galit, k) Kalungkutan, awa
   d) Kalungkutan, awa
   e) Kalungkutan, awa
8. a) ng panuntunan ng Diyos
   b) ng kapangyarihan ng Diyos
9. a) pagalingin, b) patawarin, k) baguhin, d) ibigay
11. d) Lahat ng nasa itaas nito.
13. a) Jehovah-jireh – Ang Panginoon ang maghahanda
    b) Jehova-ropheka – Ang Panginoon ang ating manggagamot
    k) Jehovah-salom – Ang Panginoon ang ating Kapayapaan
    d) Jehovah-rohi – Ang Panginoon ang ating Pastol
    e) Jehova-tsidkenu – Ang Panginoon ang ating katuwiran
    g) Jehova shammah – Ang Panginoon ay nasa Kasalukuyan
    h) Jehova-nissi – Ang Panginoon ang ating Watawat


Bilang ng mga tamang sagot . . . . . . Antas . . . . . .

### Ang Gagawin Mo

Ngayong tapos na ang unang limang aralin, handa ka na para sagutin ang unang bahagi ng iyong TALA NG MAG-AARAL. Pagbalik-aralan ang mga Araling 1-5. Sundin ang mga alituntunin sa iyong Tala.

# 6

# SI JESUS
# ANG ILAW NG SANLIBUTAN



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Ilaw para sa Sanlibutan
- Kadiliman ng Sanlibutan
- Ilaw ng Diyos

Likas ng Ilaw
- Ang Ilaw ay nagtataboy ng kadiliman
- Ang Ilaw ay naghahayag
- Ang Ilaw ay lakas
- Ang Ilaw ay walang pinipili

Pagtugon sa Ilaw
- Pagtanggi
- Pagtanggap

## Ilaw Para sa Sanlibutan

**Kadiliman ng sanlibutan**

Naglakad ka na ba sa dilim at umasam na sana'y may ilaw upang makakita ka? Hindi mo alam ang mga panganib sa magkabikabila, o sa unahan. Ni hindi mo tiyak kung tamang landas ang tinatahak mo. Napakadaling maligaw kapag nasa dilim.

O kaya'y napalipas mo ang magdamag na maykinatatakutan kang panganib, alam o di-alam. Ibang-iba na ang paligid kinabukasan nang magliwanag at sumikat ang araw! Madali mong mauunawaan kung bakit ginagamit ng Biblia ang kadiliman bilang sagisag ng kasamaan, kamalian, kawalang-katiyakan, suliranin, at kamatayan. Ang ilaw ay isang sagisag ng buhay, galak, katotohanan, at lahat ng kabutihan.

Ang kadiliman ay pagkawala ng ilaw. Nilamon ng espirituwal na kadiliman ang sanlibutan mula nang mahiwalay sa Diyos sina Adan at Eba dahil sa kasalanan. Bakit? Sapagkat ang Diyos ang pinagmumulan ng ilaw. Pag wala siya, lalaboy tayo sa dilim — naligaw, hindi alam ang pupuntahan. Inilalarawan ng Biblia ang ganitong kalagayan:

**Isaias 59:2,9,10.** Pinapaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagpakubli ng kanyang mukha sa inyo, kaya't ang kahatulan ay malayo sa amin, o umaabot man sa amin ang katuwiran: kami'y nagsisihanap ng liwanag, ngunit narito, kadiliman; ng kaliwanagan, ngunit nagsisilakad kami sa kadiliman. Kami'y nagsisikapa sa bakod na parang bulag, oo, kami'y nagsisikapa na gaya nila na walang mga mata.

**Efeso 4:18.** Wala silang pang-unawa.

**I Juan 2:11.** Ang napopoot sa kanyang kapatid ay nasa kadiliman pa: lumalakad siya sa kadiliman at hindi nalalaman ang kanyang patutunguhan, sapagkat binulag ng kadiliman.

## Ang Gagawin Mo

1. Ano ang kadiliman?
   .... a) Isang kapangyarihan
   .... b) Kawalan ng ilaw
   .... k) Kalabuan ng mata.

2. Ano ang pinagmulan ng kadilimang espirituwal sa sanlibutan?
   .... a) Kapalaran
   .... b) Kawalan ng espirituwal na ilaw
   .... k) Kasalanan ang naghiwalay. sa tao mula sa Diyos

3. Ilista ang sumusunod sa ilalim ng tamang panig: buhay, kamatayan, galak, mabuti, kasamaan, pag-ibig, poot, kamalian, katotohanan.

| Kadiliman | Kaliwanagan |
| --- | --- |
| ............. | .......... |
| ............. | .......... |
| ............. | .......... |

## Ilaw ng Diyos

Ang Diyos ay ilaw — pinagmumulan ng lahat ng liwanag. Nasa kadilimang espirituwal ang mga tao malibang tumanggap sila ng tanging kapahayagan ng ilaw ng Diyos. Kaya nga naparito si Jesus at naging Ilaw ng Sanlibutan: Siya'y dumating upang ibigay sa atin ang Ilaw ng Diyos upang ihayag sa atin ang pag-ibig at kalooban ng Diyos para sa atin.

**1 Juan 1:5.** Ang Diyos ay ilaw, at walang anumang kadiliman sa kanya.

**Juan 1:4.** Mula sa kanya ang buhay at ang buhay ang siyang ilaw ng sangkatauhan.

Sabi ni Jesus tungkol sa kanyang sarili:



**Juan 8:12.** Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa akin ay magkakaroon ng ilaw na nagbibigay-buhay, at di na lalakad sa kadiliman."

**Juan 9:5.** "Habang ako'y nasa sanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan."

Hindi dapat ipagtaka ng mga tao na mapakinggang tinukoy ni Jesus na Siya ang ilaw ng sanlibutan. Hinulaan ni propeta Isaias na darating ang Mesias bilang Ilaw ng Diyos. Binanggit ni Mateo ang hulang ito sa Matandang Tipan at sinabing naganap kay Jesus:

**Mateo 4:16.** Itong bayang nag-apuhap sa gitna ng kadiliman sa wakas ay nakakita ng maningning niyang ilaw. Liwanag na taglay nito'y siya ngayong tumatanglaw sa lahat ng nalugami sa lilim ng kamatayan!

### Ang Gagawin Mo

4. Anong talata ang nagsasabing ang Diyos ay ilaw? . . . . . . . . . . . . . .
   Isaulo mo ito.

5. Sino ang nagsabi, "Ako ang ilaw ng sanlibutan? . . . . . . . . . . . . . . . .

6. Isaulo ang Juan 8:12, Ano ang sinabi ni Jesus na kakamtan natin kung tayo'y susunod sa kanya?

### Likas ng Ilaw

**Ang Ilaw ay Nagtataboy sa kadiliman**

Si Jesus, ang ilaw, ay nagtataboy sa kadiliman. Ang presencia Niya sa puso ang nagtataboy ng kasalanan, kasamaan, takot, at poot. Ang Kanyang ilaw ay naghahatid ng pag-asa katiyakan, kaaliwan, at kalakasan sa kaluluwa.

**Awit 27:1.** Ang Panginoon ay aking liwanag, at aking kaligtasan: kanino ako matatakot? Ang Panginoon ay katibayan ng aking buhay: kanino ako masisindak?



Makapangyarihan ang ilaw kaysa kadiliman. "Lahat man ng kadiliman sa sanlibutan ay di makapapatay sa ilaw ng isang kandila." Kung si Jesus ay nasa iyo, ang kapangyarihan ng kasamaan sa paligid, at ang madidilim na karanasan ng buhay ay hindi makatatakip sa Kanyang ilaw. Isang babaing Cristiano ang matagal nang maysakit at di makabangon gayunma'y lagi siyang masayahin. Nang tanungin kung paano siya nagiging masaya gayong di man makalabas upang masdan ang araw, ganito ang sagot niya. "Madilim ang aking silid nguni't ang Anak ng Diyos ay nasa puso ko" Si Jesus ang pinagmumulan ng panloob niyang ilaw na nagtataboy sa kalungkutan. Binabaha Niya ang kanyang kaluluwa sa liwanag ng araw.

**Juan 1:5.** Nagliliwanag sa kadiliman ang ilaw, at hindi ito kailanman nagapi ng kadiliman.

**Mikas 7:8.** Pagka ako'y naupo sa kadiliman, ang Panginoon ang magiging ilaw sa akin.

## Ang Gagawin Mo

7. Ano ang magtataboy sa takot, kasamaan, kasalanan, poot, pagdaramdam sa puso ng tao?
   .... a) mag-isip ng positibo
   .... b) sundin ang tuntunin sa wastong pag-iisip
   .... k) ang pananahanan ni Jesus sa buhay
8. *Isipin mo:* Kailangan mo ba si Jesus upang itaboy ang anumang kadiliman sa iyong buhay? Mayroon ka bang panloob na ilaw na naglilliwanag kahit may paghihirap o suliranin kang dinaranas?

**Ang Ilaw ay naghahayag**



Dahil sa ilaw, nakikita natin ang mga bagay. Ang tanging paraan upang ating maalaman ang espirituwal na katotohanan ay sa pamamagitan ng espirituwal na ilaw na nanggagaling sa Diyos. Matatagpuan natin ang ilaw na ito sa Salita ng Diyos — ang Biblia at sa buhay na Salita ng Diyos — si Jesu-Cristo. Si Jesus ang naghahayag at nagbibigay-kahulugan sa buhay. Tinutulungan Niya tayong maunawaan ang Salita ng Diyos at ipinakikita sa atin ang daan tungo sa Diyos. Siya mismo ang daan.

> **Juan 14:6.** Sumagot si Jesus. "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko."

Tinutulungan tayo ni Jesus na makita ang tunay nating katayuan. Sa Kanyang sakdal na buhay at mga turo, tayo'y napakalayo upang makaabot sa mga pamantayan ng Diyos. Nakikita natin ang ating mga kasalanan kapalaluan, pagka-makasarili, at kubling mga motibo. Ipinakikita sa atin ni Jesus na kailangan natin ang kapatawaran at bagong buhay na iniaalok Niya sa atin.

Ipinakikita sa atin ni Jesus ang katangian ng Diyos at kung paano Niya matutugunan ang ating mga pangangailangan. Ibinabadya ni Jesus ang pag-ibig ng Diyos, pagpapahinuhod sa atin, at paghahanda ng paraan ng ating kaligtasan. Ipinakikita Niya kung paano natin tanggapin ang Diyos sa ating buhay at masiyahang lagi sa kanyang liwanag.

**2 Corinto 4:6.** Ang Diyos na nagsabi, "Mula sa karimlan ay sisilang ang liwanag," ay siya ring nagbigay-liwanag sa aming mga isip upang makilala ang kadakilaan ng Diyos na nahahayag sa mukha ni Cristo.

**Hebreo 1:3.** Ang Anak ang maningning na sinag ng Diyos sapagkat kung ano ang Diyos ay gayon din ang Anak.

## Ang Gagawin Mo

9. Sabihin ang dalawang lugar na katatagpuan natin ng katotohanan tungkol sa ating sarili, sa Diyos at sa buhay.

   a) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
   b) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

10. Isaulo ang 2 Corinto 4:6.

11. Sa 2 Corinto 4:6, saan nagliliwanag ang kaningningan ng Diyos? . . . . .
    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

12. Saan pinasisikat ng Diyos ang kanyang ilaw upang mahatdan tayo ng liwanag ng kaalaman tungkol sa kadakilaan ng Diyos? . . . . . . . .
    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

13. Sa Hebreo 1:3, anong ilaw ang taglay ni Jesus sa Kanyang paglili-wanag? . . . . . . . . . . . . . . . . . .
    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

14. *Isipin mo:* Ibig mo bang mamasdan ang kaningningan ng Diyos sa mukha ni Jesu-Cristo?

**Ang Ilaw ay lakas**



Ang ilaw ay maningning na lakas. Nadaragdagan ang natututuhan ng mga siyentipiko tungkol sa lakas na galing sa araw. Napakabisa nito at magagamit ng mga tao. Magagamit ito upang magpainit sa mga tahanan at magpaandar ng mga makinarya. Ngunit ang pinakamahalaga'y ang nagagawa nito sa buhay at kalusugan. Maraming halaman ang di tutubo sa lilim. Pinapatay ng sinag-araw ang maraming mikrobyo at nakatutulong sa ating kalusugan at kalakasan. Isipin mo kung walang araw sa ibabaw ng lupa. Walang init. Walang buhay. Walang lakas na magpapanatili rito sa pag-inog. Ang lupa ay magiging bolang ilado sa madilim na kalawakan, pabulusok sa kapahamakan.



Kung paanong ang araw ay mahalaga sa lupa, si Jesus na Araw ng Katuwiran ay ating kailangan. Naghahatid Siya ng buhay, init, kalusugan, lakas, at kapangyarihan, sa mga tumatanggap sa Kanya. Ang kanyang kapangyarihan ang umaakay sa atin sa tamang landas. Pinagagaling Niya ang ating katawan at espiritu. Ang ilaw na nagbibigay-buhay na dulot ni Jesus ay malakas kaysa kamatayan. Gaya ng halamang umuusbong at sumasalubong sa sinag-araw; ang patay na sumunod kay Jesus ay babangon sa libingan, taglay ang bagong katawan at sasalubong sa Kanya kung bumalik na Siya rito sa lupa.

**Malakias 4:2.** Ngunit sa inyo na nangatatakot sa aking pangalan ay sisikat ang Araw


ng katuwiran na may kagalingan sa kanyang mga pakpak.

## Ang Gagawin Mo

15. Ano ang tawag kay Jesus sa Malakias 4:1? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
16. *Isipin mo:* Paano inihahambing ang taong wala kay Jesus sa lupang walang araw? May kakilala ka bang ganyan? Kung gayon, patulong ka sa Diyos para makilala niya si Jesus.


Ang ilaw ay para sa lahat, saanman. Kung paanong pagsikat ng araw sa burol at sa patag, sa mayaman at sa mahirap, sa matalino at sa mangmang; gayon nagliliwanag si Jesus sa buong sanlibutan, sa mabubuti at sa masasama. May nag-aakalang para sa kanilang bansa lamang ang Tagapagligtas. Ngunit nililinaw ng Diyos na ang Kanyang ilaw ng pagliligtas ay para sa buong sanlibutan.

**Juan 1:9.** Ang tunay na ilaw, na tumatanglaw sa lahat ng tao, ay dumarating sa sanlibutan.




**Lucas 1:78,79.** Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos; magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa lilim ng kamatayan. At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Isang lalaking bulag ang nasa tabing-daan at namamalimos. Narinig niyang marami ang dumarating. Nalaman niya na daraan si Jesus, kasama ng karamihan. Nabalitaan na ng bulag na si Jesus ay nagpapagaling. Sumigaw siya, "Jesus, Anak ni David! Maawa ka sa akin!" Sinaway siya ng mga tao at pinatahimik. Hindi nila inakalang may panahon si Jesus na tulungan ang pulubi. Ngunit may panahon nga si Jesus na tumulong sa sinumang napasasaklolo. Patuloy na tumawag ang bulag. Tumigil si Jesus, pinalapit ang pulubi. Ito'y pinagaling ni Jesus.



**Lucas 18:43.** Noon di'y nakakita siya at sumunod kay Jesus, at nagpasalamat sa Diyos.

Nagkaroon ng panibagong kahulugan ang buhay para sa pulubing nakakilala kay Jesus. Naging araw ang dating kadiliman. Hindi mahalaga kung ano ang nakaraan, na siya'y namamalimos at kumakapa sa dilim. Ngayon, siya'y lumalakad sa liwanag — hindi na bulag na pulubi kundi tagasunod ni Jesus, ang Ilaw ng sanlibutan!

## Ang Gagawin Mo

17. Sa Juan 8:12, sinasabing si Jesus ay naparito bilang
    .... a) Ilaw para sa Kanyang bayan lamang
    .... b) Araw ng katuwiran
    .... k) Ilaw ng sanlibutan
18. Nang maganap ang Lucas 1:78-79, pinapangyari ng Diyos na magbukang-liwaway ang kaligtasan sa

    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

    at mula sa langit ay liwanagan ang . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ng nasa madilim na anino ng kamatayan. Basahin uli ang Lucas 1:78-, 79 at ilagay sa puwang ang iyong pangalan.
19. *Isipin mo:* Paanong nabago ang buhay ng pulubi matapos tumawag kay Jesus ng ito'y masalubong? Paano babaguhin ni Jesus ang iyong buhay? May mga tao ba sa paligid mo na nangangailangan kay Jesus? Inilalapit mo ba sila sa kanya o hinahayaan lamang?

## Pagtugon sa Ilaw

### Pagtanggi

May mga taong ayaw kay Jesus at tumatangging tanggapin ang Kanyang Ilaw. Ibig nilang mamuhay ayon sa ibig nila. Ayaw nilang gawin ang ipinagagawa ni Jesus. Nang narito sa lupa si Jesus, may mga namuhi sa Kanya pagkat ang Kanyang turo ay nagpakitang sila'y mga makasalanan. Ibig nilang patayin ang ilaw, patayin si Jesus. Nilabanan nila

ang ebanghelyo. Ipinabatid ni Jesus sa kanila na Siya ang nagdala ng kaligtasan para sa bawat isa. Sinumang tatanggap sa Kanya ay maliligtas. Ngunit yaong tumatanggi sa kanyang ilaw ay humahatol sa kanilang sarili na mamuhay at mamatay sa kadiliman.

> **Juan 3:19,20.** Hinatulan sila sapagkat naparito sa sanlibutan ang ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwanag, sapagkat masama ang kanilang mga gawa. Ang gumagawa ng masama ay ayaw sa ilaw, at hindi lumalapit dito upang hindi mahayag ang kanyang mga gawa.

## Ang Gagawin Mo

20 *Isipin Mo:* May kilala ka bang tumanggi kay Jesus? Bakit kaya? Ano ang mangyayari sa kanila? Magbago kaya sila ng isip kung makilala nilang higit si Jesus ito ba'y pagtanggi? Mapanganib ba ito? Ano kaya ang nadarama ng ng Diyos pagkakita sa mga tumatanggi sa kaligtasang iniaalok Niya sa pamamagitan ni Jesus?

**Pagtanggap**

Ipinangako ni Jesus, "Sinumang sumusunod sa Akin ay magkakaroon ng ilaw ng buhay." Ito ang karanasan ng pagkakamit at patuloy na pagkakamit. Si Jesus ang ilaw. Ang magkamit sa Kanya ay may ilaw ng buhay at lahat ng biyayang kaugnay nito. Ang pagkakaroon ng ilaw ay higit sa pagkakamit ng kaalaman, kapangyarihan, at ng relihiyon. Higit ito kaysa pagkabatid ng tungkol kay Jesus o sa Kanyang turo. Ito'y pag-aangkin kay Jesus bilang nagniningning, nagpapalakas, nakikitang lakas sa iyong buhay.



Ang sabi ni Jesus, "Sinumang sumusunod sa akin." Para makamtan ang ilaw ng Diyos, tayo'y sumunod kay Jesus, mamuhay sa Kanyang katotohanan. Nagpapahayag ang Diyos doon sa nakalaang tumanggap ng katotohanan at handang sumunod sa Kanya. Araw-araw, tayo'y pinapatnubayan Niya.

**1 Juan 1:7.** Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, kung paanong siya'y nasa liwanag, tayoy' nagkakaisa at nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng ating kasalanan.

**Kawikaan 4:18.** Ang landas ng matuwid ay parang maliyab na liwanag na sumisilang nang higit at higit sa sakdal na araw.

Ibig mo bang sumunod kay Jesus at magkaroon ng ilaw ng buhay? Tanggapin mo Siya sa bawat bahagi ng iyong buhay ngayon. Bayaan mong itaboy ng Kanyang maningning na pakikisama ang lahat ng kadiliman. Sundan ang Kanyang ilaw at ibahagi sa iba. Isuko mo sa Kanya ang iyong buhay upang mapuspos Niya ng Kanyang ilaw.

**Panalangin:** Jesus, pumasok ka sa buhay ko. Alisin mo ang kadiliman ng aking mga kasalanan at kinatatakutan. Baguhin mo ako ayon sa ibig Mo. Paningningin mo ako ng Iyong liwanag. Tulungan mong masunod Kita bawa't araw. Salamat sa Iyong ilaw.



## Ang Gagawin Mo

21. Isaulo ang 1 Juan 1:7. Ano ang ginagawa sa atin ng dugo ni Jesus kung namumuhay tayo sa liwanag?
22. Kung hindi mo pa tinatanggap si Jesus, gawin mo na ngayon. Magagamit mo ang panalanging narito o manalangin ka ng sarili mo. Kung tinanggap mo na Siya, pasalamatan Siya dahil sa Kanyang ilaw. Patulong sa Kanya na makalakad sa liwanag at patulong na maibahagi ito sa iba.

**Markahan ang iyong mga sagot.**

## Ika-6 na Aralin — Mga Sagot


Ang mga tanong sa araling ito'y nangangailangan ng 24 na sagot. Napakahusay ang antas ng 22 hanggang 24 na tama; 18 hanggang 21, mabuti; 13 hanggang 17 katamtaman. Kung wala pang 13 ang tama, basahing muli ang aralin.

1. b) Kawalan ng ilaw
2. k) Kasalanang naghiwalay sa tao mula sa Diyos.
3. Kadiliman: kamatayan, kasamaan, poot, kamalian.
   Ilaw: buhay, galak, mabuti, pag-ibig, katotohanan.
4. 1 Juan 1:5.
5. Jesus.
6. Ilaw ng buhay.
7. k) ang pananahanan ni Jesus sa buhay.
9. a) Ang Biblia; b) si Jesus
11. Sa mukha ni Cristo.
12. Sa ating puso.
13. Ang kaningningan ng Diyos.
15. Araw ng katuwiran.
17. k) Ilaw ng sanlibutan.
18. atin, lahat
21. Nalilinis tayo sa lahat ng ating kasalanan.

Bilang ng mga tamang sagot . . . . . . Antas . . . . . .

# 7

# SI JESUS ANG MANGGAGAMOT AT NAGBABAUTISMO



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Si Jesus ang Banal na Manggagamot
- Manggagamot ng katawan at kaluluwa
- Pagpapatuloy ng Kanyang gawain

Nagbabautismo ng Espiritu Santo
- Pangako
- Katuparan

### Si Jesus ang Banal na Manggagamot

Sa mga pahina ng ebanghelyo, makikita natin si Jesus bilang Dakilang Manggagamot, nagpapagaling ng katawan at ng kaluluwa. At sa pakikipag-usap sa Kanyang mga tagasunod, matutuklasan nating ipinagpapatuloy Niya ang ganito.

### Manggagamot ng katawan at kaluluwa


Ano ang manggagamot? Ano ang ginagawa niya? Ang tugon sa mga ito'y tutulong sa atin na pahalagahan si Jesus bilang ating Banal na Manggagamot. Ang isang mabuting manggagamot:

1. Ay ibig makatulong at magpagaling sa maysakit.
2. Ay may kakayahan at handang gumamot sa maysakit.
3. Ay masusing sumusuri sa kanyang pasyente.
4. Ay matiyagang naghahanap kung ano ang suliranin ng maysakit.
5. Ay naghahatol ng wastong panlunas.
6. Ay naglalapat ng kailangang lunas (na sinangayunan ng pasyente).

Totoo ba ang mga pahayag na ito tungkol kay Jesus? Oo. Bawa't isa! Ipinakita Niyang Siya'y nagmamalasakit sa may karamdaman sa kaluluwa at katawan. Sapagka't Siya ang Lumikha sa atin, hindi Niya kailangan ang X-ray para malaman ang ating sakit. Kilala Niya tayo at nauunawaan ang mga pangangailangan natin. Tayo'y Kanyang ginawa at madali Niyang maisaayos ang anumang sangkap na may kapansanan.

Ang pagpapagaling at ang kaligtasan ay kapwa mahalagang bahagi ng paglilingkod ng Tagapagligtas. Sa katunayan, sa pagkakagamit sa Biblia kalakip ng salitang "Kaligtasan" ang kalusugan ng katawan at katubusan ng kaluluwa.

**Mateo 4:23,24.** Nilibot ni Jesus ang buong Galilea, nagtuturo sa mga sinagoga at ipinangangaral ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din Niya ang mga tao sa bawa't sakit at karamdaman Siya'y nabantog sa buong Siria kaya't dinala sa kanya ang lahat ng maysakit, at mga pinahihirapan ng iba't ibang karamdaman: mga inaalihan ng mga demonyo, mga himatayin, mga paralitiko. Pinagaling silang lahat.



**Mateo 8:17.** Ginawa niya ito upang matupad ang sinabi ni Propeta Isaias, 'Kinuha Niya ang ating mga kahinaan at binata ang ating karamdaman."

Pinagaling ni Jesus ang lahat ng lumapit sa Kanya at ibig gumaling — ang mga bulag, may karamdaman, lumpo, at yaong inaalipin ng espiritu ng takot, paghihinala, at poot. Ang ating Banal na Manggagamot ay naparito upang palusugin tayong lubos — sa pangangatawan, isip, damdamin, at espiritu. Ibig Niyang maranasan natin ang tunay na kasiyahan sa buhay.

> **Juan 10:10.** "Naparito ako upang sila'y magkaroon ng buhay — isang buhay na ganap at kasiya-siya."

### Ang Gagawin Mo

1. Ano ang kalakip ng salitang "kaligtasan" sa pagkakagamit sa Biblia?

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

2. Anong uri ng buhay ang ibig ibigay sa atin ni Jesus, ayon sa Juan 10:10?

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

3. Ayon sa Mateo 8:17, anong hula tungkol sa Mesias ang tinupad ni Jesus nang Siya'y magpagaling?

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Pagpapatuloy ng Kanyang gawain**

Si Jesus pa rin ang Dakilang Manggagamot. Isinugo Niya ang Kanyang mga tagasunod upang magpagaling, sa bisa ng Kanyang pangalan. Yaong ginawa Niya noong Siya'y narito sa lupa bilang isang tao, ngayon man ay ginagawa Niya bilang pagtugon sa panalangin

at sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Hindi nagbabago si Jesus. Libu-libong tao ang makapagsasabi sa iyo kung paano sila pinagaling ni Jesus na tugon sa kanilang panalangin.

**Marcos 16:17,18,20.** "Ang mga sumasampalataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa pangalan ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo...gagaling ang mga maysakit na mapatungan ng kanilang mga kamay. Humayo nga ang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatotohanan niya ang Salitang kanilang ipinangangaral sa pamamagitan ng kapangyarihan gumawa ng himala, na ipinagkaloob Niya sa kanila.

**Hebreo 13:8.** Si Jesu-Cristo noong nakaraan ay siya in sa kasalukuyan at siya rin magpakailanman.

**Santiago 5:14, 15.** Mayroon bang maysakit sa inyo? Ipatawag niya ang matatanda ng iglesya, upang ipanalangin siya at pahiran ng langis, sa ngalan ng Panginoon. At pagagalingin ang maysakit dahil sa panalanging may pananampalataya. Ibabangon siya ng Panginoon, at patatawarin kung siya'y nagkasala.

### Ang Gagawin Mo

4. *Isipin Mo:* Ano ang kahulugan sa iyo ng Hebreo 13:8? Nangangailangan ka ba ng pagpapagaling ni Jesus?

## Nagbabautismo ng Espiritu Santo

**Pangako**

Mababasa natin sa Matandang Tipan ang tungkol sa mga nanguna sa bayan ng Diyos — mga propeta, saserdote, at pinuno — na napuspos ng Espiritu Santo. Natatandaan ninyong sila'y pinahiran ng langis upang italaga sa Diyos. May sinasagisag ang langis na ito. Ang Diyos ang inaasahan nilang pupuspos sa kanila ng kanyang Espiritu upang sila'y magkaroon ng kapangyarihang gumawa ng mga bagay na ipinagagawa Niya sa kanila.



Isang araw, ibinigay ng Diyos kay propeta Joel ang isang kahangahangang pangako. Darating ang panahon na ibubuhos ng Diyos sa lahat ng tao ang kanyang Espiritu, hindi lamang sa kanyang hinirang na manguna.

**Joel 2:28,29.** At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalaki at babae ay manghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay makakakita ng mga pangitain; at sa mga lingkod na lalaki at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na yaon ang aking Espiritu.



Pagkaraan ng maraming siglo, sinabi ng Diyos kay Juan Bautista na ang Mesias ay magbabautismo ng Espiritu Santo. Sinugo ng Diyos si Juan bilang tanging kinatawan Niya upang ihanda ang daan para sa pagdating ng Mesias at Siya'y ipakilala sa madla. Nagkatipon ang maraming tao upang pakinggan ang pangangaral ni Juan. Siya'y nagbautismo sa maraming tao upang ipakita na pinagsisihan nila't tinalikdan ang kanilang mga kasalanan at ngayo'y mga anak sila ng Diyos. Sabi ni Juan sa kanila:



**Mateo 3:11.** "Binautismuhan ko kayo sa tubig, bilang tanda ng pagsisisi ninyo't pagtalikod sa inyong mga kasalanan; nguni't ang dumarating na kasunod ko ang magbabautismo sa inyo ng Espiritu Santo at sa apoy."

Di nagtagal pagkaraan nito, ipinakilala nga ni Juan si Jesus. Gumamit siya ng apat na katawagan bilang paglalarawan kay Jesus at sa Kanyang misyon:

1. Kordero ng Diyos
2. Ang isang higit sa akin
3. Ang magbabautismo sa pamamagitan ng Espiritu Santo
4. Ang Anak ng Diyos

**Juan 1:29,30,32-34.** Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!

Siya ang tinutukoy ko nang aking sabihin, "Dumarating na kasunod ko ang isang higit sa akin, sapagkat siya'y siya na bago pa ako ipinanganak." Nakita ko ang Espiritung bumababa buhat sa langit, gaya ng isang kalapati, at nanatili sa kanya. Hindi ko nga Siya lubos na nakikilala noon, ngunit ang nagsugo sa akin upang magbautismo sa tubig ang nagsabi sa akin, "Makikita mo ang Espiritu na bababa at mananatili sa isang tao; siya ang magbabautismo sa pamamagitan ng Espiritu Santo," Nakita ko ito, at pinatototohanan ko na siya ang Anak ng Diyos."



Sa loob ng tatlong tao't kalahati ng paglilingkod ni Jesus sa mga tao, pinag-isip-isip marahil ng kanyang mga alagad kung kailan Siya magbabautismo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang karanasang ito'y tinawag ni Jesus na "pangako ng Ama." Nguni't kailangan muna Niyang tuparin ang Kanyang misyon bilang Kordero ng Diyos bago maging tagapagbautismo ng Espiritu Santo. Kailangan muna Siyang mamatay, muling mabuhay, at magbalik sa langit. At mula roon, ipadadala sa kanila ang Espiritu Santo. Noong gabing bago mamatay si Jesus, marami Siyang sinabi sa mga alagad tungkol sa Espiritu Santo at ang gagawin Niya.

**Juan 14:16,26; 15:26, 16:7,13.** "Dadalangin ako sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng isa

pang Mang-aaliw na maging kasama ninyo magpakailanman. Ang Mang-aaliw, ang Espiritu Santo na susuguin ng Ama sa pangalan ko, ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay, at magpapaalaala ng lahat ng sinabi ko sa inyo Ang Mang-aaliw — ang Espiritu ng katotohanan, ang paririto mula sa Ama. Susuguin ko siya sa inyo buhat sa Ama, at siya ang magpapatotoo tungkol sa akin. Ang pag-alis ko'y sa ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paririto sa inyo ang Mang-aaliw, kung hindi ako aalis. Nguni't kung umalis ako, susuguin ko siya sa inyo. Pagdating ng Espiritu ng katotohanan, tutulungan niya kayo upang maunawaan ninyo ang buong katotohanan."

Matapos mabuhay na muli si Jesus, bago Siya umakyat sa langit, sinabi Niya sa Kanyang mga tagasunod:

1) Una, tanggapin nila ang Espiritu Santo at ang Kanyang kapangyarihan upang makapagpatotoo sila para sa Kanya.

2) Pagkatapos, sabihin nila sa bawa't tao sa lahat ng lugar ang tungkol kay Jesus at ang Kanyang pagliligtas.

**Gawa 1:4,5,8.** "Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama, na sinabi ko sa inyo. Nagbautismo nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at babautismuhan kayo sa Espiritu Santo. Nguni't bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."

## Ang Gagawin Mo

5. Sinong propeta sa Matandang Tipan ang nagsabing ibubuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu Santo?

   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

6. Anong apat na tawag ang ikinapit ni Juan Bautista kay Jesus nang ito'y ipakilala niya?
   a) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
   b) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
   k) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
   d) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

7. Alin sa mga ito ang tinutukoy ni Jesus na ipinangako ng Ama?
   .... a) Ang pagdating ng Espiritu Santo sa sanlibutan.
   .... b) Ang bautismo sa Espiritu Santo.
   .... k) Ang pagkilos ng Espiritu sa puso ng makasalanan.


8. Ipinangako ni Jesus na ang kanyang mga tagasunod ay bibigyan ng Espiritu Santo ng kapangyarihan para . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

9. *Isipin mo:* Ipalagay na ikaw ay isa sa mga alagad ni Jesus. Basahin uli ang sinabi ni Jesus tungkol sa Espiritu Santo. Aling pangako ang tanging makaaakit sa iyo? Ano ang madarama mo kung sinabi sa iyo ni Jesus, "Ilang araw na lamang at babautismuhan ka sa Espiritu Santo?"

**Katuparan**

Bago umakyat sa langit si Jesus, sinabi Niya sa Kanyang mga tagasunod na babautimuhan sila sa Espiritu Santo pagkalipas ng ilang araw. Sila'y nagbalik nga sa Jerusalem at doon naghintay. Makaraan ang sampung araw — noo'y Araw ng Pentecostes — natupad ang pangako! Binautismuhan sila ni Jesus (ang 120 mananampalataya) sa Espiritu Santo at apoy. At tinanggap nila ang ipinangako Niyang kepangyarihan — ang kapangyarihang maging saksi Niya.

> **Gawa 2:1-7,11.** Nang sumapit ang araw ng Pentecostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hagunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang wari'y mga dilang apoy na lumapag sa bawa't isa sa kanila. At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.



May mga Judiong buhat sa iba't ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem . . .

> Pagkarinig sa ugong na ito, nagkatipon ang maraming tao. At namangha sila sapagkat sinasalita ng mga alagad ang mga wika nila. Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi, "Hindi ba Galileo silang lahat? . . . . Naririnig natin silang nagsasalita sa ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos!"

Puspos ng Espiritu Santo na nangaral sa kanila si Pedro. Ang nakikita nila'y ang katuparan ng hula ni Joel. Tinanggihan nila si Jesus na Mesias at ipinako Siya sa krus. Nguni't Siya'y muling binuhay ng Diyos. Nagbalik sa langit si Jesus at sinugo ang Espiritu Santo para tumulong sa Kanyang mga tagasunod. Nagpatunay ito na si Jesus nga ang Mesias.

> Gawa 2:32,33,36, "Itong si Jesus ay muling binuhay ng Diyos, at saksi kaming lahat sa bagay na ito. Nang itaas siya sa kanan ng Diyos, tinanggap niya sa kanyang Ama ang ipinangakong Espiritu Santo, at ito'y kanyang ipinagkaloob sa amin, tulad ng inyong nakikita at naririnig ngayon . . . . Itong si Jesus na ipinako sa krus — siya ang ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo!

Sa palagay mo kaya, naalaala ng mga tao ang sinabi sa kanila ni Juan Bautista tungkol kay Jesus — na magbabautismo sa Espiritu Santo? Totoo ang pahayag ni Juan. Si Jesus nga ang Kordero ng Diyos, ang Nagbabautismo, ang Anak ng Diyos — ang Mesias. Nakalulungkot kung bakit hindi sila naniwala kay Jesus! Ang kanilang pag-aalinlangan ang nagpako sa Kanya sa krus. Mapatawad kaya sila ng Diyos?

> GAWA - 2:37,41 Nabagabag ang kanilang kalooban nang marinig ito, at tinanong nila

si Pedro at ang ibang mga apostol, "Mga kapatid, ano ang gagawin namin?" Sumagot si Pedro, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin; at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo. Sapagka't ang pangako'y para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo — sa bawat tatawagin ng Panginoong Diyos natin." Kaya't ang mga naniwala sa kanyang sinabi ay nagpabautismo; at nadagdag sa kanila ang may 3,000 tao nang araw na iyon. Mula nga noon, itinala sa aklat ng Mga Gawa ang ginawang pagsaksi ng mga mananampalatayang puspos ng Espiritu. Nagpatotoo sila tungkol kay Jesus saan man sila magtungo.

Nagbabautismo pa rin ba ngayon si Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo? Oo! ang hula ni Joel ay higit na malawak na natutupad ngayon kaysa alinmang panahon sa kasaysayan. Sa buong mundo, angaw-angaw na mananampalataya ang tumatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo. Si Jesus ay naghahatid ng bagong buhay at kapangyarihan sa maraming iglesya. Tinatawag natin itong "*Karismatikong pagpapanibagong-buhay.*" Ang ibig sabihin ng "*Karisma*" ay kaloob. Ang Espiritu Santo ay dumarating bilang isang kaloob at kalakip nito ang maraming kapangyarihang espirituwal.

Nais ni Jesus na maging Tagapagligtas mo, Manggagamot at Tagapag-bautismo. Dalhin sa Kanya ang iyong mga pangangailangan. Sumuko ka sa Kanya. Tutugunin ka Niya nga-

## Ang Gagawin Mo

10. Ilan ang napuspos ng Espiritu Santo noong Araw ng Pentecostes?

    . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

11. Ano ang ginawa ng mga mananampalataya nang sila'y mapuspos ng Espiritu Santo?
    .... a) Nagdaos ng pulong ebanghelistiko .
    .... b) Pinuri nila ang Diyos sa mga wikang hindi nila alam.
    .... k) Sila'y sumaksi sa mga dayuhan at ginamit ang mga wikang natutuhan.
12. Anong uri ng kapangyarihan ang tinanggap ng mga mananampalataya noong Araw ng Pentescostes?
    .... a) Kapangyarihang pampulitika
    .... b) Kapangyarihang eklesiastiko
    .... k) Kapangyarihang espirituwal upang maging saksi.
13. Kailang nangyari ang pinakamalawak na katuparan ng hula ni Joel?
    .... a) Noong Araw ng Pentescostes.
    .... b) Noong unang bahagi ng Siglo 20
    .... k) Sa panahong ito ng karismatikong pagpapanibagong-buhay.
14. *Isipin mo:* Nais mo bang makitang napupuspos ng Espiritu Santo ang lahat ng Cristiano at sumasaksi para kay Jesus? Idalangin mo ang tungkol dito.

Markahan ang iyong mga sagot.

## Ika-7 Aralin — Mga Sagot

Ang hinihingi ng araling ito'y 14 na tamang sagot. Mula 13 hanggang 14 ay napakahusay na antas; 10 hanggang 12 ay mabuti; 7 hanggang 9, katamtaman. Kung wala pang 7 ang tama, basahing muli ang aralin.

1. Kalusugan ng katawan at katubusan ng kaluluwa.
2. Buhay na ganap at kasiya-siya.
3. Kinuha niya ang ating mga kahinaan at binata ang ating mga karamdaman.
5. Si Joel.
6. a) Koredero ng Diyos, b) Isang higit sa akin k) ang nagbabautismo sa Espiritu Santo, d) Anak ng Diyos.
7. b) Ang bautismo sa Espiritu Santo.
8. maging mga saksi Niya
10. 120
11. b) Pinuri nila ang Diyos sa mga wikang hindi nila alam.
12. k) Kapangyarihang espiritual upang maging saksi.
13. k) Sa panahong ito ng karismatikong pagpapanibagong-buhay.

Bilang ng mga tamang sagot . . . . . . Antas. . . . . . .

# 8

# SI JESUS ANG TAGAPAGLIGTAS



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Ang Tagapagligtas ng Sanlibutan
- Ang pangalan ni Jesus
- Katangian ng kaligtasan

Ang Kordero ng Diyos
- Paghahandog ng Kordero
- Mga pakikitungo sa Kordero

**Ang Tagapagligtas ng Sanlibutan**

"Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala." Iyan ang kahulugan ng pananampalatayang Cristiano. Ang pagparito ni Jesus sa sanlibutan ay paraan ng Diyos upang matubos ang taong napapahamak. Tinatanggap ng Cristianismo ang katotohanang di maililigtas ng tao ang kanyang sarili.

Ang mensahe ng Cristianismo ay kaligtasan ng tao. Ito ang kaibhan nito sa ibang relihiyon. Sinisikap ng ibang relihiyon na bigyang-kahulugan ang matataas na adhikain sa buhay. Iginigiit nilang ang tao ay nabigo at magiging isang kabiguan. Sinasabi nila sa tao kung bakit siya naghihirap, paano dapat mamuhay, at parurusahan kapag nagkakasala. Hindi siya binibigyan ng kapangyarihang mamuhay na nagtatagumpay sa hibo ng kasalanan. Subalit si Cristo'y dumarating sa mga tao, anuman ang kanilang kalagayan sa buhay, saanman sila naroon, at inihahatid ang mensahe ng pagliligtas. Nabigo ka nga, ngunit maaari kang magtagumpay. Narumhan ka ng kasalanan, ngunit maaari kang luminis at mapatawad. Mangyayari ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Tagapagligtas. Siya ang naparito, namatay para sa makasalanan, at nagbangong matagumpay sa kamatayan, sa kasalanan, at impiyerno, at sa libingan.

Ito nga ang mabuting balitá o ebanghelyo: na naparito si Jesus upang maging tagapagligtas ng sangkatauhan. Nang ipanganak si Jesus, ibinalita ng anghel sa mga pastol:

**Lucas 2:10,11.** "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang mabuting balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon

sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Cristong Panginoon!"

**Ang Pangalan ni Jesus**

Ang ibig sabihin ng pangalang Jesus ay "Magliligtas si Jehova," o Tagapagligtas. Pinili ng Diyos Ama ang pangalang ito para sa Kanyang Anak. Sinugo Niya kay Jose ang isang anghel upang sabihin ang ipangangalan sa sanggol na isisilang ni Maria. Ang pangalang Jesus ay laging magpapaalaala kung sino nga si Jesus at kung bakit Siya ipinanganak. Siya ang Anak ng Diyos, naparito sa lupa upang iligtas tayo sa ating kasalanan. Ang sabi ng anghel:



**Mateo 1:21.** Manganganak siya ng isang lalaki; at ito'y panganganlan mong Jesus, sapagka't siya ang magliligtas ng kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan.

Kapag binanggit mo o narinig ang pangalang Jesus, tandaan ang mabuting balitang hatid nito sa iyo: si Jehova, walang-hanggan, walang pasimulang Diyos ay naparito sa sanlibutan upang iligtas ka. Magliligtas ang Diyos. Ito ang pangakong inaangkin natin kapag nananalangin tayo sa Ama, sa pangalan ni Jesus. Pabulong mong sambitin ang ngalang Jesus sa iyong pagsamba at pananalangin. Awitin ang tungkol sa Tagapagligtas. Sabihin sa iba ang tungkol sa Kanya. Siya ang tanging Tagapagligtas — Siya lamang ang sinugo ng Ama upang magligtas sa atin. Napagaling nina Pedro at Juan ang lalaking lumpo sa pamamagitan ng makapangyarihang ngalan ni Jesus. Ipinaliwanag ni Pedro:

**Gawa 3:16; 4:12.** "Ang kapangyarihan ng

pangalang Jesus ang nagpagaling sa lalaking ito; nangyari ito dahil sa pananalig sa kanyang pangalan. Ang pananalig kay Jesus ang lubusang nagpagaling sa kanya, tulad ng inyong nakikita.

Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao."

## Ang Gagawin Mo

1. Ano ang ibig sabihin ng pangalang Jesus?
2. Sino ang pumili ng pangalan para kay Jesus?
   .... a) si Jose
   .... b) ang anghel Gabriel
   .... k) ang Diyos Ama.
3. Isaulo ang Mateo 1:21.
4. Sa Gawa 3:16, 4:12, binanggit ni Pedro ang
   .... a) tungkol sa paggaling sa pamamagitan ng pananalig sa pangalang Jesus.
   .... b) tungkol sa kaligtasan sa pamagitan lamang ni Jesus.
   .... k) pagkabuhay na muli sa ngalan ni Jesus.
   .... d) ang nasasaad sa a) at b) sa itaas.
5. *Isipin mo:* Ano ang kahulugan sa iyo ng pangalang Jesus? Ano ang kahulugan sa iyo ng manalangin sa pangalan ni Jesus? Sambitin ang Kanyang pangalan pag ikaw ay sumasamba, isipin kung sino Siya at ang kahulugan Nya sa iyong buhay.
6. Bago ipagpatuloy ang pag-aaral sa araling ito, basahing muli sa ika-2 aralin ang mga bahaging: Seremonya sa panghuhula, Paghahandog at Tagapagligtas.

**Ang Katangian ng Kaligtasan**

Ang salitang kaligtasan sa Biblia ay malawak ang sakop. Ang pagliligtas ay paglalayo sa panganib, pagtubos mula sa pagkaalipin o kaparusahan, dalhin sa dakong ligtas, at magpagaling. Si Jesus na ating Tagapagligtas ang tumubos sa atin sa kapangyarihan ni Satanas, pinalaya tayo mula sa pagkaalipin ng kasalanan, humalili sa atin at Siyang naging pinakakasalanang tumanggap ng parusa, naghahatid sa atin sa dakong ligtas, at nagpapalusog ng ating katawan at kaluluwa.



Naparito si Jesus upang tayo'y iligtas sa kalagayang nawawala at sa mga panganib ng pamumuhay na hiwalay sa Diyos. Kasalanan ang naglayo sa atin mula sa Diyos. Naligaw tayo ng daan. Lumalaboy tayo sa kadiliman, walang nararating, sinasayang ang buhay. Nakapalibot sa atin ang kamatayan dahil wala ang Diyos. Ngunit naparito si Jesus upang tayo'y iligtas, ibalik sa Diyos. Itinuturo Niya ang dapat lakaran, nililiwanagan tayo ng Kanyang presencia, at binibigyan ng layon at kabuluhan ang ating buhay. Pinapayapa ni Jesus ang kaloobang nangangamba, hinahatdan ng galak at kapayapaan, inaakay tayong palayo sa kapahamakang nagbabanta sa atin, at dinadala tayo sa tahanan sa kawalang-hanggan. Sabi ni Jesus:

**Lucas 19:10.** "Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang naligaw."

Naparito si Jesus upang iligtas tayo sa pagiging makasalanan at sa parusang hatol sa ating mga kasalanan. Nilabag natin ang kautusan ng

Diyos at nahaharap sa parusang pagkahiwalay sa Kanya habang panahon.

Ngunit inako ni Jesus ang ating mga kasalanan at kusang namatay na kapalit natin upang tayo'y mapatawad.

> **Roma 6:23.** Sapagkat kamatayan ang dulot ng kasalanan ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

Naparito si Jesus upang iligtas tayo sa kapangyarihan ng kasalanan at ni Satanas. Pinalalaya tayo mula sa sariling pagkamakasalanan, pagiging mapaghimagsik, makasarili, at binibigyan ng bagong likas bilang mga anak ng Diyos. Pinapatid niya ang kapangyarihan ng tukso at pinalalaya tayo sa mga pita at ugaling makasisira sa ating kaluluwa. Ligtas tayo sa pananalakay ni Satanas kung tayo'y kay Jesus. May pakikibaka pa rin, ngunit magtatagumpay tayo dahil kay Jesus.

> **Roma 6:22.** Ngunit pinalaya na kayo mula sa kasalanan.
>
> **2 Corinto 5:17.** Ang sinumang nakipag-isa kay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na.

Naparito si Jesus upang iligtas tayo sa mga bunga ng kasalanan at pati pananatili nito. Pinalulusog Niya ang ating katawan at kaluluwa. Balang araw, bibigyan tayo ng bagong katawang hindi na magkakasakit. Naghahanda Siya ng tahanan sa langit para sa lahat ng iniligtas niya. Pag tayo'y namatay o kung magbalik si Jesus, dadalhin Niya tayo sa tahanan sa langit. At isang araw, Siya ang maghahari sa lupa at lilinisin ito upang di na umiral ang kasalanan. Pati ang kalikasan ay lalaya

na sa karahasan at paninira. Ang lahat ay magiging pawang sakdal. Anong dakilang pagkaligtas!

**Apocalipsis 21:3,4.** Makakapiling nila nang palagian ang Diyos at siya ang magiging Diyos nila. At papahirin niya ang kanilang mga luha. Wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit sapagkat lumipas na ang dating mga bagay.

## Ang Gagawin Mo

7. Isaulo ang Roma 6:23; 2 Corinto 5:17.

8. Saang mga bagay nais mong maligtas? Lagyan ng x ang tabi ng bagay na ito.
   Pagkaligaw . . . . . . . . . . . . . .
   Pagkakalayo sa Diyos . . . . . . . . .
   Pagkamakasalanan . . . . . . . . . .
   Parusa sa kasalanan . . . . . . . . . .
   Kapangyarihan ng kasalanan . . . .
   Kapangyarihan ni Satanas . . . . . .
   Sa mga bunga ng kasalanan . . . . .
   Sa pananatili ng kasalanan . . . . .

Tinanggap mo na ba ang kaligtasang alok ni Jesus kaugnay ng mga bagay na ito? Kung gayon, sulatan ng "Salamat sa Iyo, Jesus" ang puwang sa tabi ng mga bagay na nagawa na Niya para sa iyo. Kung hindi pa, sabihin sa Kanya ang tungkol dito.

### Ang Kordero ng Diyos

Ang salitang *Kordero ng Diyos* ay tumutukoy sa misyon ni Jesus bilang Tagapagligtas ng sanlibutan.

### Paghahandog ng Kordero

Nang pasisimulan na ni Jesus ang Kanyang paglilingkod sa mga tao. Siya'y ipinakilala ni Juan Bautista sa karamihang nagkakatipon sa pamamagitan ng pagsasabing:

> **Juan 1:29.** Narito, ang Kordero ng Diyos na nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan!

Yaong nakarinig kay Juan ay magkakaroon ng iisang pakahulugan lamang. Pinapatay ang mga kordero bilang handog para sa kasalanan.



Ipinahahayag ng mga makasalanan ang kanilang nagawa sa Diyos at hinihiling na tanggapin ang kamatayan ng kordero bilang kapalit nila. Si Jesus ang handog na sinugo ng Diyos para mamatay na kapalit ng mga makasalanan — Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!

Isinulat ng dakilang propeta Isaias kung paano maihahandog ng Diyos para sa ating kasalanan ang Mesias. Siya'y pagbibintangan at ipapapatay na parang isang kriminal. Aakuin Niya ang lahat ng ating kasalanan. Siya ang kapalit nating mamamatay upang palayain tayo mula sa kasalanan. Subalit Siya'y muling mabubuhay, makikita ang bunga ng kanyang pagpapakasakit, at masisiyahan.

Nangyari ngang lahat ito kay Jesus tulad ng sinabi ni Isaias.

**Isaias 53:3-12.** Siya'y hinamak at itinakwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman; at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya.

Tunay na kanyang dinala ang ating mga karamdaman, at ang ating mga kapanglawan; gayunman'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Diyos, at dinalamhati. Ngunit siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kanya; at sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.


Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw: tayo ay tumungo bawat isa sa kanyang sariling daan; at ipinasan sa kanya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat.

Siya'y napighati, gayunman, nang siya'y dinalamhati, hindi nagbuka ng kanyang bibig; gaya ng korderong dinadala sa patayan, at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kanya ay pipi, gayunma'y hindi niya binuka ang kanyang bibig.

Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kanyang lahi, sino sa kanila ang gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng buhay? dahil sa pagsalangsang ng ating bayan ay nasaktan siya.

At ginawa nila ang kanyang libingan na kasama ng masasama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kanyang kamatayan bagaman hindi siya gumawa ng pandadahas o wala mang karayaan sa kanyang bibig.
Gayunma'y kinalugdan ng Panginoong mabugbog siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin ang kanyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan, makikita niya ang kanyang lahi, pahahabain ang kanyang mga kaarawan, at ang pagkalugod ng Panginoon ay lalago sa kanyang kamay.
Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kanyang kaluluwa at masisiyahan; sa pamamagitan ng kanyang kaalaman ay aariing ganap ng aking matuwid na lingkod ang marami; at dadalhin niya ang kanilang mga kasamaan.
Kayat hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila, at kanyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagkat kanyang idinulot ang kanyang kaluluwa sa kamatayan, at ibinilang na kasama ng mga mananalangsang; gayunma'y dinala niya ang kasalanan ng marami, at namagitan sa mga mananalangsang.

Ang apat na ebanghelyo ay nagsasabing lahat tungkol sa pagkamatay ni Jesus para sa ating mga kasalanan. Ayaw Siyang tanggaping Mesias. Naiinggit sa kanya ang mga lider ng relihiyon at pinaghandaan Siyang patayin. Siya'y dinakip at tumayo ang mga bulaang saksi sa paglilitis sa kanya. Alam ni Pilato, pinunong Romano, na walang kasalanan si Jesus subalit pinagbigyan niya ang mga lider na ito at ang nagkatipong napakaraming tao.



Si Jesus ay ipinako sa krus — ito ang parusang iginagawad sa pinakapusakal na kriminal Nabayubay si Jesus na nakapagitna sa dalawang magnanakaw. At doon sa burol ng Kalbaryo, ang Kordero ng Diyos ay namatay, bilang handog para sa ating mga kasalanan.

## Ang Gagawin Mo


9. Aling tawag kay Jesus ang nagsasaad na siya'y mamatay upang iligtas sa kasalanan ang mga tao?
   . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
10. Sinong propeta ang nagsabi kung paano ipaaako saMesias ang ating kasalanan? . . . . . . . . . . . . . . . .
    Saang kabanata ng aklat niya makikita ito? . . . . . . . . . . . . . .
11. Paano namatay si Jesus? . . . . . . .
12. Sabihin ang lugar na kinamatayan Niya . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
13. Ang gayong kamatayan ay ipinapataw na parusa sa anong uri ng mga tao? . . . . . . . . . . . . . . . .
14. Salungguhitan ang mga tala sa Isaias53 na tumutukoy sa iyo.

**Mga pakikitungo sa Kordero**

Sa ginawang pakikitungo ng mga tao noong nasa Kalbaryo si Jesus makikita natin ang larawan ng buong sanlibutan. May tumingin kay Jesus na taglay ang poot; mayroon namang umuuyam sa Kanya at sa mga sinabi Niya; ang iba'y walang malasakit — pinagsugalan pa ang kanyang damit samantalang palapit na Siya sa kamatayan. Ang iba'y tuminging tila sila nabigo kay Jesus. Ngunit may mga tumingin kay Jesus na puno ng pananalig, pag-asa at pag-ibig.

May tatlong krus sa burol: Tatlong lalaki ang namatay sa kalbaryo nang araw na iyon. Sa kanilang naging pakikitungo kay Jesus, masusumpungan natin ang larawan ng ating sarili.


> **Lucas 23:33,34,39-43.** Kanilang ipinako sa krus si Jesus. Ipinako rin ang dalawang salarin, isa sa gawing kanan at isa sa gawing kaliwa. Sinabi ni Jesus, "Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."
>
> Tinuya siya ng isa sa mga salaring nakabitin, at ang sabi, "Hindi ba ikaw ang Mesias? Iligtas mo ang iyong sarili, pati na kami!" Ngunit pinagsabihin siya ng kanyang kasama, "Hindi ka ba natatakot sa Diyos? Ikaw ma'y pinarurusahang tulad niya! Matuwid na tayo'y parusahan nang ganito dahil sa ating mga ginawa; ngunit ang taong ito'y walang ginawang masama." At sinabi niya, "Jesus, Alalahanin mo ako kapag naghahari ka na." Sumagot si Jesus," Sinasabi ko sa iyo: ngayon di'y isasama kita sa Paraiso."




Ang tatlong krus ay nangungusap sa atin tungkol sa: a) paghihimagsik, b) katubusan, k) pagsisisi. Sa isa, ang tao'y namatay na may kasalanan. Sa ikalawa, ang Kordero ng Diyos ay namatay para sa kasalanan. Sa ikatlo, ang makasalanan ay namatay sa kasalanan.

**Paghihimagsik.** Sa krus ng paghihimagsik nakabayubay ang lalaking namatay na may kasalanan. Inaksaya niya sa paggawa ng masama ang kanyang buhay. Siya'y nagagalit at matigas ang puso. Ngayon, nahaharap siya sa kamatayan, ang huling pagkatalo. Kung nanalig lamang siya kay Jesus, nasa tabi lamang niya ang tulong. Naroon na mismo ang presencia ng Diyos. Ngunit binulag siya ng paghihimagsik kaya di niya nakita ang katotohanang espirituwal. Kahit malapit sa Tagapagligtas, siya'y namatay na tigib ng pagkamuhi, pagdaramdam, at kawalang-pag-asa.





**Katubusan.** Si Jesus ay namatay para sa ating kasalanan upang tayo'y tubusin. Dinaya tayo ni Satanas, inagaw, at inalipin. Ang halaga para matubos tayo'y ang kamatayan ng Anak ng Diyos. Tinubos Niya tayo sa kapangyarihan ni Satanas — at binalik sa Kanyang piling — nang Siya'y mamatay na kapalit natin.

**1 Pedro 1:19.** Ang itinubos sa inyo'y . . . ang buhay ni Cristo na inihain sa krus. Siya ang Korderong walang batik at kapintasan.

**Pagsisisi.** Sa ikatlong krus, isang makasalanan ang namatay sa kanyang mga kasalanan ngunit nang siya'y manalig kay Jesus, handa niyang harapin ang sarili at ang katotohanan; inamin niyang siya'y nagkasala. Kinilala niya si Jesus na Tagapagligtas, ang Mesias.



Malapit nang mamatay si Jesus subalit naniwala ang magnanakaw na Siya'y maghahari balang araw sa sanlibutan. Kaya, hiniling niya sa Tagapagligtas na siya'y alalahanin (kaawaan) kung dumating na ang paghahari nito. Kay laking pananampalataya! Isa sa mga huling ginawa ni Jesus bago siya namatay ay ang patawarin ang mga kasalanan ng naghihingalong magnanakaw at pagkalooban siya ng buhay na walang hanggan.

Bawa't tao ay nagpapasiya ng sarili niyang kasasapitan sa kawalang-hanggan sa pamamagitan ng nagiging tugon niya sa Tagapagligtas. Magkatulad ng pagkakataon ang dalawang magnanakaw. Nanatiling naghihimagsik ang isa, napopoot, nang-uuyam sa isang makapagliligtas sa kanya. Ang isa nama'y nagsisi at humingi ng awa. Napunta sa impiyerno, dako ng walang katapusang paghihirap yaong una. Sa langit naman o Paraiso dinala yaong isa; ito ang lugar ng walang kahulilip na kaligayahan, Sila ay sagisag nating lahat. Isa'y naghihimagsik at napahamak. Ang isa nama'y naligtas pagkat ipinahayag kay Jesus ang pangangailangan niya. Sino ang iyong panunundan? Magkakamit ka ng buhay na walang hanggan, buhay, kapatawaran, kapayapaan, at tulong kung tatawagan mo si Jesus. Napakalapit niya sa iyo, kahit ngayon.




**Efeso 1:6,7.** Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa

atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak! Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, at sa gayo'y ipinatawad na ang ating mga kasalanan.

**1 Pedro 2:24,25.** Sa kanyang pagkamatay sa krus, dinala niya ang bigat ng ating mga kasalanan upang tuluyan na nating iwan ang pagkakasala at mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos. Kayo'y gumaling sa pamamagitan ng kanyang mga sugat. Sapagkat nagkawatak-watak kayo gaya ng mga tupang naligaw, ngunit tinipon kayong muli ng Pastol at Tagapangalaga ng inyong mga kaluluwa.

## Ang Gagawin Mo

15. Isulat sa ibabaw ng tatlong krus ang mga pamagat. Idagdag ang iyong pangalan sa ilalim ng krus na kumakatawan sa katayuan mo. Ipaliwanag sa isang kaibigan o kaanak ang larawan.



**M** Markahan ang iyong mga sagot.

## Ika8- Aralin — Mga Sagot


Ang kailangan dito'y 12 tamang sagot. Kung 11-12 ang tama, isulat sa antas mo ang napakahusay. Mula 9 hanggang 19 ay mabuti; 6 hanggang 8 ay katamtaman. Kung wala pang 6 ang tama, basahing muli ang aralin.

1. Tagapaglitas o Magliligtas si Jehova
2. k) Ang Diyos Ama.
4. d) ang a) at b) sa itaas
9. Kordero ng Diyos.
10. Isaias, 53.
11. Ipinako sa krus.
12. Sa Kalbaryo.
13. Sa mga pusakal na kriminal.
15. Mga pamagat: Paghihimagsik, Katubusan, Pagsisisi.

Bilang ng mga tamang sagot . . . . . . Antas . . . . . .

# 9

# SI JESUS ANG MULING PAGKABUHAY AT ANG BUHAY



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

Nagtagumpay sa Kamatayan si Jesus
- Mga himalang kalakip ng muling pagka-buhay
- Katibayan ng Kanyang muling pagkabuhay
- Kapangyarihan ng Kanyang muling pagka-buhay

Si Jesus at ang ating Muling Pagkabuhay
- Ang Kanyang pangako
- Ang katuparan nito

### Nagtagumpay sa Kamatayan si Jesus

Si Jesus ay namatay para sa ating mga kasalanan at muling nagbangon upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan! Ito ang puso o buod ng Cristianismo. Ang mga dakilang katotohanan ng Biblia, ang salita ng iisa at tunay na Diyos, ay nagtatampok sa katunayang muling nabuhay si Jesus. Kung hindi Siya nagbangon sa libingan, ang buong plano ng kaligtasan ay bigo. Nguni't napagtagumpayan Niya at nasupil ang kamatayan kaya kilala natin Siya ngayon bilang ating buhay na Panginoon at Tagapagligtas.

### Mga himalang Kalakip ng Muling Pagkabuhay

Pinatunayan ni Jesus na may kapangyarihan Siya sa kamatayan noong panahon ng Kanyang paglilingkod. Nakatala sa Biblia ang pagbuhay Niya sa tatlong patay.

Si Jairo na isang mataas na punong-bayan ay humiling kay Jesus na pagalingin ang kanyang anak na babae. Nang magbalik siyang kasama na si Jesus, patay na ang bata.

> **Lucas** 8:52,54, 55. Nananaghoy ang lahat ng naroon at tinatangisan ang patay. Nguni't hinawakan ni Jesus ang kamay nito at sinabi, "Ineng, bumangon ka." Nagbalik ang kanyang hininga at siya'y bumangon.

Buhat-buhat ng mga tao ang kabaong ng anak ng isang babaing balo na taga-Nain patungo sa libingan nang makasalubong nila si Jesus. Itinigil nito ang pulutong na iyon.

> **Lucas 7:14,15.** Lumapit siya at hinipo ang kinalalagyan ng patay at tumigil naman ang mga may dala nito.

Wika niya, "Binata, sinasabi ko sa iyo, bumangon ka!" Naupo ito at nagsalita; at siya'y ibinigay ni Jesus sa kanyang ina.

Si Lazaro, Marta, at Maria ay magkakapatid at mga matalik na kaibigan ni Jesus. Namatay si Lazaro at inilibing. Pagkalipas pa ng apat na araw saka dumating si Jesus.



**Juan 11:43,44.** Sumigaw siya, "Lazaro, Lumabas ka!" Lumabas nga ang namatay; napupuluputan ng kayong panlibing ang kanyang mga kamay at paa, at nababalot ng panyo ang kanyang mukha. Sinabi ni Jesus sa kanila, "Kalagan ninyo siya, at nang makalaya."

Ang muling pagkabuhay ni Jesus ang pinakadakilang tagumpay sa ibabaw ng kamatayan. Ang mga binuhay Niyang muli ay mga tao pa rin . . . namatay silang muli. Nguni't si Jesus ay nagbangon mula sa libingan taglay ang katawang walang kamatayan. Hindi na Siya mamamatay. Nadaig na Niya ang kamatayan.

## Ang Gagawin Mo

1. Isulat ang tatlong taong binuhay ni Jesus

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

2. Gaano katagal nang nakalibing si Lazaro?

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

3. Ano ang pinakadakilang tagumpay ni Jesus laban sa kamatayan?

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

4. Ano kaya ang nangyari sa plano ng kaligtasan kung hindi nagbangon mula sa mga patay si Jesus?

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Katibayan ng Kanyang pagkabuhay na muli**

Paano natin matitiyak na nabuhay ngang muli si Jesus? Ito ang isang pangyayari sa kasaysayan na ibig pabulaanan ng iba subalit napatunayan namang totoo. Narito ang sampung katibayan, bagaman marami pang iba:

1. *Ulat ng mga kawal.* Binantayan ng mga kawal ang tinatakang yungib na pinaglibingan sa bangkay ni Jesus upang hindi ito nakawin at sa gayo'y masabi ngang nabuhay Siya. Noong pangatlong umaga, nakita nilang binuksan ng isang anghel ang libingan. Lumindol nang malakas. Natakot sila.



At nakita nilang wala nang laman ang libingan! Wala na ang bangkay ni Jesus! Nagtakbuhan sila upang iulat ang nangyari.

2. *Libingang walang laman at ang damit ng patay.* Di nagluwat, may mga babaing dumalaw sa libingan. Wala na roon si Jesus. Sinabi sa kanila ng dalawang anghel na nabuhay si Jesus. Pinuntahan din nina Pedro at Juan ang libingan at wala silang nakita. Wala na roon ang katawan ni Jesus, ngunit naroon pa rin ang telang ipinambalot sa bangkay. Maayos na nakapulupot, gaya ng pinagmulan ng higad na naging paruparo. Kung may nagnakaw man ng bangkay, hindi na ito mag-aabalang ipulupot muli ang telang ipinambalot dito.



3. *Pahayag ng mga anghel.* Ang wika ng mga anghel na dinatnan ng mga babae sa libingan.

**Lucas 24:5,6.** "Bakit ninyo hinahanap ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala na siya rito — siya'y muling nabuhay."



4. *Napakita si Jesus.*



**Gawa 1:3.** Pagkatapos ng kanyang pagbabata, maraming ulit siyang napakita sa kanila. Sa gayon napatunayang siya'y buhay. Napakita siya sa kanila sa loob ng 40 arawat nagturo tungkol sa kaharian ng Diyos.

Si Jesus ay napakita sa iba't ibang panahon:

Sa isang pangkat ng kababaihan
Kay Maria Magdalena
Kay Pedro
Sa dalawang alagad sa daang patungo sa Emaus
Sa sampung alagad sa Jerusalem
Sa labing-isang alagad sa Jerusalem
Sa pitong alagad sa Dagat ng Galilea
Sa 500 mananampalataya sa Galilea
Kay Santiago na kapatid ni Jesus sa ina
Sa mga alagad bago siya umakyat sa langit, malapit sa Betania ang pinangyarihan nito.

Napakita rin si Jesus sa tatlong tao matapos siyang makabalik sa langit. Siya'y nakita nila roon.

Kay Esteban, unang martir na Cristiano
Kay Saulo (Pablo) sa daang Damasco
Kay Juan sa Apocalipsis o Pahayag

5. *Ang bagong katawan ni Jesus.* Ang naiibang uri ng katawan ni Jesus matapos siyang mabuhay na muli ay nagpatunay ng dalawang bagay: (1) Hindi guniguni o espiritu lang ang nakita ng mga mananampalataya.



Siya'y nahipo nila. Totoong katawan iyon na may laman at buto. (2) Hindi Siya natauhan lamang matapos na manatili sa tinatawag na "coma" o nabuhay at may katawan pa rin tulad ng tao. Iyon ay katawang niluwalhati, at hindi na nasasakop ng pagkakasakit o kamatayan. Nakapapasok Siya sa pinid na pinto. Nakalilitaw Siya o nakapaglalaho kung ibig Niya. Siya'y nakita nila nang umakyat sa langit. Sa muling pag-

kabuhay, nagkaroon ng bagong kapangyarihan ang kanyang katawan.


6. *Ang Bautismo sa Espiritu Santo.* Ang naganap noong Pentecostes ay katuparan ng pangakong iniwan ng nagbangong Cristo. Ang nagpapatuloy na pakikisama ng kanyang Espiritu ay nagpapatunay na buhay nga si Jesus.




7. *Patotoo ng mga Cristiano.* Palaging nagpapatotoo ang mga tagasunod ni Jesus na ito nga'y nagbangon sa libingan. Kahit inutusang ipagkaila ito kung di nila ibig mamatay, pinili rin nila ang kamatayan. Hindi sila namatay dahil sa pagtatanggol sa isang kasinungalingan.



8. *Ang pagbabalik-loob ni Saulo.* Si Saulo, matalino at kabataang bihasa sa kautusang Judio, ay nagsisikap na malipol ang Cristianismo. Nang patungo sa Damasco para dakpin ang mga Cristiano, siya ang nadakip ng Panginoong Jesus. Isang ilaw na maliwanag pa kaysa araw ang suminag mula sa langit. Buhat sa ilaw, si Jesus ay tumawag kay Saulo at kinausap tungkol sa ginagawa niyang paglaban sa Panginoon. Isinuko ni Saulo kay Jesus ang kanyang buhay at siya'y naging si apostol Pablo, ang dakilang lingkod ni Cristo.





9. *Cristianismo.* Ang pananampalatayang Cristiano ay salig sa katotohanan ng muling pagkabuhay. Nakatatag sa libingang walang laman ang Cristianismo.

10. *Pakikiugnay kay Jesus.* Nabago ang ating buhay nang makaugnay natin si Jesus. Araw-araw, Siya'y kinakausap natin. Tinutugon naman Niya tayo. Sabi nga ng awit:

Buhay ang Cristong
Aking pinaglilingkuran,
Tanong mo'y bakit ko alam?
Sa puso ko'y buhay!



## Ang Gagawin Mo

5. Ilista ang sampung bagay na batayan ng paniniwala natin na si Jesus ay nabuhay ngang muli.

   ..........................
   ..........................
   ..........................
   ..........................
   ..........................
   ..........................
   ..........................
   ..........................
   ..........................
   ..........................

6. *Isipin mo.* Ano ang pagkakatulad ng bagong katawan ni Jesus sa dati? Paano naman ito naiiba? Ibig mo bang magkaroon ng niluwalhating katawan?

**Kapangyarihan ng Kanyang muling pagka - buhay**

Si Jesus ay namatay sa krus ngunit mula roon napagtagumpayan Niya ang kamatayan. Ang krus, na sagisag ng kahihiyan ay ginawa Niyang sagisag ng katubusan, kapangyarihan, at tagumpay. Inilagay sa libingan ang katawan ni Jesus, subalit hindi Siya mapigilan ng libingan. Dinaig Niya ang kamatayan at nagbangon upang ibahagi sa lahat ng tagasunod Niya ang tagumpay na ito. May sinulat

si Pablo tungkol sa pagkakilala kay Jesus sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay. Ano kaya ang kapangyarihang ito?

1) *Katibayan kung sino si Jesus.* Siya'y nabuhay ngang muli, kaya alam nating Siya nga yaong sinabi Niya tungkol sa Kanyang sarili — ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng sanlibutan.

2) *Katiyakan ng kaligtasan.* Siya'y nabuhay ngang muli, kaya alam nating tinanggap ng Diyos ang hain Niyang buhay para sa atin. Sinumang nananalig sa Kanya ay magkakamit ng patawad sa kanyang mga kasalanan.

3) *Bagong Buhay sa pakikiisa kay Jesus.* Ang ating Panginoon na muling nabuhay ay naging Ulo ng iglesya. Tayo ang kanyang katawan. Lagi Siyang sumasaatin at nasa atin ang buhay Niya. Kumikilos sa pamamagitan natin ang Kanyang kapangyarihan.

> **1 Pedro 1:3.** Tayo'y isinilang sa isang panibagong buhay sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo.

4) *Tagumpay sa pamamagitan ni Jesus.* Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay patunay na tinalo Niya si satanas, ang kasalanan, at ang kamatayan. Kung kasama mo Siya, hindi ka dapat mamuhay na takot o inuusig ng kasalanan at ng tukso. Pinapagtatagumpay Niya ang iyong pagkatalo.

5) *Pag-asa.* May pag-asang haharapin ng mga Cristiano ang kamatayan pagka't pinatitibayan ni Jesus sa kanyang muling pagkabuhay na may higit na mabuting buhay sa kabila ng libingan. Sabi niya:

> **Juan 14:19.** "Sapagka't mabubuhay ako, ay mabubuhay rin kayo."

6) *Muling pagkabuhay.* Kapag kinikilala mo si Jesus at ang kanyang muling pagkabuhay, ikaw ma'y muling bubuhaying tulad niya sa gayon ding uri ng katawan.

**1 Corinto 15:20.** Si Cristo'y muling binuhay bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay.

### Ang Gagawin Mo

7. Magbigay ng anim na bagay na matatanggap natin dahil sa muling nabuhay si Jesus. Salungguhitan yaong naranasan mo na.

   ...........................
   ...........................
   ...........................
   ...........................
   ...........................
   ...........................

8. Magpasalamat sa Diyos dahil sa karapatang ibinigay sa iyo na makilala si Jesus at ang kapangharihan ng muli Niyang pagkabuhay.

**Si Jesus at ang ating muling Pagkabuhay**

**Ang Kanyang pangako**

**Bago binuhay si Lazaro, ang sabi ni Jesus:**

**Juan 11:25,26.** "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang nananalig sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay, at sinumang nabubuhay at nananalig sa akin ay hindi mamamatay kailanman."

Nang tumawag si Jesus sa harap ng bukas na libingan, "Lazaro, lumabas ka!" si Lazaro nga'y lumabas na buhay at malusog. Balang araw, babalik dito sa lupa si Jesus. Pag siya'y tumawag, babangon ang mga bangkay na matagal nang naging alabok at abo, parang mga halamang buhat sa binhi. Magkakaroon tayo ng kahanga-hanga at bagong katawang tulad ng sa kanya, walang kamatayan at niluwalhati.

> **Juan 5:24,26,28,29.** Ang nakikinig sa aking salita at nananalig sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan kundi inilipat na sa buhay mula sa kamatayan. Ang Ama ay may kapangyarihang magbigay-buhay at ang Anak ay binigyan niya ng kapangyarihang magbigay-buhay . . . sapagkat darating ang oras na maririnig ng mga patay ang kanyang tinig. Sila'y muling mabubuhay at lalabas sa kinalilibingan nila. Lahat ng gumawa ng mabuti ay pagkakalooban ng buhay na walang hanggan at lahat ng masama ay parurusahan.

Ang sementeryo sa inyong lugar ay may pasabi para sa iyo. Sa iba, ito'y kawalang-pagasa. Ang mga libingan ay nagpapaalaala sa atin na mamamatay tayong lahat. Naparito tayo sa sanlibutan na walang dala at aalis din tayo na walang dala. Ngunit di lamang iyon. Alalahanin mong ang libingan ni Jesus ay walang laman. At ang Kanyang muling pagkabuhay ang katiyakan na ikaw ma'y muling mabubuhay kung Siya ang iyong Tagapagligtas. Mamamatay ang katawan mo, ngunit hindi ang iyong espiritu. Kahit magbalik sa lupa ang katawan mo, muli itong bubuhayin

ni Jesus. Siya ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay.

### Ang Gagawin Mo

9. Ano ang pinakatiyak nating garantiya na tayo'y muling mabubuhay?
   .... a) Pagpapanibago ng buhay sa kalikasan.
   .... b) Palasak na paniniwalang may buhay pagkamatay.
   .... k) Ang muling pagkabuhay at pangako ni Jesus.
10. Isaulo ang Juan 11:25, 26.
11. Ano ang tawag ni Jesus sa kanyang sarili sa Juan 11:25.

**Ang katuparan nito**

Bago nagbalik sa Kanyang tahanan sa langit, nangako si Jesus sa Kanyang mga tagasunod na Siya'y magbabalik.

> **Juan 14:3.** Kapag naroroon na ako at naipaghanda na kayo ng matitirhan. paririto akong muli at isasama ko kayo sa kinaroroonan ko.

Apatnapung araw matapos muling mabuhay, si Jesus ay nakita ng Kanyang mga tagasunod na umakyat sa langit. At dalawang anghel ang nagpahayag sa kanila nito:

> **Gawa 1:11.** Itong si Jesus, na umakyat sa langit, ay magbabalik tulad ng nakita ninyong pag-akyat niya.

Ipinakita ng Diyos kay Pablo ang maraming bahagi ng muling pagkabuhay na magaganap pag muling naparito si Jesus. Isinulat din ni Juan ang tungkol dito.

**1 Corinto 15:37,38. 42-44,49,51-54,57.** At ang inihahasik ay hindi punong malaki na, kundi binhi, tulad ng butil ng trigo o ng ibang binhi. Ang Diyos ang nagbibigay ng katawan sa binhing iyon, ayon sa kanyang itinalaga: bawat binhi'y binibigyan niya ng angkop na katawan. Ganyan din sa muling pagkabuhay Ang katawang inilibing ay mabubulok, ngunit ang katawang muling binuhay ay di mabubulok kailanman. Pangit at walang kaya nang ilibing, maganda't malakas pagkatapos na buhaying muli. Inilibing na katawang panlupa, muling mabubuhay na katawang panlangit. Kung paanong tayo'y katulad ng taong nagmula sa lupa, darating ang araw na matutulad din tayo sa nanggaling sa langit.

Pakinggan ninyo ang hiwagang ito: hindi tayong lahat ay mamamatay nguni't tayong lahat ay babaguhin sa isang sandali sa isang kisap-mata, kasabay ng huling tunog ng trompeta. Pagtunog ng trompeta, ang mga patay ay muling bubuhayin at di na mamamatay. Tayong lahat ay babaguhin, sapagka't itong katawang nabubulok ay dapat mapalitan ng di nabubulok at ang katawang mamamatay, ng di namamatay . . . matutupad ang nasasaad sa Kasulatan: "Nalupig na ang kamatayan; ganap na ang tagumpay!" Magpasalamat tayo sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo!

**Filipos 3:20,21.** Sa kabilang dako, ang langit ang tunay nating bayan: mula roo'y hinihintay nating may pananabik ang Panginoong Jesu-Cristo. Babaguhin niya ang ating katawan lupa at gagawing maluwal-

hati, tulad ng kanyang katawan, sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay.

**1 Juan 3:2,3.** Sa pagparitong muli ni Cristo tayo'y matutulad sa kanya sapagkat makikita natin siya sa kanyang likas na kalagayan. Kaya't ang sinumang may pag-asa sa kanya ay nagpapakalinis, tulad ni Cristo-siya'y malinis.

**1 Tesalonica 4:16-18.** Sa araw na yaon, kasabay ng malakas na utos, ng tinig ng arkanghel, at ng tunog ng trompeta ng Diyos, bababa ang Panginoon mula sa langit. Bubuhayin muna ang mga namatay na nananalig kay Cristo. Pagkatapos, tayong mga buhay pa ay kanyang titipunin sa ulap at isasama sa mga binuhay upang salubungin sa papawirin ang Panginoon. Sa gayo'y makakapiling niya tayo magpakailanman. Kaya nga, mag-aliwan kayo sa pamamagitan ng mga aral na ito.

## Ang Gagawin Mo

12. Kailan magaganap ang muling pagkabuhay sa atin? . . . . . . . . . . . .
13. Ano ang ipinagagawa sa atin sa 1 Juan 3:3 para maging handa? . . . .
. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
14. Salungguhitan ang mga bahagi ng mga talatang ito sa Biblia na nakaantig na mabuti sa iyo.

**Markahan ang iyong mga sagot.**

## Ika-9 na Aralin — Mga Sagot

Ang hinihingi ng mga tanong ay 26 na sagot. Mula 23 hanggang 26 ay napakahusay na antas; 19 hanggang 22 ay mabuti; 13 hanggang 18 ay katamtaman. Kung wala pang 13 ang sagot mong tama, basahing muli ang aralin.


1. Ang Anak ni Jairo, ang anak ng balong taga-Nain, si Lazaro.
2. Apat na araw
3. Ang kanyang muling pagkabuhay.
4. Ito'y nabigo sana.
5. 1) Ulat ng mga kawal. 2) Libingang walang laman at ang damit ng patay. 3) pahayag ng mga anghel. 4) Napakita si Jesus; 5) Ang bagong katawan ni Jesus; 6) Ang Bautismo ng Espiritu Santo; 7) Patotoo ng mga Cristiano; 8) Ang pagkahikayat ni Saulo; 9) Cristianismo; 10) Pakikiugnay kay Jesus.
7. 1) Katibayan kung sino si Jesus; 2) Katiyakan ng kaligtasan.

   3) Bagong buhay sa pakikiisa kay Jesus; 4) Tagumpay sa pamamagitan ni Jesus; 5) Pag-asa; 6) Muling pagkabuhay.
9. k) Ang muling pagkabuhay at pangako ni Jesus.
11. Ang muling Pagkabuhay at ang Buhay
12. Pag muling naparito si Jesus.
13. Manatiling malinis.

Bilang ng mga tamang sagot . . . . . . Antas . . . . . .
Punan ngayon ang iyong tala ng mag-aaral para sa ika-9 na Aralin.

# 10

# SI JESU-CRISTO ANG PANGINOON



**Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo**

**Kapamahalaan bilang Panginoon**
- **Ang tawag sa may kapamahalaan**
- **Katibayan ng kapamahalaan**

**Pagkilala sa kanya bilang Panginoon**
- **Ulo ng iglesya**
- **Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon**

### Kapamahalaan bilang Panginoon

Nananalig ka ba kay Jesus bilang iyong Panginoon na muling nabuhay? Napakahalaga nito. Dito nakasalalay ang iyong buhay espirituwal.

> **Roma 10:9.** Kung ipahahayag mo ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka ng buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka.

### Ang tawag sa may kapamahalaan

Ano ang ibig sabihin ng mga tao nang tawagin nilang Panginoon si Jesus? Bakit ginamit ni Pablo ang tawag na ito kay Jesus nang mahigit na 200 ulit? Ano ang ibig sabihin ng manalig sa Panginoong Jesu-Cristo para maligtas? Bakit sinasabi ng Diyos na ipahahayag ng bawat bibig na si Jesus ang Panginoon?

Ang "*kurios*" ay salitang Griyego na "Panginoon" ang ibig sabihin; ito'y tawag sa may kapamahalaan. Ginagamit ito ng mga tao bilang paggalang. Maaari ring magalang na pagtawag, tulad ng "Sir" sa Ingles. Ang pangulo ng sambahayan ay panginoon ng kanyang tahanan. Tinatawag siyang "panginoon ko" ng mga alipin. Panginoon ang pagkilala ng mga nasasakupan sa kanilang pinuno.

Ang "*kurios*" ay tawag din bilang pagsamba sa mga diyus-diyusan, gayon din kay Jehova, ang tunay na Diyos. Sa diwang ito, ginagamit ng Biblia ang tawag sa Panginoon para sa Diyos Ama at sa kanyang Anak. Pag tinawag mo si

**Jesus ng "Panginoon" kinikilala mo ang Kanyang pagka-Diyos, ang pakikiisa Niya sa Kanyang Ama, ang sukdulang kapangyari han Niya sa sansinukob, at ang karapatan Niyang mamahala sa ating buhay.**




Kung si Jesus ang ating Panginoon, lagi tayong haharap sa Kanya para tumanggap ng utos at takdang-gawain. Idinadalangin natin sa Kanya ang lahat ng bagay. Ang Kanyang Salita ang panuntunan natin sa buhay. Hindi natin pinag-aaksayahang isipin ang anumang bagay. Makapangyarihan ang ating Panginoon alam Niya ang lahat ng bagay, at tayo'y Kanyang mahal. Ang tanging nararapat nating gawin ay pagtiwalaan at Siya'y sundin.

## Ang Gagawin Mo

1. Isaulo mo ang Roma 10:9.
2. Ang "Panginoon" ay tawag na pagpapahayag ng
   .... a) pagkilala ng kapamahalaan.
   .... b) pagkilala na kayo'y magkapantay
   .... k) pagkilala na kayo'y magkasama.
3. Ilang ulit na tinawag ni Pablo ng "Panginoon" si Jesus? . . . . . . . . .
4. *Isipin mo:* Ano ang ibig mong sabihin kung tinatawag mong Panginoon si Jesus? Magalang na pagbati lang? Hanggang saan nakakapangyari ang Panginoon sa buhay mo?

### Katibayan ng Kapamahalaan

Pinatunayan ni Jesus ang Kanyang kapamahalaan sa pamamagitan ng Kanyang mga pagtuturo. Namangha ang mga tao sa taglay

Niyang ganap na tiwala sa sarili nang ihayag Niya ang mga katotohanan tungkol sa Diyos at sa tao. Sinabi Niya na Siya ang daan, ang katotohanan, at ang buhay.

Pinatunayan ni Jesus na may kapamahalaan Siya sa kalikasan. Tumahak Siya sa maalong dagat. Napatahimik Niya ang unos. Ginawa Niyang alak ang tubig. Pinakain Niya ang 5,000 lalaki sa pamamagitan ng limang tinapay at dalawang maliliit na isda.

Pinatunayan din ni Jesus na may kapamahalaan Siya sa karamdaman at sa kamatayan, sa isang hipo Niya, ang bingi ay nakarinig, nakakita ang bulag, lumakad ang lumpo. Binuhay Niya ang patay. Siya'y namatay at muling nabuhay.

Pinatunayan Niya ang Kanyang kapamahalaan pangmoral. Wala Siyang kasalanan, gabahid man. Itinakda Niya ang pinakamahusay na panuntunan hinggil sa pakikipagkapwa. Ang mga wasak na buhay ay Kanyang pinaganda, nilinis, at ginawang mapakinabang. Siya'y lider na walang nagawang anumang kamalian.

Pinatunayan ni Jesus ang Kanyang espirituwal na kapamahalaan. Nagpatawad Siya ng mga kasalanan. Nagpalayas Siya ng mga demonyo. Ginawa Niya ang gawain ng Kanyang Ama at inihayag sa tao ang Diyos. Siya'y nagbalik sa langit at sinugo sa Kanyang iglesya ang Espiritu Santo.

Pinatunayan din ni Jesus ang kapamahalaan Niya sa iglesya. Bilang Panginoon, pinahayo Niya ang Kanyang mga tagasunod upang ipangaral ang ebanghelyo sa sanlibutan at binigyan sila ng di pangkaraniwang kapangyarihan para magawa ito. Nasa likuran natin ang buong kapamahalaan ng langit sa pagtalima natin sa Kanyang utos.

**Juan 13:13.** Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon, at tama kayo, sapagkat ako nga.

**Mateo 28:18-20.** Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan.



## Ang Gagawin Mo

5. Isaulo mo ang Juan 13:13.
6. Ano ang iniutos ni Jesus sa kanyang mga tagasunod upang ituro sa mga binautismuhan nila?
   .... a) Magtayo ng malalaking simbahan
   .... b) Sundin ang lahat ng utos niya.
   .... k) Sundan ang kanyang halimbawa
7. Pagtambalin ang uri ng kapamahalaan at ang katibayan.

   1) espirituwal　4) sa iglesya
   2) moral　5) sa karamdaman
   3) sa kalikasan　6) sa kamatayan

   ... a) nagpagaling ng maysakit
   .... b) pinayapa ang unos
   .... k) inatasang humayo
   .... d) magpatawad ng kasalanan
   .... e) muling pagbuhay
   .... g) mga panuntunan
8. *Isipin mo:* Kinikilala ba natin ang kapamahalaan ni Jesus sa lahat ng larangang ito kung tayo'y nanalangin?

**Pagkilala sa kanya bilang Panginoon**

Sa sanlibutan ngayon kinikilala ng iglesya si Jesus bilang Panginoon. Sa langit naman, Siya'y nasa ibabaw ng lahat ng kapangyarihang espirituwal. At balang araw, Siya'y kikilanlin ng buong sanlibutan bilang may karapatang Hari at Panginoon.

> **Efeso 1:20-22.** Ang Diyos ang muling bumuhay kay Cristo at nagluklok sa kalangitan, sa kanan ng Diyos. Kaya't nasa ilalim ng kapangyarihan ni Cristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan. Higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating. Ipinailalim ng Diyos sa kapangyarihan ni Cristo ang lahat ng bagay, at siya ang ginawang ulo ng iglesya.

**Ulo ng Iglesya**

Lahat ng tatanggap kay Jesus bilang sariling Tagapagligtas at Panginoon ay kaanib ng Kanyang iglesya. Sinasabi sa atin ni Pablo sa apat niyang sulat na si Jesus ang ating Pangulo o Ulo at ang iglesya ay Kanyang katawan. Pinag-aralan natin ang mga karapatang kalakip ng pakikiisa kay Cristo. Masisiyahan tayo sa pagkakaroon ng karapatang ito habang inuuna natin sa ating buhay si Jesus. Ang ulo ang dapat mamatnubay sa katawan at hindi ang katawan pa ang mag-aakay sa ulo. May kanikaniyang lugar at gawain ang bawat sangkap. Dapat tayong gumawang magkakasama sa ikabubuti ng katawan at upang isagawa ang layon ni Cristong ating Pangulo.

**Colosas 1:17,18.** Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay ang kaayusan ng lahat ng bagay. Siya ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang Una, ang panganay na Anak — ang unang nabuhay na pinakadakila sa lahat ng bagay.

**Roma 12:5,6.** Tayo'y marami ngunit nabubuo sa isang katawan ni Cristo, at isa't isa'y bahagi ng iba. Yamang mayroon tayong mga kaloob na magkakaiba ayon sa kagandahang loob ng Diyos sa atin, gamitin natin ang mga kaloob na iyan.




Bago itatag ni Jesus ang Kanyang kaharian sa lupa, dadalhin muna Niya sa langit ang Kanyang iglesya at ihahanda tayong mamahala na kasama Niya. Hahatulan tayo at gagantimpalaan sa anumang nagawa natin para sa Kanya. Dapat Siyang makapaghari ng matatag sa bawa't bahagi ng ating buhay bago tayo makapagharing kasama Niya sa Kanyang walang hanggang kaharian.

**2 Corinto 5:10.** Sapagka't bawa't isa ay haharap sa hukuman ni Cristo upang tumanggap ng kaukulang ganti sa kanyang ginawa, mabuti man o masama, nang siya'y nabubuhay pa sa daigdig na ito.

Pagkatapos ng paghatol, magkakaroon ng napakalaking pagdiriwang sa langit; ito ang tinatawag na piging sa kasal ng Kordero. Mababasa sa Apocalipsis ang tungkol dito.

Dalawampu't siyam na ulit na tinawag na Kordero si Jesus, sa Apocalipsis. Ito ang katangi-tanging tawag ng karangalan pag siya'y nagbalik na sa langit. Makikibahagi sa karangalang ito ang iglesya bilang ikakasal sa Kordero.

> **Apocalipsis 19:5-8.** May nagsalita mula sa trono: "Purihin ninyo ang ating Diyos, kayong lahat na lingkod niya. Maging dakila at hamak, kayong may banal na takot sa kanya!" Pagkaraa'y narinig ko ang animo'y pinag-isang tinig ng maraming tao, parang ugong ng malaking talon at dagundong ng mga kulog. Ang wika: "Purihin ang Panginoon! Sapagkat naghahari ang Panginoon. Ang ating Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Dapat tayong magalak at magsaya. Purihin natin ang kadakilaan niya dahil sa nalalapit na kasal ng Kordero. Nakahanda na ang kasintahang babae. Pinagsuot siya ng malinis at puting-puting lino." Ang lino ay sagisag ng mga mabubuting gawa ng mga hinirang ng Diyos.

### Ang Gagawin Mo

9. Ang tawag ni Pablo kay Cristo ay ...... at ang Iglesya ang kanyang ..........................
10. Saan mo matatagpuan ang wastong lugar mo sa buhay? .......... ..........................
11. Sino ang dapat mauna sa buhay mo? ......................
12. Una nga kaya si Jesus? Paano mo iniaangkop ang iyong sarili sa kanyang katawan? Nagagalak ka bang maging bahagi ng kanyang kasintahang pakakasalan?

**Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon**

Para lubusang makita ang larawan ni Jesus, titingin tayo sa hinaharap at makikita natin Siya sa Kanyang kadakilaan.

**Apocalipsis 1:7,8.** Pakatandaan ninyo! Darating siyang nasa mga alapaap! .... Ako ang Alpha at ang Omega, wika ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Diyos sa kasalukuyan, sa nakaraan, at siyang darating.

Ang Alpha at Omega ay ang una at huling titik sa abakadang Griyego, ang pasimula't wakas. Si Jesus ang Alpha — ang unang kadahilanan, ang pinagmumulan ng katotohanan. Si Jesus din ang Omega — Siya ang magpapatupad ng walang hanggang layon ng Diyos. Aayusin Niya ang lahat ng bagay. Ang kasamaan ay Kanyang susupilin at maghahari Siya magpakailanman bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.

Inilarawan ni Jesus ang maselang kapanahunang iiral bago Siya magbalik. Maraming idinagdag dito ang Apocalipsis: mga digmaan, salot, lindol, taggutom, maruming tubig, pagkamatay ng mga isda, pagkasalanta ng pananim, pagkaalipin dahil sa lalaganap na diktatur̦ya — kamatayan sa lupain.

Salamat sa Diyos, hindi ito ang wakas! Bagama't pinagmumulan ng paghihirap at kamatayan ang kasalanan, tinubos ni Cristo ang marami para maging Kanya at ang lupang ito ang pipiliin Niya upang pagtatagan ng Kanyang kaharian. Si Jesus ang Omega. Siya'y darating na upang angkinin ang sanlibutang Siya rin ang lumikha sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, at Kanyang tinubos ito ng Kanyang dugo.

**Apocalipsis 19:11,13,14,16.** Pagkaraan nito'y nabuksan ang langit, at nakita ko ang kabayong puti. Ang sakay nito'y tinatawag na Tapat at Totoo pagka't matuwid siyang humatol at makidigma. "Salita ng Diyos" ang tawag sa kanya. Sumusunod sa kanya ang mga hukbo ng langit . . . . sa kanyang kasuutan at sa kanyang hita ay nakasulat ang pangalang: "Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon."

**Mateo 24:30, 25:31,32.** "Ang lahat ng bansa . . . . Makikita nila ang Anak ng Tao na nasa alapaap, dumarating na may dakilang kapangyarihan at malaking karangalan. Darating ang Anak ng Tao bilang hari, kasama ang lahat ng anghel, at luluklok sa kanyang maringal na trono. Sa panahong iyon, matitipon sa harapan niya ang lahat ng tao."



**Isaias 11:4,6,9;35:1,5,6,10.** Kundi hahatol siya ng katuwiran sa mga dukha, at sasaway na may karampatan dahil sa maaamo sa lupa . . . . at ang lobo ay tatahang kasama ng kordero . . . . at ang guya, at ang batang leon, at ang patabain na magkakasama, at papatnubayan sila ng munting bata. Hindi sila mananakit o maninira man sa aking buong banal na bundok: sapagkat ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat.
Ang ilang at ang tuyong lupa ay sasaya, at ang ilang ay magagalak, at mamumulaklak na gaya ng rosa. Kung magkagayo'y madidilat ang mga mata ng bulag, at ang mga paki-

nig ng bingi ay mabubuksan. Kung magkagayo'y lulukso ang pilay na parang usa, at ang dila ng pipi ay aawit; sapagkat sa ilang ay bubukal ang tubig, at magkakailog sa ilang.

At ang mga tinubos ng Panginoon ay magbabalik, at magsisiparoong nag-aawitan sa Sion; at walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo: siya'y magtatamo ng kasiyahan at kagalakan, at ang kapanglawan at pagbubuntung-hininga ay mapapaparam.

**Apocalipsis 21:3-5.** "Ngayon ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Mananahan siyang kasama nila, at sila'y magiging bayan nila . . . . At papahirin niya ang kanilang mga luha. Wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit sapagka't lumipas na ang dating mga bagay." Pagkatapos ay sinabi ng nakaupo sa trono, "Ngayon, binabago ko ang lahat ng bagay!"

Sa maikling pag-aaral na ito, di mo maaaring masakop na pag-aralan ang lahat ng tawag kay Cristo at di mo magagawang basahin ang lahat-lahat tungkol sa kanyang kahanga-hangang paghahari. Gayunman, umaasa kaming higit mong nakilala ngayon si Jesus at inibig. Dalangin naming lalo mo siyang makikita bawat araw habang hinihintay natin ang kanyang pagbabalik. At balang araw, sa kanyang pagdating, makikita mo siya nang mukhaan, makikilala ang tunay niyang katauhan, at makakasama ka sa pag-awit ng pagpupuri sa Kordero.

**Apocalipsis** 5:9-13. Inaawit nila ang bagong awit na ito:

Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa kasulatang nakalulon,
At sumira sa mga titik niyon.
Sapagkat pinatay ka, at sa pamamagitan ng iyong kamatayan
Ay tinubos mo para sa Diyos ang mga tao.

Mula sa bawa't lipi, wika, bayan, at bansa.
Ginawa mo silang isang liping maharlika at mga saserdote para maglingkod sa ating Diyos:
At sila'y maghahari sa lupa.

Tumingin akong muli, at narinig ko ang tinig ng libu-libo't laksa-laksang anghel. Sila'y nakapaligid sa trono, sa apat na nilalang na buhay, at sa matatanda. Umaawit sila ng ganito:

"Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, at kalakasan,
Papuri, paggalang at pagdakila!"

At narinig kong nag-aawitan ang mga nilikhang nasa langit, nasa lupa, nasa ilalim ng lupa, at nasa dagat — lahat ng nilikha sa buong sanlibutan:

"Sa kanya na nakaluklok sa trono, at sa Kordero, Sumakanila ang kapurihan at karangalan, kadakilaan at kapangyarihan, Magpakailanman!"

## Ang Gagawin Mo

13. Bago mo gawin ang bahaging ito, balikan mo muna ang unang pahina ng bawat aralin. Sikaping magunita ang natutuhan mo tungkol sa bawat aralin. Madaling basahin ang bawat isa nito at isipin ang halaga sa iyo ng bawat katotohanang taglay nito. Kausapin mo si Jesus tungkol dito.
14. Ngayon, narito ang gagawin mo – ibigay ang tatlong katawagan kay Jesus sa Apocalipsis 19.

    ..........................

    ..........................

    ..........................
15. Ang tanging pag-asa para malutas ang mga problemang pandaigdig ay nasa

    .... a) mas maunlad na pamamaraang siyentipiko

    .... b) pandaigdig na edukasyon.

    .... k) mas mahusay na sistemang pampulitika

    .... d) pagdating ni Cristo bilang Hari.
16. Basahing muli ang bahaging ito. Salungguhitan ang iyong mga paboritong talata sa Biblia.
17. Basahin ang awit patungkol kay Jesus na Kordero. Purihin siya na namatay upang ikaw ay maligtas.

Markahan ang iyong mga sagot.

**Markahan ang iyong mga sagot.**

## Ika-10 Aralin — Mga Sagot

Ang hinihinging impormasyon dito'y 17 lahat. Mula 15 hanggang 17 ay napakahusay; 12 hanggang 14 ay mabuti? 9 hanggang 11 ay katamtaman. Kung wala pang 9 ang nasagot mo nang tama, basahin uli ang aralin.

2. a) pagkilala ng kapamahalaan
3. Mahigit 200.
6. b) Na sundin ang lahat ng kanyang utos.
7. 5-a; 3-b; 4-k; 1-d; 6-e; 2-g.
9. Ulo, katawan
10. Sa pakikiisa kay Jesus.
11. Si Jesus.
14. Tapat at Totoo; Salita ng Diyos, Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.
15. d) pagdating ni Cristo bilang Hari.

Bilang ng mga tamang Sagot . . . . . . Antas . . . . .
Punan ngayon ang tala ng mag-aaral para sa ika-10 aralin.

## Ang Gagawin Mo

ngayon ay handa ka na para sagutin ang huling bahagi ng iyong Tala ng Mag-aaral. Pagbalik-aralan ang mga Araling 6-10. Sundin ang mga alituntunin sa iyong tala.

**ngayon sa pagpapadala mo ng iyong tala ng mag-aaral sa**

**INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE**
**PHILIPPINE NATIONAL OFFICE**
**P.O. BOX 1084, MANILA**

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

# CHRISTIAN LIFE PROGRAM
# TALA NG MAG-AARAL
# PAPEL NG MGA SAGOT 1
# PANGKAT 1

Pamagat ng kurso . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ang iyong Pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ang iyong ICI Number . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
(Huwag sasagutin kung wala ka pang numero ng mag-aaral buhat sa ICI.)

Ang Iyong Address . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Gulang. . . . . . . . . . . . . . . . .Kasarian (Sex). . . . . . . . .

Hanap-buhay . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ilan kayo sa inyong pamilya? . . . . .Ilang taon kang nag-aaral sa paaralan?. . . . . . . . . . .Kung ikaw ay kaanib ng isang iglesia, ano ang pangalan ng inyong iglesia? . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ano ang iyong pananagutan o gawain sa iglesia? . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Paano mo pinag-aaralan ang kursong ito: Mag-isa? . . . Kasama ang pangkat? . . . . . . . .Ano-ano ang mga kurso ng ICI ang iyong napag-aralan na? . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ngayon ay tunghayan ang kabilang pahina at sagutin ang lahat ng mga tanong.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

## MGA TAGUBILIN SA PAGLALAGAY NG SAGOT SA PAPEL NA PAGSASAGUTAN

Sa mga sumusunod na halimbawa ay aming ipakikita sa iyo kung paano ang pagpili ng sagot at paglagay ng sagot sa iyong papel na pagsasagutan. Mayroong dalawang uri ng tanong: TAMA-MALI at MARAMIHANG PAGPIPI– LIAN.

## HALIMBAWA NG TANONG NA TAMA-MALI

Ang mga sumusunod na pangungusap ay maaaring tama o mali. Kung ang pangungusap ay

TAMA – Itiman ang bilog ng ⓐ
MALI – Itiman ang bilog ng ⓑ

1 Ang Biblia ay mensahe ng Dios para sa atin.
Ang nasa itaas na pangungusap, Ang Biblia ay mensahe ng Dios para sa atin ay TAMA, kaya't iyong itiman ang bilog ng ⓐ katulad nito:

1 ● ⓑ ⓚ

## HALIMBAWA NG TANONG NA MARAMIHANG PAGPIPILIAN

Iisa lamang ang tamang sagot sa mga sumusunod na tanong. Itiman ang bilog ng sagot na iyong pinili.

2 Ang ipinanganak na muli ay nangangahulugan ng
a) pagiging bata sa gulang.
b) pagtanggap kay Jesus bilang tagapagligtas.
k) pagpapasimula ng bagong taon.

Ang tamang sagot ay b) pagtanggap kay Jesus bilang tagapagligtas, kaya't iyong lalagyan ng itim ang bilog ⓑ katulad nito:

2 ⓐ ● ⓚ

Ngayon ay basahin ang mga tanong sa 2 pangkat ng iyong tala ng mag-aaral ng mga tanong at lagyan ng sagot ang sagutan sa pangkat katulad ng ipinakita naming halimbawa. Piliin ang iyong sagot at pagkatapos ay itiman ang bilog ⓐ, ⓑ, o ⓚ ayon sa iyong napili.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

# CHRISTIAN LIFE PROGRAM
# TALA NG MAG-AARAL
# PAPEL NG MGA SAGOT 2
# PANGKAT 2

Pamagat ng Kurso ...............................

*Mangyari lamang na sulatan ang mga puwang sa ibaba;*

Ang iyong Pangalan ...........................

Ang Iyong ICI Student Number ..................
(Huwag sasagutin kung wala ka pang numero ng mag-aaral buhat sa ICI.)

Ang Iyong Address o Tirahan ...................
.............................................

## MGA KAHILINGAN PARA SA IMPORMASYON

Ang tanggapan ng ICI sa inyong pook ay malulugod na magpapadala sa iyo ng mga impormasyon sa iba pang kurso at sa katumbas na halaga ng bawat aralin. Maaari mong gamitin ang mga puwang sa ibaba para humiling ng mga nais mong impormasyon.

.............................................
.............................................
.............................................

*Ngayon ay tunghayan ang kabilang pahina at sagutin ang lahat ng tanong.*

## MGA TAGUBILIN SA PAGLALAGAY NG SAGOT SA PAPEL NA PAGSASAGUTAN

Sa mga sumusunod na halimbawa ay aming ipakikita sa iyo kung paano ang pagpili ng sagot at paglagay ng sagot sa iyong papel na pagsasagutan. Mayroong dalawang uri ng tanong: TAMA-MALI at MARAMIHANG PAGPIPILIAN

### HALIMBAWA NG TANONG NA TAMA-MALI

Ang mga sumusunod na pangungusap ay maaaring tama o mali. Kung ang pangungusap ay

TAMA – Itiman ang bilog ng ⓐ
MALI – Itiman ang bilog ng ⓑ

1 Ang Biblia ay mensahe ng Dios para sa atin.

Ang nasa itaas na pangungusap, Ang Biblia ay mensahe ng Dios para sa atin, ay TAMA, kaya't iyong iitiman ang bilog ng ⓐ katulad nito:

1 ● ⓑ ⓚ

### HALIMBAWA NG TANONG NA MARAMIHANG PAGPIPILIAN

Iisa lamang ang tamang sagot sa mga sumusunod na tanong. Itiman ang bilog ng sagot na iyong pinili.

2 Ang ipanganak na muli ay nangangahulugan ng
a) pagiging bata sa gulang.
b) pagtanggap kay Jesus bilang tagapagligtas.
k) pagpapasimula ng bagong taon.

Ang tamang sagot ay b) pagtanggap kay Jesus bilang tagapagligtas, kaya't iyong lalagyan ng itim ang bilog ng ⓑ katulad nito:

2 ⓐ ● ⓚ

Ngayon ay basahin ang mga tanong sa Unang Pangkat ng iyong tala ng mag-aaral at lagyan ng sagot ang sagutan sa pangkat katulad ng ipinakita naming halimbawa. Piliin ang iyong sagot at pagkatapos ay itiman ang bilog ⓐ, ⓑ, o ⓚ ayon sa iyong napili.

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

## TALA NG MAG-AARAL PANGKAT 2 – PAPEL NG MGA SAGOT 2

Itiman ang tamang bilog.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 9 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 17 | ⓐ | ⓑ | ⓚ |
| 2 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 10 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 18 | ⓐ | ⓑ | ⓚ |
| 3 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 11 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 19 | ⓐ | ⓑ | ⓚ |
| 4 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 12 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 20 | ⓐ | ⓑ | ⓚ |
| 5 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 13 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 21 | ⓐ | ⓑ | ⓚ |
| 6 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 14 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 22 | ⓐ | ⓑ | ⓚ |
| 7 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 15 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 23 | ⓐ | ⓑ | ⓚ |
| 8 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 16 | ⓐ | ⓑ | ⓚ | 24 | ⓐ | ⓑ | ⓚ |

Ngayon na nalagyan mo na ng sagot ang tanong, matutulungan mo kami na mapaunlad ang kursong ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong. Mangyari lamang na sabihin sa amin ang iyong tunay na damdamin tungkol sa kursong ito. Bilugan ang titik na naghahayag ng iyong damdamin.

1 Ang mga bagay na tinukoy sa araling ito ay
- a) Lubos na kawili-wili
- b) kawili-wili
- k) bahagyang kawili-wili.
- d) hindi kawili-wili,
- e) nakakawalang-gana.

2 Ako'y natuto
- a) ng maraming-marami.
- b) ng ilan.
- k) hindi masyado.
- d) ng hindi bago.

3 Ang aking natutunan ay
- a) napakahalaga.
- b) mahalaga.
- k) hindi mahalaga.
- d) pag-aaksaya ng panahon.

4 Ang mga araling ito ay
- a) napakahirap.
- b) mahirap.
- k) madali.
- d) napakadali.

5 Sa pangkalahatan, ang mga araling ito ay
- a) napakahusay.
- b) mahusay.
- k) kainaman.
- d) mahina.

6 Gusto mo pa bang kumuha ng ibang kurso na katulad nito?

a) Tiyak na oo.
b) Maaaring oo.
k) Maaaring hindi.
d) Tiyak na hindi.

7 Mangyari lamang na isulat ang isang tiyak na puna (Komentario) tungkol sa mga aralin. . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

MALIGAYANG BATI!

Tapos mo na ang kursong ito. Ikinagagalak naming nakasama ka bilang aming mag-aaral at umaasa kami na ikaw ay mag-aaral pa ng ibang kurso ng ICI. Itong talaan ng mag-aaral na nilagyan mo ng mga sagot ay iyong isauli sa iyong guro o sa opisina ng ICI. Matapos na aming nalagyan ng antas ang iyong mga sagot sa pagsusulit, ito'y ibabalik namin sa iyo at padadalhan ka namin ng isang magandang katibayan o palatandaan na natapos mo ang araling ito para sa iyong magkakasunod na pag-aaral.

Mangyari lamang na isulat sa malalaking titik ang iyong pangalan para sa iyong katibayan/sertipiko ng pagtatapos:

Pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*For ICI Office Use Only*

D. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . SC. . . . . . . . . . . . . . . . .

International Correspondence Institute
P.O. BOX 1084 MANILA, PHILIPPINES 2800

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE

## TALA NG MAG-AARAL PANGKAT I –
## PAPEL NG MGA SAGOT I

Itiman ang tamang bilog.

| | | |
|---|---|---|
| 1 ⓐ ⓑ ⓚ | 9 ⓐ ⓑ ⓚ | 17 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 2 ⓐ ⓑ ⓚ | 10 ⓐ ⓑ ⓚ | 18 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 3 ⓐ ⓑ ⓚ | 11 ⓐ ⓑ ⓚ | 19 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 4 ⓐ ⓑ ⓚ | 12 ⓐ ⓑ ⓚ | 20 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 5 ⓐ ⓑ ⓚ | 13 ⓐ ⓑ ⓚ | 21 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 6 ⓐ ⓑ ⓚ | 14 ⓐ ⓑ ⓚ | 22 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 7 ⓐ ⓑ ⓚ | 15 ⓐ ⓑ ⓚ | 23 ⓐ ⓑ ⓚ |
| 8 ⓐ ⓑ ⓚ | 16 ⓐ ⓑ ⓚ | 24 ⓐ ⓑ ⓚ |

Ngayon na nalagyan mo na ng sagot ang tanong, matutulungan mo kami na mapaunlad ang kursong ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong. Mangyari lamang na sabihin sa amin ang iyong tunay na damdamin tungkol sa kursong ito. Bilugan ang titik na naghahayag ng iyong damdamin.

1 Ang mga bagay na tinukoy sa araling ito ay
a) Lubos na kawili-wili
b) kawili-wili
k) bahagyang kawili-wili.
d) hindi kawili-wili,
e) nakakawalang-gana.

2 Ako'y natuto
a) ng maraming-marami.
b) ng ilan.
k) hindi masyado.
d) ng hindi bago.

3 Ang aking natutunan ay
a) napakahalaga.
b) mahalaga.
k) hindi mahalaga.
d) pag-aaksaya ng panahon.

4 Ang mga araling ito ay
a) napakahirap.
b) mahirap.
k) madali.
d) napakadali.

5 Sa pangkalahatan, ang mga araling ito ay
a) napakahusay.
b) mahusay.
k) kainaman.
d) mahina.

6 Mangyari lamang na isulat ang isang tiyak na puna (komentario) tungkol sa mga aralin:

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Isulat dito ang anumang tanong kaugnay ng aralin na nais mong sagutin ng iyong guro.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

*Ngayon ay muli mong tunghayan ang iyong talaan ng Mag-aaral/Papel Ng Mga Sagot 1 upang matiyak na nasagot mo na ang lahat ng mga tanong. Pagkatapos ay ibalik ito sa tanggapan ng ICI na nasa inyong pook. Ang address ay iyong makikita sa huling pahina nitong talaan ng Mag-aaral. Kung walang malapit na tanggapan ng ICI sa iyong pook, ibalik ang iyong Papel ng Mga Sagot sa address na nakalimbag dito.*

*For ICI Office Use Only*

D. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . SC. . . . . . . . . . . . . . . .

International Correspondence Institute
P.O. BOX 1084 MANILA, PHILIPPINES 2800

# Gusto mo bang. . .

**malaman kung. . .**

- Sino si Jesus?
- bakit Siya sinasamba ng mga tao?
- paano mo Siya higit na makikilala?
- ano ang nais Niyang gawin para sa iyo?
- saan at paano Siya maghahari?

**Kung gayon, sadyang isinulat ang *Sino si Jesus* para sa iyo. Ito'y isang bago at pinalawak na aklat na naging napakapopular at mapakinabang sa maraming bansa.**

**Mawiwili kang mag-aral ng kursong *Sino si Jesus.* Sundin lamang ang mga ipinagagawa at subukan ang iyong sarili habang nag-aaral. Habang isinasagawa mo ang nakatutulong na mga mungkahi rito, matutuklasan mo ang lalong masagana at haigit na maligayang buhay.**

---

Ang simbolong ito ay isang patnubay para sa sunud-sunod na pag-aaral. Ang seryang Christian Life ay hinati sa tatlong yunit na tig-aanim na kurso ang bawat isa. Ang "SINO SI JESUS" ay ika-3 kurso sa Yunit II. Kapag iyong sinunod ang pagkakahanay ng mga kurso, ito ay makapagbibigay sa iyo ng pakinabang.

Maaari mong gamitin ang aklat na ito bilang isang kurso sa pansariling pag-aaral o basahin ito bilang isang aklat sa pansariling kapakinabangan sa iyong pamumuhay Cristiano.

L 3130TA90